h. Inaatasan ang kontraktor na sabihin sa contracting officer sa lalung madaling panahon, ngunit hindi mas matagal sa apat na oras, pagkalipas ng anumang WHE accident. (Tingnan ang kahulugan sa seksiyon 12.) Inaatasan na ang kontraktor ay i-secure ang pinangyarihan ng aksidente at protektahan ang ebidensya hanggang hindi binigyang permiso ng contracting officer. Inaatasan ang kontraktor na magsagawa ng imbestigasyon tungkol sa aksidente para malaman ang dahilan (mga). Ititigil ang mga kreyn operasyon hanggang malaman ang tunay na dahilan at mga pagtutuwid na aksyon ay dapat ipatupad sa kasiyahan ng contracting officer.

i. Inaatasan ang kontraktor na magbigay sa contracting officer sa loob ng 30 araw mula sa pinangyarihan ng aksidente, ang isang Crane and Rigging Gear Accident Report at gagamitin ang pormang tinukoy sa seksiyon 12 na binubuo ng buod ng mga pangyayari, isang paliwanag ng dahilan (mga), mga litrato (kung mayroon), at pagtutuwid ng mga aksyong nagawa. Ang mga notification at reporting requirements ay karagdagan sa mga ipinatutupad ng OPNAVINST 5100.23 at mga kaugnay na command instructions.

j. Inaatasan ang kontraktor na mag-patunay na ang mga signal person na gagamitin sa konstruksiyon ay kuwalipikado ayon sa 29 CFR 1926.1428.

Ang host activity ay magsiseguro na ang mga kontratang nakapaloob sa mga pangangailangan sa itaas, ay magkaisa sa contracting officer's oversight plan (Talata 1.7.2.2), maiseguro na ang oversight plan ay ipinatutupad, at magbigay ng pangnangasiwa sa mga imbestigasyon ng kontraktor sa aksidente at pagtutuwid ng mga gawaing taliwas.

1.7.2.1 <u>Karagdagang mga Pangangailangan Sa Mga Tower Cranes.</u> Mga tower cranes na ginagamit ng kontraktor sa konstruksiyon ay kinakailangang sumunod sa mga karagdagang requirements ng CFR 1926.1435. Ang sumusunod na karagdagang

dokumento ay kinakailangan sa mga tower kreyns para sa mg kontraktor (sa mga kreyn na tinukoy sa ASME B30.3).

a. Disenyo at pangangailangan ng pundasyon.
b. Mga instruksiyon sa pag-instol.
c. Mga instruksiyon sa pagkumpuni at pagkalas kasama na ang pagakyat/pagtalon kung naaangkop.
d. Operating manual, mga limitasyon, at mga pag-iingat/precaution.
e. Pana-panahong inspeksyon at pangangailangan sa pagmamantine.

1.7.2.2 Mga Responsibilidad ng Contracting Officer.

a. Isasama ng contracting officer ang minimum requirements sa Talata 1.7.2 at 1.7.2.1 sa mga kontraktor kreyn na may kontrata, maiseguro ang pagsunod sa mga contract requirements, magbigay ng pangangasiwa ng contractor crane at rigging operations, at magbigay ng pangangasiwa at pagsisiyasat sa mga aksidente at mga pagtutuwid sa mga taliwas na pagkilos. Ang antas ng pangangasiwa ay batay sa mga peligro o panganib sa mga Government personnel at ari-arian. Nakalagay sa Apendiks P, Pigura P-2, ang checklist na gagamitin sa pangangasiwa sa contractor crane at rigging operations. Ang host activity ay makikiisa sa oversight plan. Mga kopya ng appendix P, figure P-2, ay itatago sa file ng isang taon.

b. Ang contracting officer ay abisuhan ang host activity sa anumang WHE accident sa abiso ng mga kontratista. Bukod pa rito, ipapaalam ng contracting officer sa Navy Crane Center ang isang aksidenteng kinasangkutan ng isang namatay, nai-hospital, bumaliktad na kreyn, nag-collapse na boom, o iba pang malaking pinsala sa kreyn o sa malapit na ari-arian sa lalong madaling panahon, kung maaari ay sa loob ng 24 oras ng abiso ng kontraktor. Sa mga iba pang aksidente, ipa-alam sa Navy Crane Center sa lalong madaling panahon pero hindi mas matagal sa tatlong araw pagkatapos ng aksidente.

c. Magbibigay ang contracting officer sa Navy Crane Center at host activity ng ulat ng bawa't accident report, hindi alintana ang kalubhaan, sa oras na natanggap mula sa kontraktor. Ang mga pangangailangang ito ay dagdag sa anumang notification at reporting requirements nakasaad sa OPNAVINST 5100.23 at command instructions. Kung ang contracting office ay wala sa local area, magtatalaga ang contracting officer ng isang local representative na magsiseguro na masunod ang mga pangangailangang nakasulat sa itaas.

1.7.3 WHE na Pagmamay-ari ng Ibang Military Service at Ibang Government Agencies. Kung mga tauhan ng Navy ang nagpapatakbo sa mga WHE na pagmamay-ari ng ibang services o agencies sa mga Navy activities, kasama ang mga Navy activities sa bases ng ibang military services at agencies, ang WHE ay mamantinehin, susuriin, iinspeksyunin, at ise-certify batay sa publlikasyong ito. Ang pagsasanay, paglilisensiya, at pangangailangan sa operayon na nakasaad sa publikasyong ito ang masusunod.

Kung saan ang WHE owned at operated ng ibang military services at agencies ang ginamit sa pagsuporta ng Navy operations, ang activity commanding officer ang magtatalaga at magpapatupad ng tuntunin para maiseguro ang ligtas na operasyon ng kagamitan. Kasama sa tuntunin na ito ang minimum, na mga requirements na nakasaad sa Talata 1.7.2 para sa mga contractor operated cranes.

1.8. WHE sa mga Joint Bases. Mga WHE na ginagamit ng mga tauhan ng Navy sa mga Navy activities ng mga joint bases ay minamantine, ini-inspeksiyon, sinusubok, binibigyang katunayan batay sa publikasyong ito. Mga WHE na ginagamit ng ibang military service na ibinigay na sa Navy, o kung saan ang Navy ang mag i-inspeksyon, magmamantine, magsusubok, at magpapatunay, ay kailangang ma-mantine, masubok, ma-certify batay sa publikasyong ito sa kanilang susunod na regular na nakaiskedyul na inspection/maintenance period, pero hindi mas matagal sa isang taon mula sa turnover o full operational capability (FOC). Ang mga tauhan ng ibang military services na nag- operate, o gumagawa ng rigging sa WHE maintained at certified ng Navy ay masasanay at maka-qualify batay sa, at susunod sa operational requirements ng publikasyong ito. Ang talatang ito ay hindi sasaklaw sa Army o Air Force mobile tactical WHE.

Kung saang ang WHE owned at operated ng ibang military services at agencies bilang sumusuportang bahagi ay gagamitin sa pagsuporta ng Navy operations, ang activity commanding officer ng mga sumusuportang bahagi ay magtatalaga at magpapatupad ng isang tuntunin para maiseguro ang ligtas na operasyon ng paagamit sa equipment. Kasama sa tuntuning ito bilang minimum, ang mga pangangailangang nakasaad sa Talata 1.7.2 para sa mga contractor operated cranes.

1.9 Hindi Pagmamay-ari at Pinapatakbo ng Navy ng mga WHE Inspected, Maintained, Tested, o Certified ng Navy Personnel. Kung saan ang Navy personnel ang nagi-inspeksiyon, nagmamantine, nagsusubok, at nagce-certify, sa mga hindi pagmamay-ari at ginagamit ng Navy na mga WHE, susundin ng mga ito ang mga pangangailangan sa seksiyon 1, 2, 3, 5, 11, 12, 13, 14, at mga nauugnay na Apendises bilang minimum.

1.10 Record Formats. Mga halimbawa ng mga pormat sa publikasyong ito ay nagpapakita ng pinakamaliit na impormasyong kinakailangan upang panatilihin ang rekord. Mga activity generated forms ay maaaring palitan, kung isasama ang impormasyong kailangan. Maaaring magtanggal ng mga bagay sa sample forms kung ang mga aktibidades ay hindi naaangkop sa equipment na nasabi. Ang lokal na pagpaparami ng mga porma ay pinapayagan.

1.11 Mga Audit at Paga-assess ng Sarili/Self-Assessment. Tulad ng direksiyon ng SECNAVINST 11260.2, audits ng mga programa ukol sa weight handling sa mga operasyon ng Navy sa mga pampang ay gagawin sa mga takdang panahon ng Navy Crane Center alinsunod sa Navy Crane Center Instruction 11200.33. Ang mga aktibidades ay gagawa ng self-assessment at ibibigay ang mga resulta sa Navy Crane Center humigit- kumulang 30 araw bago sa pag-audit. Ang mga commands ay dapat

magkatugma sa mga sagot at pagtutuwid na aksyon resulta sa mga audit kasama ang kanilang field activities.

1.12 Mga Pamamaraan ng Pagpapatupad. Ang mga aktibidades ay kailangang magbuo ng mga pamantayang nakasulat na mga pamamaraan para sa pamamahala ng isang programa sa weight handling na magpapatupad ng mga dapat na alituntunin o pangagailangang nakalahad sa publikasyong ito.

1.13 Request para sa Klaripikasyon, Lihis, o Rebisyon. Requests sa klaripikasyon, lihis, o rebisyon sa manual na ito ay naka dokumento kung gagamit ng "Request for Clarification, Deviation, or Revision," (RCDR) Pigura 1-1. Naaangkop na mga sanggunian, mga kalakip, background, at dahilan sa request ay dapat ibigay. Maaaring gamitin ang porma para humiling ng mga klaripikasyon, lihis, o mga rebisyons sa Crane Safety Advisories, Equipment Deficiency Memoranda, at ibang mga direktibang galing sa Navy Crane Center. RCDRs na ibinigay bago sa petsa ng publikasyon ng rebisyon ng NAVFAC P-307 na nagbibigay ng mga klaripikasyon o pangkalahatang mga interpretasyon ay ibibilang ng inalis liban sa mga bagay na nasa Navy Crane Center's web site (https://portal.navfac.navy.mil/ncc). Mga RCDRs na ibinigay para sa minsanang mga deviation o partikular na equipment ay mananatiling may bisa. Kung saan ang mga naangkop, mga dating RCDRs ay naisama sa dokumentong ito. RCDRs na nakalagay sa Navy Crane Center's web site ay magagamit sa lahat ng mga aktibidades.

APLIKASYON SA PAGKUHA NG PAGLILINAW AT MGA PAGBABAGO

TSEKIN ANG NARARAPAT NA KAHON		**KLARIPIKASYON**		**PAGLIHIS**		**REBISYON**

ACTIVITY	***ACTIVITY REQUEST NUMBER***

WHE NUMBER	**MANUFACTURER**	**SPS KREYN** **OO_____** **HINDI____**

PAKSA

INIHANDA NI	**TELEPONO** **E-MAIL**	**FAX**	**PETSA**
INAPRUBAHAN NI	**TELEPONO** **E-MAIL**	**FAX**	**PETSA**
CONTRACTING OFFICER'S REPRESENTATIVE (KUNG INIHANDA AT INAPRUBAHAN NG KONTRAKTOR)	**TELEPONO** **E-MAIL**	**FAX**	**PETSA**

SANGGUNIAN(MGA) /REFERENCES
KALAKIP (MGA)
LAYUNIN
KARANASAN / *BACKGROUND*
DISKUSYON
HILING / REQUEST

SAGOT NG NAVY CRANE CENTER

CONTROL NUMBER NG NAVY CRANE CENTER			
INIHANDA NI	**TELEPONO**	**FAX**	**PETSA**
INAPRUBAHAN NI	**TELEPONO**	**FAX**	**PETSA**
	DSN		

PATNUGOT SA PAGGAMIT NG APLIKASYON SA PAGKUHA NG PAGLILINAW AT MGA PAGABABAGO

Ang pormang ito ay dinisenyo para sa pagpapadala ng fax na walang cover page o sa pamamagitan ng email, at may mga kalakip at mga pirma, ang magiging opisyal na dokumento. Electronic na pagsusumite ay tatanggapin kahi't walang mga pirma nguni't kailangang isulat ang mga pangalan ng gumawa at ang nagapruba. Ang e-mail address ay m_nfsh_ncc_rcdr@navy.mil. Ang fax number ay (757) 3961772.

1. Klaripikasyon, Paglihis, o Rebisyon: Lagyan ng tsek ang naaangkop na bloke.

2. Aktibidad: Ilagay ang Standard Navy Distribution List (SNDL) plain language address (PLA) at unit identification code (UIC) sa iyong aktibidad.

3. Hinihiling numero sa aktibidad: Sundin ang sumusunod na format sa pagsulat ng iyong activity request number: UIC-FY-000 halimbawa, ang unit identification code mo, gatlang, ang kasalukuyang fiscal year, gatlang, at sunod-sunod na numero ng request sa iyong activity (gamitin ang apat na digit).

4. WHE Number: Maliwanag Na, kundi, markahan ng "N/A" kung hindi tukoy sa *WHE*.

5. Manufacturer: Maliwanag Na, kundi, markahan ng "N/A" kung hindi tukoy sa *WHE* .

6. SPS Kreyn: SPS na tinukoy sa NAVSEA 0989-030-7000. Kundi, markahan "N/A" kung hindi tukoy sa WHE.

7. Paksa: Ilagay ang talata o ibang bahaging tinukoy sa manual.

8. Inihanda ng: Maliwanag Na.

9. Inaprubahan ng: Maliwanag Na.

10. Kinatawan ng Contracting Officer: Kung ang hiling ay hinanda at inaprubahan ng contractor, ilagay ang pagsang-ayon ng kinatawan ng *contracting officer*.

11. Sanggunian/Reference(s): Isulat ang nauugnay na *references.*

12. Kalakip (mga): Ilista ang mga kinakailangang kalakip.

13. Layunin: Isulat sa isa o dalawang maikling pangungusap ang layunin ng iyong *requests.*

14. Kasaysayan/Background: Isulat ang background o dahilan na nagtulak sa iyong kahilingan.

15. Diskusyon: Isulat ang makatwirang-paliwanag sa iyong kahilingan.

16. Hiling/Request: Isulat ang partikular na hiling.

17. Sagot ng Navy Crane Center, atbp.: (Nakalaan para sa Navy Crane Center).

SEKSIYON 2
PAGMAMANTINE

2.1 Inspeksiyon sa Pagmamantine / Maintenance. Maintenance inspections ay gagawin kung gaano kadalas at susundin ang mga detalyeng nakasulat sa seksyong ito. Mga tauhan na gagawa nito ay nasanay at kwalipikado bilang inspektors batay sa seksiyon 13. Sa kabuuan, mga inspeksyon ay ang pagobserba sa pagtakbo ng tinukoy na bahagi at mga parte bago, habang, at pagkatapos ng operasyon. Gagamitin ang paningin, pandinig, paghawak, at, kung kailangan, mga gamit, di-nakakasirang pagsusuri, at pagkakalas.

Bibigyang importansya habang inspeksyon ang paninigurado ng maximum na kaligtasan sa paraang pagmamantine ng lahat ng parteng nagdadala ng bigat at bahaging nagkokontrol ng bigat at mga gumaganang aparato sa kaligtasan sa isang ligtas at maayos na kundisyon. Ang inspektor ang magsasabi kung ang isang kakulangan ay isang malaking pinsala (halimbawa, sira ng mga parte na nagdadala o nagkokontrol ng bigat o aparatong pangkaligtasan na makakapigil sa isang ligtas na operasyon o babawas ng mga parteng ito sa kanilang kakayahang magdala o magkontrol ng bigat.). Hindi dapat aasa ang mga inspektor sa kalkulasyon o tantiya o sa kanilang desisyon kung ito ay may pagdududa sa kanilang isipan ukol sa problemang kundisyon ng mga parte. Ipaalam agad sa activity engineering organization at kung kailangan, sa opisyal na nag-certify para maresolbahan ang mga problema sa mga kundisyon ng mga parteng nagdadala o nagkokontrol ng bigat. Ang organisasyon sa pag-iinspek ang titingin sa pinsala kung walang activity engineering organization at ang certifying official ang magaapruba ng solusyon.

Ang pagmamantine ng bahagi ng kreyn sa mga floating cranes ay alinsunod sa publikasyong ito. Pagpapanatili sa mga barge ay alinsunod sa OPNAVINST 4790.4 o ang barge OEM's maintenance manuals at recommendations. Dokumentasyon ng barge maintenance ay kailangan at mapanatili sa loob ng minimum na dalawang taon (kasalukuyang taon kasama ang nagdaang taon).

2.1.1 Mga Pinsala/Deficiencies. Kasama dito ang hindi paggana o kapalpakan ng makinarya, hindi tamang engineering, inspeksiyon, o pagmamantine na mga paraan, at malaki o hindi ligtas na pagkakaiba ng mga design drawings at equipment configuration. Hindi kasama dito ang normal na pagkakarupok ng makinarya. Sa mga pagkakataong iyon kung may nakitang pinsala na sumasaklaw sa ibang Navy activities, ipapaalam sa Navy Crane Center sa lalong madaling panahon, nguni't hindi mas matagal sa loob ng limang araw pagkatapos malaman ito. Isang *summary report* ng *deficiency*, kasama ang pagwawastong aksyon o rinekomenda, ay dapat ibigay sa Navy Crane Center sa loob ng 21 araw. Pigura 2-1 ay gagamitin sa report ng *deficiency* sa Navy Crane Center. Deficiencies (at pagwawastong mga aksyon) sa mga parteng nagdadala at nagkokontrol ng bigat at mga aparatong pangkaligtasan ay dapat maidokumento at mailagay sa equipment history file.

2.2 Mga Spesipikasyon sa Inspeksyon. Mga spesipikasyon sa maintenance inspection ay tinukoy sa Apendiks C at D sa mga kreyn sa kategoryang 1, 2, at 3. (Tingnan ang seksiyon 1 sa kategorya ng mga kreyn). Sinasabi dito ang uri ng inspeksyon. (A, B, C, o annual), ang mga bahagi at parte na iinspeksiyunin, at ang gagawin sa inspeksyon. Ang lawak ng pagkakalas ay isusulat. Bawa't gagawin ay magbubuo ng Maintenance Inspection Specification at Record forms base sa mga sample formats na ipinakita sa Apendiks C at D. Sa mga kakaibang bagay na hindi saklaw, karagdagang inspeksyon ang gagawin. Inspection specifications sa mga kreyn sa kategoryang 4 ay gagawin ng activity base sa naaangkop na parte ng Apendiks C at bilang nirekomenda ng OEM. Ang naaangkop na taunang maintenance inspection record ay isasama sa certification form na isusumite sa certifying official.

2.2.1 Data Sheets ng Spesipikasyon. Isasama ng bawa't activity sa mga spesipikasyong nakasulat sa itaas ang mga specification data sheets. Kasama sa mga ito ang lahat ng guidance at technical information na kailangan ng mga inspektor sa pagsusuri ng pudpod, pagsasaayos, settings, at tolerances habang ginagawa ang inspeksiyon. Ang inpormasyong ito ay nahango sa OEM's technical manuals, karanasan sa pagmamantine, at ibang may kapangyarihang technical sources. Maliwanag na tutukuyin ang mga lokasyon na pang sukat sa pagpapatunay ng mga settings.

2.2.2 Karagdagang Impormasyon sa Sebisyo ng OEM's. Ang mga tagagawa, lalo na ng mga mobile cranes, ay madalas maglabas ng impormasyon (halimbawa, "service bulletins") pangkasalukuyan at dagdag sa maintenance manual na naisama sa kreyn. Karamihan sa impormasyon ay tungkol sa pagmamantine ng kreyn. Ang activitiy ay kokontak sa OEM o authorized distributor ng supplemental service information na naaangkop sa mga kreyn at, kung praktikal, ay idagdag sa OEM's distribution list para sa naturang impormasyon.

2.3 Inspeksiyon at Pagwawastong Aksiyon. Maintenance Inspection Specification at Record forms ay gagamitin para mairekord ang mga kondisyon sa bawa't inspeksyon at kailangang isampa sa kasaysayan ng mga kagamitan o equipment history file.

Lahat ng mga gagawin, kasama na ang mga bahagi sa pagkalas at pagbuo kasama ang pangkalas at pagbuo para sa inspeksiyon ayon sa Apendiks C at D, ay kailangang maidokumento sa isang shop repair order o ibang *work document* (hindi kasama dito ang pag-aalis at pagpapapalit ng inspection covers). Mga dokumento ukol sa pangungumpuni, pagpapapalit, pagkalas, pagpapapalit, o adjustment sa load bearing parts, load controlling parts, at operational safety devices ay kailangang ma-*review* ng inspektor o *engineer* bago simulan ang trabaho. Maliwanag na ipapakita ng *work documents* ang trabahong gagawin, kasama ang pagpapalit ng mga parte na isasalpak, in-process inspection requirements para sa mga bagay kung saan ang inspeksyon ay hindi praktikal matapos ang trabaho at kailangang sabihin ang mga naaangkop na test requirements. Kung ang pagpapalit ay binanggit, ang work document ay tutukoy sa naaangkop na alteration number at ang klase ng pagpapalit. Ang mga bahagi na aayusin o papalitan ay tutukuyin base sa specific subsystems (halimbawa, main hoist motor sa gearbox coupling) o lokasyon (halimbawa, hydraulic return hose sa kaliwang

rear outrigger jack). Liban sa mga kreyn na kasalukuyang dumadaan sa annual inspection at load test, ang work documents ay tutukoy kung kailangan ang re-certification o hindi.

Bago gawin ang maintenance o repairs sa mga kreyn, ang mga sumusunod na pag-iingat ay kailangang gawin. (Tingnan ang seksiyon 11 sa tagging and lockout requirements.)

a. Ang kreyn na aayusin ay ilalagay sa isang lokasyon kung saan hindi ito makakasagabal sa ibang kreyn at mga operasyon sa lugar na iyon, at masigurado ang ligtas na paggalaw ng mga tauhang tumatrabaho sa kreyn.

b. Dapat naka "off" lahat ang mga controllers.

c. Ang mga stored energy o naka-imbak na enerhiya ay makokontrol batay sa *activity's lockout/ tagout* na pamamaraan

d. Babala ng mga palatandaan o mga harang ay ilalagay para ma-alertuhan ang mga tauhan sa lugar ng *maintenance work* na ginagawa.

e. Kung may ibang mga kreyn na umaandar sa parehong paliparan, mga rail stops o iba pang mga angkop na paraan ay ilalagay upang maiwasan ang pagkagambala sa hindi tumatakbong kreyn.

Matapos ang pagsasaayos ay ginawa, hindi ibabalik ang kreyn sa serbisyo hanggang lahat ng *guards* ay muling naikabit, safety devices ay gumaganang muli at tinanggal ang lahat ng gamit sa pagmamantini.

2.3.1 Mga Parteng Pangpalit. Ang mga ipapalit na parteng pambuhat at pagkontrol ng bigat at aparatong pangkaligtasan ay kailangang pareho sa orihinal na disenyo. Kung kinakailangan palitan ang mga materyal o disenyo ng *configuration*, dapat itong mai-refer sa activity engineering organization para sa solusyon.

2.3.2 Inspeksyon ng Trabaho. Pagsasaayos, pangungumpuni, at pagpapapalit ng mga parteng pambuhat at pagkontrol ng bigat o aparatong pangkaligtasan ay dapat ma-inspek (kasama ang *in-process inspections* kung kinakailangan). Kasama dito amg isang operational test kung nararapat. Pipirmahan ng inspektor ang work document para mapagtibay na ang trabaho ay maayos na ginawa.

2.3.3 Pansamantalang Pagpapatigil/*Deferral* ng Trabaho Habang May Taunang *Inspections/Certifications*. Kailangang maayos ang mga malalaking sira bago gawin ang taunang sertipikasyon liban lang kung ang partikular na sistema ay wala sa serbisyo at/o hindi ilalagay sa serbisyo (halimbawa, ang bridge crane na may *main* hoist sa auxiliary hoist ay hindi mase-certify). Kung hindi praktikal na tapusin ang ibang trabaho sa mga load bearing at load controlling parts at operational safety devices, ang trabaho ay maaaring pansamantala na ipapatigil kung may approval ang certifying official. Ibigay dapat ang teknikal na dahilan kung bakit. Ang trabahong na-*defer* o pansamantalang pinatigil ay dapat matapos bago gawin ang susunod na

annual certification liban lang kung may inaprubahan ang certifying official na kailangan pa ng mas matagal na *deferral* (*deferred work* ay hindi kailangan matapos bago sa susunod na certification kung ang *system* ay wala sa serbisyo).

2.4 Mga Uri ng *Maintenance Inspection* at Gaano Kadalas. Mga routine inspections ay gagawin batay sa *schedule* at gagawin sa mga iba't ibang mga kategorya ng kreyn (tinukoy sa seksiyon 1) na sumusunod. (Taunang maintenance inspections at Type "B" maintenance inspections ay gagawin kasama sa annual certification.)

2.4.1 Mga Kreyn sa Kategoryang 1 at 4. Maaaring makapili ang activity kung ang maintenance inspections ay ibabatay sa oras ng pag-*ooperate* ng makina (o *electrically energized hours* sa *cranes* na walang *main engine*) na naitala sa hour meter sa *main engine* o *main power source*, o time intervals sa buwan sa kalendaryo (ang *scheduling basis* ay maaaring magkakaiba sa mga kreyn ng parehong uri). Ang *schedule* ang magsasabi sa isa o alinman sa mga kriteriang ito (hindi kung sino ang mas matagal nangyari). Ang batayan ng pagiiskedyul (oras na metro o buwan sa kalendaryo) ay isusulat sa *equipment history file* ng kreyn. Ang type "B" inspection ay gagawin bago gawin ang pagbabago.

2.4.1.1 Tinukoy na Uri at Gaano Kadalas.

a. Type "A" Inspection (Apendiks C). Base sa buwan ng kalendaryo - bawa't 4 buwan sa kalendaryo (plus 10 araw) pagkatapos ng *certification*. Base sa metrong oras- bawa't 500 oras na pag-ooperate ng engine (plus 50 operating oras).

b. Type "B" Inspection (Apendiks C). Base sa buwan ng kalendaryo- sa bawa't pangatlong inspeksyon ng type "A". Base sa metrong oras - bawa't 2,000 oras na pag-ooperate ng *engine* (plus 200 operating oras), liban kung may gagawin na type "B" inspection kada isang taon bilang minimum.

c. Type "C" Inspection (Apendiks C). Base sa buwan ng kalendaryo - sa bawa't pangatlong inspeksyon ng type "B". Base sa metrong oras - bawa't 8,000 oras na pag-ooperate ng engine (plus 800 operating oras), liban kung may gagawin na type "C" inspection kada anim na taong certification bilang minimum.

Tandaan: Kasama sa type "B" inspection ang lahat ng bagay na tinukoy sa type "A" inspection. Kasami din sa type "C" inspection ang lahat ng bagay na tinukoy sa type "A" at "B" inspections.

2.4.2 Mga Kreyn sa Kategorya 2 at 3. Isang taunang inspeksiyon ng mga bagay na tinukoy sa Annual Maintenance Inspection Specification at Record (Apendiks D).

2.5 Pagpapadulas/Lubrication at Servicing. Karagdagan sa inspection specifications na tinukoy sa Talata 2.2, bawa't *activity* ay bubuo ng local instructions, at *schedule* at gagawa ng lubrication at servicing. Activity at karanasan ng Navy sa paggamit sa kreyn ay pwedeng maging basehan sa pagbabago ng OEM recommended programs. Pagbabago ng OEM recommended programs ay dapat aprubahan ng activity

engineering organization. Kung saan ang Navy's 3M program (OPNAVINST 4790.4) ay ginagamit sa mga shore-based cranes, isasama sa programa ang lahat ng OEM requirements sa partikular na maintenance requirements cards ng kreyn.

2.5.1 Pagpapadulas/Lubrication. Ang lubrication instructions ay binubuo na gamit ang OEM manuals at instructions bilang gabay kung kailangan. Partikular na atensyon ay itutuon sa kadami ng lubrication na idadagdag sa tinakdang oras at maiseguro na kumalat ang lubricant, lalo na sa mga lugar na may small rocker motion (halimbawa, gudgeon o horizontal equalizer pins) o malalaking diameter na bearings (halimbawa, slewing ring bearings). Madalas na nakakasama ang sobrang lubrication at kailangang iwasan. Ang bagong makinarya, kahi't na-lubricate ng OEM, ay kailangan ma-check kung sapat ang lubricant bago ilagay sa serbisyo. Mga bahagi na may lubrication sa bago o inayos na makinarya ay kailangang ma-check upang mapatunayang ito ay may lubricant at wastong pagkakakumpuni. Lubrication instructions ay babawas sa maraming beses na paglalagay ng iba't ibang lubricants. Maksimum na pagamit ng inventories sa kasalukuyang ginagamit na lubricant ay gagawin. Bibigyang konsiderasyon ang madalas na pagiikot ng mga lahat na parteng gumagalaw sa mga kreyn na hindi ginamit sa mahabang panahon mula ng ginamit para maiwasan ang blown seals at seized o kinalawang na mga parte.

2.5.2 Servicing. Mga spesipikasyon sa Servicing ay gagawin na gagamitin ang OEM manuals at instructions sa lahat ng mechanical at electrical equipment na kumakailangan ng periodic adjustments, tune ups, repairs, o alignments, katulad ng brakes, clutches, engines, electrical at electronic control systems at individual devices, sa mga katulad na systems at components. Kung hindi magagamit ang OEM manuals at instructions o walang sinasabi ukol sa requirements at standards na gagamitin, ang pambansang pang-industriyang pamantayan at pinagkaisahang pamantayan ay magsisilbi bilang mga minimum na mga kinakailangan.

2.5.3 Pagdodokumento/Documentation. Ang mga ginawang lubrication at servicing ay dapat isulat sa SRO, Operator's Daily Checklist, o ibang dokumento kung naaangkop. Ang dokumentasyon o pagtatala ng mga pagkilos na ito ay panatilihin sa equipment history file o kasaysayan ng mga kagamitan.

2.5.4 Ginawang Inspeksyon/Inspection Action. Ang mga inspektors ay magsagawa ng ng isang detalyadong pagsusuri ng pagpapanatili ng mga tala o maintenance records ng makinarya habang ginagawa ang tinukoy na inspeksiyon para maiseguro na ang lubrication at servicing ay ginagawa ng tama batay sa mga susundin.

2.6 Pansamantalang Pagpapaliban ng Maintenance Inspections, Lubrication, o Servicing. Kung may di-inaasahan o ibang biglang maaaring mangyari na kundisyon bukod sa napapanahong pagtatapos ng isang inatas na maintenance inspection o lubrication at schedule ng servicing, maaaring iutos ng certifying official ang deferral ng inatas na maintenance inspection (o bahagi ng maintenance inspection), lubrication, o servicing. Teknikal na pagbibigay dahilan ay dapat ibigay bago payagan ang deferral. Nakasulat ang deferral at ang dahilan at dapat nakasulat sa equipment history file. Kung ang sertipikasyon ng kreyn ay extended alinsunod sa Talata 3.5.1, hindi na

kailangan ang isinulat na deferral request ng maintenance inspection at/o lubrication at servicing schedule. Deferred maintenance inspections, lubrication, o servicing ay kailangang tapusin kapag ang anumang di-inaasahang kundisyon ay nabigyan ng solusyon.

2.7 Mga Alituntunin/Procedures sa Pagmamantine ng Microprocessor Controlled Crane Systems. Mga operasyon na may microprocessor controlled crane systems na isinama ang user programmable software at o firmware ay bubuo ng nakasulat na mga alituntunin ukol sa pamamahala ng kanilang software at o firmware. Sasabihin dito ang pagkontrol ng files, revision controls kasali na ang pagbibigay ng pangalan/tatak ng files, listahan ng mga parametro, kasalukuyang settings ng programmable parameters, ang pinapayagang saklaw na disenyo ng kreyn ng programmable parameters, procedures sa pag- upload/download ng files at/o pagpapalit ng programmable parameters, at security procedures.

REPORT SA DEPEKTO NG *WEIGHT HANDLING EQUIPMENT*

AKTIBIDAD:		**NUMERO NG REPORT SA DEPEKTADO:**	
PAKSA:			
INIHANDA NI :	**TELEPONO:**	**FAX o EMAIL:**	**PETSA:**
INAPRUBAHAN NI :	**TELEPONO:**	**FAX o EMAIL:**	**PETSA:**
***CRANE O EQUIPMENT ID*:**	***MANUFACTURER*/TAONG GINAWA:**		***SPS CRANE*** **Oo__Hindi__**
***MODEL/SERIAL NUMBER*:**		**KAPASIDAD/URI:**	
NAGRESULTA SA AKSIDENTE: **OO** **HINDI**	**URI NG AKSIDENTE :**		

GINAWA ANG REPORT NA ITO DAHIL SA:

DEPEKTO NG PARTENG NAGDADALA/NAGKOKONTROL NG BIGAT *OPERATIONAL SAFETY DEVICE / DIESEL ENGINE – GENERATOR SET*
DEPEKTO AYON SA SEKSIYON 14 NA NAKAKA-APEKTO SA KALIGTASAN
PAGKAKAIBA SA DRAWING/DISENYO
IBA PANG IMPORTANTENG DEPEKTO

PAGSASALARAWAN NG DEPEKTO (ISAMA ANG *MANUFACTURER'S PART NO., FEDERAL STOCK NO.,* ATBP*.):*

MAAARING DAHILAN:

PAGWAWASTONG AKSYON NA GINAWA/REKOMENDASYON:

GAMIT NG *NAVY CRANE CENTER*: NAVY CRANE CENTER Control	Numerong Kontrol
CSA ISSUED ***RESPONSE TO ORIGINATOR (IF REQUESTED)*** ***EDM ISSUED*** ***MANDATORY CRANE ALT ISSUED***	**WALANG AKSYONG KINAKAILANGAN**
REMARKS (PAGLILIWANAG NG TSINEKANG MGA KAHON SA ITAAS):	

PIGURA 2-1 (1 of 2)

GABAY SA PAGGAWA NG WEIGHT HANDLING EQUIPMENT DEFICIENCY (DEPEKTO) REPORT

Ang form na ito ay ginawa para sa pagpapadala ng fax na walang *cover page* o e-mail at, may kasamang kalakip na pirma, ay ang opisyal na dokumento. Tatangapin ang *electronic submission*, kahi't walang pirma pero ilagay ang mga pangalan ng naghanda at nagapruba. Ang e-mail m_nfsh_ncc_whedr@navy.mil. Ang fax number ay (757) 3961772.

1. Activity: Ilagay ang Standard Navy Distribution List (SNDL) plain language address (PLA) at unit identification code (UIC) sa iyong *activity.*
2. Deficiency Report Number: Ilagay ang *deficiency report number* mula sa iyong activity susundin ang sumusunod na format*: UIC-FY-000* halimbawa, iyong *unit identification code*, gatlang, kasalukuyang taon, gatlang, at ang deficiency report number ng iyong *activity* ayon sa pagkakasunod-sunod (gamitin ang apat na digits).
3. Paksa: Ilagay ang parte ng e*quipment*/bahagi kung naaangkop.
4. Inihanda ni: Ilagay ang pangalan at code ng taong naghanda ng report.
5. Telepono: Ilagay ang numero ng phone number (DSN at commercial) ng taong naghanda ng report.
6. Fax: Ilagay ang fax four-digit extension ng taong naghanda ng report.
7. Petsa: Ilagay kung kailan ihinanda ang report.
8. Inaprubahan ni: Ilagay ang ngalan at *cod*e ng taong umapruba sa report.
9. Telepono: Ilagay ang numero ng phone number (DSN at commercial) ng taong umapruba ng report.
10. Fax: Ilagay ang fax four-digit *extension* ng taong umapruba sa report.
11. Petsa: Ilagay kung kailan inaprubahan ang report.
12. Crane *o* Equipment ID: Ilagay ang kreyn *o* equipment identification number mula sa iyong activity numbering system.
13. Manufacturer/Taong Ginawa: Ilagay ang gumawa at petsa ng pagkayari ng kreyn o ibang *equipment.*
14. SPS CRANE*: SPS* bilang tinukoy sa NAVSEA 0989-030-7000.
15. Model/Serial Number: Ilagay ang model at serial number ng apektadong crane o ibang equipment.
16. Kapasidad/Uri o Capacity/Type: Ilagay ang kapasidad at uri ng kreyn o ibang equipment.
17. Nagresult sa Aksidente: Lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon.
18. Klase ng Aksidente: Isulat ang klase ng aksidente kung naaangkop (halimbawa, personal na pinsala, banggaan ng load, banggaan ng crane, overload, two blocked, nasirang load, nadeskaril, nalaglag na load, nasirang *rigging gear*, nasirang kreyn, o iba pa (maging espesipiko).
19. Ang Report na ito ay Ginawa dahil sa: Lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon.
20. Deskripsyon ng Deficiency: Pagsasalarawan ng depekto. Maglakip ng mga litrato o *drawings* kung kailangan para magbigay kahulugan sa kundisyon.
21. Maaaring Dahilan: Sabihin ang maaaring dahilan batay sa iyong imbestigasyon kung naaangkop.
22. Pagwawastong Aksyong Ginawa/Rekomendasyon: Sabihin ang (mga) pagwawastong aksyong ginawa at rekomendasyon mo sa Navy Crane Center action.
23. Gamit ng Navy Crane Center: Nakareserbang gamit ng Navy Crane Center.

PIGURA 2-2 (2 of 2)

(SINADYANG WALANG LAMAN)

SEKSIYON 3
SERTIPIKASYON/CERTIFICATION

3.1 Sertipikayson ng Programa. Ang commanding officer ang magtataguyod ng kaligtasan sa gagawing activity. Siya ang mag-aatas ng certifying official(s) na magseseguro na ang mga kreyn sa operasyong sinuri, siniyasat, at pinagtibay ay alinsunod sa seksiyong ito. Ang sertipikasyon ay batay sa kundisyong sinuri at mga pagsisiyasat na inatas dito. Layunin ng condition inspection ang maseguro ang kabuuang struktura, mekanikal, at mga elektrikal na bahagi ng makinarya ay namantine sa isang ligtas at gumaganang kundisyon at wasto sa pagtakbo. Layunin ng load test na maseguro sa pamamagitan ng controlled operation na may inatas na test loads na ang makinarya ay may kakayahang bumuhat ng ligtas at igalaw ang nagraduhang karga/rated load sa lahat ng mga nadisenyong galaw nito. Ang mga inspeksyon at pagsusuri ay gagawin ng mga tauhang may kakayahang teknikal sa pagsusuri at inspeksyon sa ilalim ng superbisyon ng isang inatas na test director. Isang sertipikasyon ng pagsusuri sa load at inspeksyon sa kundisyon ang kinakailangan sa pagtatapos ng inspeksyon sa kundisyon at pagsusuri. Pipirmahan ito ng test director, inspection personnel, at ng certifying official.

3.2 Paghirang ng mga Tauhan sa Sertipikasyon/Certification. Ihihirang sa kasulatan ng commanding officer ng activity, naisulat na utos o regional instruction ang(mga) certifying official, kasali ang mga alternates. Maaaring ang posisyon/titulo sa halip na pangalan at designasyon ang paghirang sa opisyal na magse-certify, at ito ay ipatutupad hanggang ma-kansela/mabago. Ang certifying official naman ang gagawa ng kasulatan na magtatalaga ng mga inatasang test directors at condition inspectors na kasama sa proseso ng sertipikasyon. Sa mg aktibidades na kumuha ng weight handling services mula sa ibang aktibidades, itatalaga nila sa kasulatan ang activity and services na ginawa sa halip ng partikular na tauhan.

3.3 Sertipikayson Aksyon. Ang 'Certification of Load Test and Condition Inspection form' ay katulad sa ipinakita sa Pigura 3-1. Sa mga mobile cranes, locomotive cranes, aircraft crash cranes, at kategorya 4 na kreyn, may kalakip na ibibigay katulad sa Pigura 32. Isang card o tag na nakasulat ang crane identification number, certified capacity, at ang certification expiration date, ang ipapaskel sa isang hayag na lokasyong malapit sa kreyn. Ang petsa ng pag-eexpire ng certification ay isang araw bago ang petsa ng anibersaryo ng certification. Ang kreyn ay maaaring manatili pang mag serbisyo sa petsa ng pag-expire. Halimbawa, kung na-certify ang kategorya 1 na kreyn sa Hunyo 30, ang expiration date ay Hunyo 29 ng susunod na taon. Ang petsa sa pirma ng certifying official ang official certification date, kung saan malalaman ang expiration date ng certification. Hindi ibabalik sa serbisyo ang kreyn bago makakuha ng pirma sa certifying official maliban sa nakasaad sa talata 3.5.4. Hindi pipirma ang certifying official sa certification habang hinihintay ang pagtatama sa lahat ng depektong lumitaw sa inspeksyon pagkatapos ng load test na, batay sa kanyang tamang palagay ay makakapagbigay ng hindi ligtas na mga kundisyon. .

3.4 Mga Kinakailangan sa Sertipikasyon. Hindi gagamitin sa serbisyo ang kreyn kung walang tunay na sertipikasyon.

3.4.1 Taunang/Annual Certification. Ang certification ay may bisa ng isang taon mula sa petsa ng pirma ng certifying official. Kasama sa proseso ng sertipikasyon ang mga inspeksyon sa kundisyon at nararapat na pagsusuri. Sa mga kreyn na nasa katergoryang 1 at 4, kasama ang load test sa taunang pagsusuri. Ang mga kreyn sa kategoryang 2 at 3 ay ma-iinspek, masusuri sa operasyon (walang load), at taunang ma-certify. Gayunpaman, ang load test ay gagawin bawa't apat na taong sertipikasyon, bilang minimum. Saabihin din ng sertipikasyon kung ang kreyn ay nasa quadrennial load test program. Sa mga floating cranes (kasali ang mga mobile cranes na nasa mga barges), bilang kundisyon ng sertipikasyon, titingnan kung ang barge ay nasa ayos na operasyon na makikita sa kasalakuyang material inspection report at dokumentasyon ng 'current depot availability' o isang inaprubahang 'deferral of depot availability' alinsunod sa OPNAVINST 4780.6.

3.4.2 Interim o Pansamantalang Requirements sa Recertification.

(Tingnan ang talata 3.5.7 para sa pansamantalang recertification requirements pagkatapos ng pinabayaan o di-sinasadyang paglampas sa certified capacity habang ginagamit).

3.4.2.1 Kailan Kinakailangan ang Load Test. Kailangan ang pagsesertipikang muli/recertification kung ang adjustment, repair, disassembly, alteration, o replacement ng load bearing part, load controlling part, o operational safety device ay kinakailangan ng load test upang mapatotohanan ang kasiya-siyang pagtatrabaho. Para malaman kung kailangan ng load test, susuriin ang lakas ng component sa pwersa ng paghawak nito/holding strength. Kung ang holding strength ay apektado sa trabahong ginagawa (halimbawa, walang wastong adjustment, repair, atbp., maaaring magresulta sa pagbagsak o di-makontrol na pagbaba ng load), at kung ganun ang nangyari, isang pipiliing inspeksyon, load test, at recertification ang gagawin. Kasama dito ang mga bahaging 'rotate and travel' kung ang operasyon ng mga nasabing bahagi ay nasa paahon na pwesto, tulad ng rotate function sa mga floating at barge-mounted cranes, at ang trolley sa luffing boom. Kung gagawin ang load tests, kasama sa mga ito ang mga naaangkop na mga bahagi ng static at dynamic tests sa Apendiks E. Maaaring limitado ang saklaw ng inspeksiyon at testing, kung praktikal, sa mga parte at bahagi ng mga sistemang apektado, nguni't iseguro na ang adjustment, repair, disassembly, replacement, o alteration ay ginawa sa tamang paraan, at wasto ang pagtatrabaho ng kreyn.

3.4.2.2 Kung Hindi na Kailangan ang Load Test . Kung hindi na kailangan ng load test para mapatunayan ang kasiya-siyang trabaho sa adjustment, repair, etc., ng load bearing o load controlling part o operational safety device, isa sa sumusunod (pipili ang activity) ay kinakailangan bago ibalik ang kreyn sa serbisyo:

a. Pagkatapos ng lahat ng trabaho, inspeksyon, at operational testing na inatas sa seksiyon 2 ay matapos, ang work document(s) ay pipirmahan ng chief engineer o ng certifying official. Ang interim recertification ay hindi na kailangan.

b. Isang pagpipili/selective inspection, operational test, at recertification ang gagawin. Ito ay karagdagan sa mga inspeksiyong pangangailangan ng seksiyon 2.

3.4.2.2.1 Trabaho Na Ginawa sa Pahalang/Horizontal na Kalagayan. Hindi na kailangan ng load testing pagkatapos ng trabaho sa rotate and travel brakes, friction clutches, at non-load bearing travel components kung ang load ay tumatakbo sa pahalang na kalagayan.

3.4.2.2.2 Adjustments para Ibalik ang Hoist Brakes sa Naitatag na Range/Tolerance. Hindi na kailangan ng load testing pagkatapos ma-readjust ang setting ng preno sa kanyang naitatag na range/tolerance kung ito ay labas sa established range/tolerance, at kung susundin ang lahat ng mga sumusunod na kundisyon:

a. Titiyakin at idodokumento ng activity engineering organization ang pinakadahilan kung bakit nawala sa range/tolerance, at mga pagwawastong aksyon ay ginawa at dinokumento. Kinonsulta ang brake at/o kreyn OEM(s) kung naaangkop.
b. Ang mga brakes ay nasuri at na-inspek at walang pinsala o pagkarupok liban sa mga napudpod na brake linings/discs na hindi mas manipis sa minimum thickness.
c. Walang trabaho o pagkalas na ginawa sa mga brakes liban sa routine readjustments batay sa brake at/o kreyn OEM and/or activity engineering procedures. Nakadetalye ang mga adjustments sa work document, nasaksihan at napirmahan ng inspektor, at rinepaso ng chief engineer o certifying official.
d. Walang load bearing parts, tulad ng brake linings/discs o torque springs ang napalitan.

3.4.3 Hindi na Kailangan ng Recertification. Hindi saklaw ng mga requirements sa talata 3.4.2 ang mga sumusunod:

a. Adjustments, repairs, atbp., travel brakes at travel components ng mga portal kreyn dahil sa kalabisan.

b. Kung anumang setting ng brake o friction clutch ay nasa established range/tolerance at na-readjust sa loob ng range/tolerance na ito.

c. Ang mga sumusunod na trabaho sa mga electrical circuits, diesel engines, at generators:

(1) Elektrikal Kontrol at mga Power Distribution Circuits.

Pagpalit ng mga pumutok na fuse at ‘enclosed/module type plug-in relays’ na may magkaparis na mga bahagi at paggre-reset sa mga circuit breakers na nag-trip (sa kundisyong malalaman ng engineering ang dahilan ng depekto; sa mga aktibidades na di-nangangailangan ng engineering services, sundin ang requirements sa talata 3.4.2). Pag paulit-ulit na kapalpakan at madalas na depekto, ang chief engineer o certifying official ang magkakasundo upang

maglabas ng mga pagwawastong aksyon at pirmahan ang work document.

Pagtanggal at pagkabit uli ng fuses para sa inspeksyon.

Paghanay ng electrical contacts (na hindi na kailangan kalasin).

Paghigpit ng electrical connection.

Pag-aayos o pagpapalit ng meters at *gauges.*

Pag-aayos o pagpapalit ng cooling fans.

Pag-aayos o pagpapalit ng indicator lights and fixtures.

Pagtanggal, pagkabit, o paglipat ng "plug-in" controllers/components (tulad ng multi-location pendant controller o resolver) sa kundisyong sila ay *na-test* sa annual certification sa lahat ng mga lokasyon.

(2) Diesel Engines at mga Generators Na Nakakabit sa Kreyn.

Routine preventive maintenance.

Pag-aayos o pagpapalit ng mga sumusunod:

Batteries at cables.

Gauges at indicators.

Exhaust system.

Starting at charging system.

Fluid hoses at connections.

Belts at filters.

Ang inspeksiyon at operational test requirements ng seksiyon 2 ay tumutukoy sa mga aksyong ito.

3.5 Pagwawalang Bisa/Voiding ng Certifications. Awtomatik na walang bisa ang certifications pagkatapos ng isang taon, matapos masobrahan ang certified capacity habang operasyon; o matapos ang adjustment, repair, disassembly, replacement, or alteration ng load bearing o load controlling part o operational safety device na nangangailangan ng load test para patunay ang kasiya-siyang trabaho (hanapin ang mga eksepsyon sa ibaba at talata 3.4.3). Ang depekto, pag-aayos, pagbabago, atbp., sa isang bahagi (halimbawa, whip hoist) ay hindi naman magpapawalang bisa sa buong

kreyn certification kung sa kundisyon na ang apektadong bahagi ay hindi gagamitin. Hindi din magpapawalang bisa sa kasalukuyang certification o validation kung susobra sa certified capacity sa isang load test ng sample na kreyn habang may Navy Crane Center WHE audit o habang isinagsagawa ang third party certification.

3.5.1 Eksepsyon sa Extension ng Certification sa Emergent Conditions. Kung may hindi inaasahang kundisyon ang lilitaw na pipigil sa napapanahong sertipikasyon ng kreyn, ang commanding officer ng activity na gumagamit sa kreyn, at may pahintulot ng certifying official, ay pwedeng magapruba ng certification extension. Kailangang nakasulat ang approval at hindi na kailangan ng karagdagang 'deferral of a required maintenance inspection'. Hindi hihigit ang certification extension sa 45 na araw mula sa annual certification expiration date. Hindi maaaring ilipat ang kapangyarihang magbigay ng certification extension. Bago ibigay ito, kailangan pumasa ang kreyn sa isang kumpletong condition inspection pati na functional testing sa lahat ng paggalaw sa normal na bilis ng operasyon. Bukod pa rito, testing na walang load ng 'shaft failure detection systems and boom latching/pinning and multiple extend mode systems kung naaangkop ay kinakailangan. Maaaring i-extend ang sertipikasyon di-alintana kung ang kasalukuyang sertipikasyon ay expired na, kapag lahat ng mga kundisyon sa talata ay nasunod. Bawa't pahintulot na ma-extend ang sertipikasyon ay isampa sa kasaysayan ng kagamitan o equipment history file.

Tandaan: Upang masuportahan ang biglang lilitaw na trabaho na kinal [illegible] party certification, ang Navy Crane Center ay magbibigay ng bagong third party certification alinsunod sa isang kasiya-siyang kondisyon inspeksiyon at isang pagpapatakbong pagsubok na may bahagyang (halimbawa, 25 porsiyento ng kapasidad) ng pagkarga. Ang sertipikasyon ay magiging epektibo sa buong buhay ng ekstensiyon ng aktibidad.

3.5.2 Eksepsyon sa *Controlled Disassembly at Re-assembly*. Controlled na pagkalas at muling pag-kumpuni ng mga bahagi sa inspeksyon ay hindi magpapawalang bisa sa sertipikasyon alinsunod sa mga sunusnod na mga kundisyon:

a. Isang nakasulat na pamamaraan ang gagamitin, inihanda ng activity at inaprubahan ng certifying official at ng Navy Crane Center. Ang pamamaraan, kasama ang step by step na instruksiyon sa pagkalas at muling pagkumpuni, ay inuutos ang in-process inspections at inspection point sign-offs at naaangkop na test requirements. Anumang mga pagpapalit sa pamamaraan bukod sa maliliit na pagbabago ng editoryal ay aaprubahan ng certifying official at Navy Crane Center. Mga maliliit na pagbabago ng editoryal ay ibibigay sa Navy Crane Center para sa impormasyon.

b. Ang mga components ay madi-disassemble at reassemble sa mga fasteners lamang, tulad ng pins, bolts, at cap screws. Lahat ng mga parte ng component ay dapat makita ng mga mag-iinspek para maiseguro ang tamang pagre-reassemble o pagkukumpuni.

c. Lahat ng mga parte na kinalas o na-disassemble, kasali ang load bearing at load controlling fasteners, ay magagamit uli. Walang parte ang papalitan, liban sa madaling maubos na bagay tulad ng cotter pins, lock wires, non-load bearing at non-load controlling fasteners, at washers.

d. Ipapakita ng inspeksiyon ng parting kinalas o disassembled parts na pwede pa silang ayusin, halimbawa, kung wala silang nakitang depekto.

Tandaan: Ang mga kinokontrol na pamamaraan, na nakadetalye dito sa talata, ay hindi kailangan ng taunang inspeksiyon ng kreyn na tinukoy sa talata 3.5.4.

3.5.3 Eksepsyon sa Re-reeving ng Mobile Cranes at Installation ng *Ancillary Equipment*. Madalas may nakakabit na ancillary equipment (jib, boom inserts at extensions, swing-away jib boom, power pinned fly section, atbp.) sa mga mobile cranes at pwedeng ma-*re-reeved* sa iba't-ibang configurations (iba-ibang *blocks*, iba-ibang parts *ng line*, atbp.). Ang ibang kategorya 3 pedestal mounted boom assemblies at kategorya 4 na kreyn ay may maraming multiple hook connection points. Pagpapalit ng *OEM's* ancillary equipment configuration o re-reeving ng kreyn ay hindi magpapawalang bisa sa taunang sertipikasyon kung susundin ang mga sumusunod na kondisyones:

a. Bago gamitin, ang OEM's ancillary equipment ay natapos ng ma-inspek at masuri bilang parte ng taunang sertipikasyon ng kreyn. Susundin ito sa bawa't taunang sertipikasyon at pagkatapos nuon.

b. Ang taunang sertipikasyon ay may bisa/valid.

c. Isang nakasulat na pamamaraan ay binuo ng aktibidad ukol sa pagkabit at pagtanggal ng ancillary equipment o sa pagre-*re-reeve* ng kreyn. Ito ay alinsunod sa OEM's instructions, itong manual o publikasyon, at ibang naaangkop na mga direktiba. Ang alituntunin ay tutukoy sa pagpalit ng configuration, ang partikular na pagkakasunod-sunod ng *installation* at removal, ang selective inspection at operational test na kinakailangan matapos ang bawa't assembly *at* disassembly ng ancillary system. Ang pamamaraang at anumang pagpapalit bukod sa minor editorial changes ay aaprubahan ng *certifying official* at ng Navy Crane Center. May sapat dapat na pagpirma dito para maseguro na makumpleto ang critical evolutions. Ang inaprubahang pamamaraan ay ilalagay sa equipment history file at ang *crane operator's instructions*. Gagamitin ang pamamaraang ito sa bawa't palit ng OEM's ancillary equipment o kung ang kreyn ay mare-*re-reeved*. Kung mayroong maliliit na pagbabago sa *editorial*, ito ay dapat ibigay sa Navy Crane Center para ipagbigay alam.

d. Lahat ng components (pins, headache ball, hook, etc.) ay mamarkahan ng maliwanag kung saan sila ilalagay sa *system*. Gagamitin lang sila sa partikular na *mobile crane*. Hindi pwedeng pagpalit-palitin ang mga parte liban lang kung inaprubahan ng *OEM.*

e. Tingnan ang seksiyon 11 sa mga paghihigpit sa pagamit ng wedge sockets para sa mga wire rope end connections.

f. Ang kumpletong pamamaraan ay ipa-file sa equipment history file sa bawa't gamit nito.

g. Pagtanggal o pagdagdag sa ancillary equipment mula/papunta sa kreyn na walang inaprubahang pamamaraan mula sa Navy Crane Center ay ituturing pagbabago sa kreyn at dapat na iproseso alinsunod sa Seksiyon 4.

h. Tingnan ang talata 10.7.3 sa karagdagang operational at rigging requirements sa pagkumpuni at pagkalas g mga kreyn.

3.5.3.1 Mga Eksepsyon sa Talata 3.5.3

3.5.3.1.1 Eksepsyon sa mga Removable Outrigger Pads, Counterweights, at Outrigger Extension Pins sa Mobile Cranes. Outrigger pads, counterweights, at outrigger extension *pins* sa mobile cranes na nadisenyong detanggal sa pagbibyahe at counterweights na detanggal para sa iba't-ibang crane capacities ay maaaring makalas at makabit kahi't walang kasulatang pamamaraan at hindi na kailangang mapawalang bisa ang sertipikasyon. Removable outrigger pads, counterweights, at *extension pins* ay kikilalanin sa partikular na kreyn o mga grupo ng kreyn at ang paggamit nila ay limitado lang para sa mga kreyn. Susundin ang OEM instructions sa pagkalas o pagkabit ng outrigger pads, counterweights, at *outrigger extension pins*. Magkaroon ng *load tests* sa taunang sertipikasyon ang lahat ng outrigger pads, counterweights, at extension pins *(*kung load-bearing*).*

3.5.3.1.2 Boom Angle at Extension Pins *sa Kategorya 3* Pedestal Mounted Commercial Boom Assemblies at *Kategorya 4 na Kreyn*. Boom angle at extension pins sa kategorya 3, pedestal mounted commercial boom assemblies, at kreyn sa kategorya 4 ay maaaring tanggalin at isalpak muli kahit walang kasulatang pamamaraan at hindi mapawalang bisa ang sertipikasyon. Ang mga pins ay kikilalanin sa partikular na kreyn at lokasyon (boom angle o extension), load tested sa kreyn na iyon, at kanilang gamit ay limitado sa kreyn. Ang mga OEM instructions ay susundin sa pagkalas o pagkabit ng boom angle at extension pins. Lahat ng *boom angle* at extension pins ay magkakaroon ng load test sa taunang (o quadrennial*)* load test.

3.5.3.1.3 Gantry Frame Extension Pins sa Kategorya 2 at 3 na Gantry Kreyn. Mga removable pins na gamit sa pagtaas at pagbaba ng *kategorya 2 at 3* na gantry kreyn ay pwedeng tanggalin at ikabit ulit kahi't walang kasulatang pamamaraan at hindi mapawalang bisa ang sertipikasyon. Ang mga pins ay kikilalanin sa partikular na kreyn (o ang disenyo ay hindi sila mahihiwalay sa gantry frame), load tested at certified sa kreyn na iyon, at ang gamit ay limitado lang sa kreyn. Ang mga OEM instructions ay susundin sa pagkalas o pagkabit ng extension pins. Ang kreyn ay nagkakaroon ng load test habang ginagawa ang sertipikasyon sa load test at sa inaasahang pinakamataas na elevation kung saan ang paggamit ay inaasahan.

3.5.4 Eksepsyon sa Pagpapatuloy ng Kapakipakinabang na Serbisyo. Layunin ng seksyon na ito na mapatagal ang kapakipakinabang na serbisyo ng kreyn pagkatapos ng pre-certification inspections at load test, sa kondisyong walang depektong makikita sa inspections o load test na magiging sanhi ng isang hindi ligtas na kundisyon. Mapapatagal ang serbisyo ng kreyn sa kung ang kasalukuyang taunang sertipikasyon ay ipinatutupad. Ang pagpapatuloy ng sertipikasyon ay mangyayari kung mai-iskedyul ng sapat na panahong mas maaga sa expiration ng kasalukuyang sertipikasyon ang pagmamantine at inspeksyon sa kundisyon at tests sa kasalukuyang sertipikasyon:

a. Ang kasalukuyang sertipikasyon ay hindi napapawalang bisa ng kasunod na maintenance and condition inspections (kasama na ang adjustments at disassembly ng load bearing at load controlling parts) at load test.

b. Walang mga depekto na magiging sanhi ng hindi ligtas na kundisyon ang nakita sa inspections o load (o operational) test.

c. Ang kasalukuyang sertipikasyon ay may bisa pa.

d. Kung natiyak ng test director na ang kreyn ay matagumpay na nakapasa sa inspeksiyon ng load test, maaari itong mag patuloy ng kapakipakinabang na serbisyo alinsunod sa kasalukuyang sertipikasyon.

e. Ang bagong sertipikasyon ay pipirmahan ng certifying official sa loob ng 10 araw mula sa pagtatapos ng bagong load (o operational) test. Kung hindi, ang kasalukuyang sertipikasyon ay walang bisa at aalisin ang kreyn sa serbisyo.

Maaaring pansamantalang itigil ang kapakipakinabang na serbisyo para gawin ang ilang bahagi ng maintenance at condition inspection, pagkatapos ay bumalik ulit sa serbisyo sa kondisyong ang disassembly ng load bearing o load controlling parts ay hindi pa ginagawa at walang malaking pinsala ang nakita.

3.5.5 Eksepsyon sa Recalibration ng Load/Moment Indicating Devices, Overload Indicators, Radius Indicators, Boom Length Indicators, at Boom Angle Indicators. Recalibration ng electronic load/moment indicating devices, overload indicators, load shutdown devices, hydraulic load indication devices, radius indicators, boom length indicators, at boom angle indicators sa paraang paghahambing sa mga certified test weights, measured distances, angles, atbp., ay hindi magpapawalang bisa sa sertipikasyon, at maaaring gawin kahi't walang approval ng Navy Crane Center sa kondisyong ang load ay hindi hihigit sa 110 porsiyento ng certified capacity ng kreyn.

3.5.6 Interim Recertification Requirements sa mga Kreyn na nasa Pwedeng Ilipat na BMga Gusali o Kreyn na Pwedeng Ilipat. Mga certified WHE na nakakabit sa mga pwedeng ilipat na mga gusali ay marere-certified pagkatapos ng relokasyon ng gusali at bago gamitin,tulad ng sumusunod:

a. Kung naisalpak at nai-secure ang kreyn sa gusali habang may relokasyon, kailangang ma-inspeksyun sa kundisyun, masuri, at sertipikado.

b. Kung natanggal ang kreyn mula sa crane rails at naisalpak ulit, kailangang masiyasat ang kundisyun, load tested, at sertipikado, liban kung ang pagtanggal at pagkabit ulit ng kreyn ay hindi na kailangan ng pagkalas ng load bearing components, kung ganun ang nangyari, gagawin ang operational test sa halip na load test. Sinasaklaw din ng pangangailangang ito ang mga kreyn na inililipat sa mga non-relocatable buildings.

Kung ang kreyn ay tinanggal para ma-repair at/o para sa recertification, o kung mayroong kahaliling kreyn ang ikakabit, ang operational test ay maaaring gawin matapos naikabit ang kreyn, sa kundisyong walang pagkalas ng load bearing components pagkatapos ma-certify ang kreyn.

3.5.7 Loading Sobra sa Certified Capacity. Maliban sa mga load tests at planned evolutions habang maintenance periods, ang kreyn ay hindi dapat malagyan ng load na hihigit sa certified capacity kung walang pahintulot ang Navy Crane Center . Bago magbigay ng kahilingan sa loading na hihigit sa certified capacity para sa production lifts ay tiyaking wala ng ibang mas ligtas na paraang pwede (isama ang rinentahang equipment) na gagawa ng lift.

Kung may overloading na hindi inaasahan at hindi hihigit sa 110 porsiyento (105 porsiyento sa mobile cranes, locomotive cranes, aircraft crash cranes, mobile boat hoists, rubber-tired gantry cranes, at kategorya 4 na kreyn) ng certified capacity (kasama ang naaangkop na allowance sa bangaan, kung meron), ang mga epekto ng overloading ay sisiyasatin ng engineering organization at gagawan ng mga corrective action(s). Bilang minimum, isang condition inspection ng mga apektadong parte ay gagawin at ang kreyn ay ma-operationally tested at recertified. Kung may overloading na hindi inaasahang hihigit sa 110 porsiyento (105 porsiyento sa mobile cranes, locomotive cranes, aircraft crash cranes, mobile boat hoists, rubber-tired gantry cranes, at kategorya 4 na kreyn) ng certified capacity, isang load test ang gagawin (kasama ang condition inspection) para sa recertification. Kung may natatanging bahagi lamang ng equipment ang apektado (halimbawa, overload ng whip hoist), ang mga bahaging yaon lang ang kailangang mai-inspect at masuri.

3.6 Inspeksyon sa Kondisyon. Ang condition inspection ay gagawin bago, habang, at matapos ang load test. Sa mga kreyn sa quadrennial load test program ng non-load test year, ang bahaging "bago" ng Crane Condition Inspection Record (CCIR) ay tatapusin. Sa kasong "habang" at "pagkatapos" na column ay mamarkahang "N/A". Isang CCIR katulad ng ipinakita sa Pigura 3-3 ang gagamitin para mai-rekord ang mga resulta ng inspeksiyon. Ang inspeksiyon sa kabuuan ay sa pamamagitan ng paningin, pandinig, at paghawak na nakatuon sa kinakailangang lalim at detalye para masiyasat ang kabuuang kundisyon. Hindi layunin nito na ipareho ng detalye sa maintenance inspection. Bawa't bagay sa CCIR ay mamarkahan ng satisfactory o unsatisfactory. Kung ang isang bagay o inspeksyon ay hindi naaangkop, ilalagay ang "NA" sa porma. Ang pagsasalarawan ng

unsatisfactory conditions ay isusulat sa "Remarks" na bahagi ng porma. Ang nakumpletong CCIR ay isasama sa crane certification form na ibibigay sa certifying official. Maliban sa kategorya 2 at 3 na kreyn, ang condition inspection ay bukod sa maintenance inspection na tinukoy sa seksiyon 2. Sa mga kategorya 2 at 3 na kreyn, kung walang malaking depekto ang nakita sa maintenance inspection, at walang trabahong gagawin sa pagitan ng maintenance inspection at ng load test, ang maintenance inspection ang magsisilbing bahagi ng “bago” ng condition inspection. Parehong inspection forms ay dapat makumpleto ng buo.

Sa pangyayaring may malaking pinsala ang nakita ng mga inspeksyon, ang mga depektong ito ay kailangang maituwid bago o matapos ang load test. Mga aksyong pagtutuwid ay idudokumento sa maayos na paraan. Kung may malaking pinsala ang nakita pagkatapos ng load test, ito ay iwawasto, at isang selective load test ang gagawin para ma-test ang component(s) na itutuwid. Kung ang selective load test ay gagawin, isang condition inspection ay gagawin sa lahat ng mga bagay sa Crane Condition Inspection Record na dumanas ng mas malaki sa normal na loading para maiseguro na ang load test ay hindi nakasanhi ng anumang damage. Ang rekord ng retest na ito ay maire-record sa "Remarks" na bahagi ng Crane Condition Inspection Record. Elemento ng inspection bago gamitin at ang walang load na bahagi ng Apendiks E tests ay maaaring gawin kasabay ng "bago" na bahagi ng condition inspection.

Sa mga kreyn na hindi ginamit mas matagal sa anim na buwan, ang condition inspection at operational test ay gagawin bago ibalik ang kreyn sa serbisyo; recertification ay hindi kailangan. Ang CCIR katulad ng ipinakita sa Pigura 3-3 ay gagamitin para mai-rekord ang mga resulta ng insppeksiyon. (Hindi ito sumasaklaw sa jib cranes, pillar cranes, pillar jib cranes, monorails, davits, o fixed overhead hoists.)

3.7. Testing ng Load. Ang load test ay gagawin alinsunod sa pamamaraang nakasaad sa Apendiks E at anumang special requirements na binanggit sa partikular na OEM ng kreyn o ng activity engineering organization. Ang actual test load(s), sa pounds, at actual test load percentage kasali ang listahan ng mga naaangkop na test paragraphs (kasama ang lahat ng subparagraphs) ng Apendiks E ay ilalagay sa Certification ng Load Test at Condition Inspection. Mga elemento ng pre-use inspection, "bago" na bahagi ng CCIR, at no-load portions ng Apendiks E tests ay maaaring gawing sabay.

3.7.1 Test Loads. Ang nominal test load ay 125 porsiyento ng rated capacity (105 porsiyento sa mobile cranes, locomotive cranes, aircraft crash cranes, mobile boat hoists, rubber-tired gantry cranes, at kategorya 4 na kreyn). Ang actual test load ay nasa loob ng +5/-0 porsiyento ng nominal test load. Sa mga mobile cranes, ang actual test load ay batay sa kumbinasyon ng test weights, rigging, at specified crane component weights (i.e., hooks, blocks, ancillary devices, etc., at sa ibang mga kreyn na ang hoist wire rope ay hindi isinama sa mga load charts). Load testing na may loads na sobra sa limits na inatas ay hindi pinapayagan. Sundin ang OEM load chart instructions. Sa mga mobile boat hoists at kategorya 4 na kreyn, sundin ang OEM criteria para sa component weight requirements at values. Sa mga ibang uri ng kreyn,

ang actual test load ang magiging bigat ng load, kasali ang rigging gear, na nakabitin mula sa hook. Sa mga kreyn na hindi malo-load test sa tinuring na overload tests ng publikasyong ito dahil sa pagpipigil ng OEM o mga disenyong humahadlang ng periodic overload tests, mado- downrate ang kreyn sa 76 porsiyento ng OEM's rated capacity (90 porsiyento sa mobile cranes, locomotive cranes, aircraft crash cranes, mobile boat hoists, rubber-tired gantry cranes, at kategorya 4 na kreyn) ay masuri alinsunod sa mga kinakailangan ng publikasyong ito. 'Document reduced capacity by crane alteration' ay alinsunod sa seksiyon 4.

3.7.1.1 Test Weights. Ang pagsusuri ng mga kreyn ay sa pamamagitan ng paggamit ng test weights. Ang paggamit ng dynamometers sa halip na lifting test weights ay hindi pinapayagan. Test weights sa pagsusuri ng mga kreyn (at sa rigging gear tests kung saan ginagamit ang test weights) ay mamarkahan ng naiibang identification number at ang timbang sa pounds. Ang timbang na mula sa timbangan o ibang aparatong panimbang ang magiging aktuwal na timbang. Solid weights ay titimbangin na gamit ang calibrated equipment alinsunod sa National Institute of Standards and Technology, na may minimum accuracy ng +/- 2 porsiyento (halimbawa, ang nasabing timbang ay hindi hihigit sa +/- two porsiyento ng aktuwal na timbang). Water bag type weights ay maaaring gamitin, liban sa mobile crane at kategorya 4 na kreyn test. Water bag type weights ang gagamitin at ililigpit alinsunod sa OEM recommendations. Ang metro/gauge na ginamit para malaman ang dami ng tubig sa bag ay taunang maka-calibrate alinsunod sa National Institute of Standards and Technology at sisiguraduhin na ang timbang ay may minimum accuracy na +/- 2 porsiyento. Bilang kahalili, isang load indicating device na sinunod ang nasa itaas na calibration at accuracy requirements ang pwedeng gamitin sa halip na metering device. Itatago ang isang listahan ng test weights, na may identification numbers at timbang. Kasama sa listahang ito ang uri at serial number (o ibang pagkilanlan) ng weighing device(s) na ginamit bilang test weights. Kung may lifting attachment na sumusuporta sa maraming test weights (halimbawa, pinagpatong-patong na weights o maraming weights na nakabitin mula sa padeye), ang total na kapasidad ay imamarka sa attachment.

3.7.2 Hoist Roll Back. Kung may nangyaring hoist roll back sa kreyn, na tinukoy sa Apendiks A, sisiguraduhin ng using activity:

a. Na ang nangyaring roll back ay likas na kundisyon ng kreyn. Kung hindi man, naaangkop na pagwawastong aksyon ang gagawin.

b. Na ang likas na pagro-roll back ay hindi hahadlang sa patuloy na paggamit ng equipment sa kasalukuyang operasyon. Ang likas na pagro-rollback at pagpapasya sa patuloy na operasyon nito ay idodokumento at ilalagay sa equipment's history file.

Tandaan: Sa mga hoists na may mechanical load brakes, hindi na kailangan ang pagsubok sa ganitong kundisyon.

3.7.2.1 Hoist Roll Back sa Nagraduhang Kapasidad o Mababa pa. Kapag nangyari ang rollback sa mga kreyn sa nagraduhang kapasidad o mababa pa, isiniseguro ng using activity:

a. Na kailangang malaman ang pinakamagaan na timbang/karga kung kailan mangyayari ang rollback sa bawa't punto ng bilis. Ito ay one-time test. Maliwanag na ipaskel sa kreyn at itala sa file ng equipment history nito ang mga timbang/karga kung kailan nangyari ang rollback.

b. Na ang mga tauhang gagamitin sa kreyn rigging at operasyon ay sinanay sa mga partikular na katangian ng kreyn.

c. Na kailangang maitalaga ang mga susunding paraan kung ano ang gagawin sa mga timbang/karga sa mga rollback na nangangailangan ng natatanging atensyon sa paghawak at pagbaba sa mga magkakalapit na karga.

3.8 Madaling ilipat/Gumagalaw na Kreyn (Mobile Crane) na Pansamantalang ilalagay sa mga Balsa. Ang mga Mobile Kreyn na sertipikadong ginagamit sa lupa ay maaaring ikabit/ilagay sa mga balsa kapag nasunod ang mga kinakailangang nakadetalye sa ibaba.

3.8.1 Pagpili at Pagbaba ng Grado (Downrating) sa Mobile Kreyn. Ang organisasyon ng engineering activity ang pipili ng nararapat na kalaki ng mobile kreyn para sa gagawing trabaho. Ang load chart at sertipikasyon na binigay ng OEM batay sa load testing sa lupa ay walang bisa kapag ikakabit ang mga mobile kreyn sa mga balsa. Ang kalkulasyon ng katatagan ng balsa ay kailangang gawin at binawasang load charts, kung kinakailangan batay sa pinakamalaking list and trim na nakasulat sa ibaba, ang kailangan na mapanatili ng activity engineering organisasyon at inaprubahan ng certifying official. Ang activity ang magsasabi kung kailangan pang bawasan ang grado batay sa timbang ng karga, kalayo ng pagbyahe sa tubig, kalakas ng alon, atbp.

3.8.2 Pagsuri/Pagsubok ng Karga (Load Testing). Bago gamitin, kailangang masubukang may karga ang kreyn habang ito ay nasa balsa (para matiyak ang list and trim) at masertipayang muli. Ang test loads ay 105 (+5, -0) porsyento ng nabawasang kapasidad ng load charts, Ang list and trim ay hindi dapat hihigit sa 3 degrees habang ginagawa ang load test at sinusunod ang mga katangiang inatas ng tagagawa ng kreyn. Hindi na kailangan pa ang load test sa annual certification period kung ang kreyn ay inalis at pinalitan na sa balsa sa kundisyong hindi magbabago ang crane/barge configuration, at dapat gamitin ang conrolled assembly procedure, hawig sa isang ancillary equipment installation/removal procedure, para sa pagtanggal/pagkabit ng kreyn sa balsa. Minsan sa isang taon minimo ang load testing sa balsa.

3.8.3 Pagtantiya sa Laki at Pagsusuri ng Palapag ng Balsa (Barge deck). Magsasagawa ang engineering organization ng pagsusuri sa pagkakayari ng barge deck para sa inaasahang kreyn outrigger (o crawler) at sa mga itataling karga. Maliban sa mga crawler kreyn na walang outriggers, ang kreyn ay dapat malagyan ng outrigger

na magagamit. Ang mga outriggers ay dapat nakapatong sa mga tablang kahoy. Ang balangkas/frame ng magbubuhat sa kreyn ay nakasegurong matibay sa barge deck sa pamamagitan ng mga panali (tie-downs) para kontrahin ang mga karga sa gilid (lateral loads). Ang activity engineering organization ang magkakarkula sa kalaki ng tie-downs base sa pinakamalaking lateral loads at may lundo kung ang kreyn ay naitaas na ng husto sa mga outrigger. Para sa mga mobile kreyn na gagamitin sa konstruksyon at pansamantalang nakalagay sa mga balsa, maiseseguro ng aktibidad (activity) na ang balsa o pontoon ay mayroong subdivided hull na may isa o higit pang longitudinal watertight bulkheads. Ang balsa ay makakapunta sa mga walang-laman na kompartamento para sa mga inspeksyon at pumping.

3.8.4 Pagpaskel/Posting ng Load Charts. Ipapaskel sa operator's cab ang load chart na magpapakita ng kapasidad ng kreyn sa barge. Ipapaskel din ang operational pitch and roll, at wind speed limitations, na nakasulat sa ibaba.

3.8.5 List, Trim, at Wind Indicators. Ikakabit ang isang uri ng marine list and trim indicator, na nababasa sa one-half degree increments sa operator's cab. Magbibigay din ng wind indicating device.

3.8.6 Third Party Certification Requirements. Ang mobile kreyn na nasa barges na ginagamit sa shipbuilding, ship repair, shipbreaking, o cargo transfer (mga naval activities sa U. S. at mga territories nito) ay nangangailangan din ng third party certification alinsunod sa Apendiks M ng Navy Crane Center. Hindi na kailangan ng recertification kung ibabalik na ang kreyn sa shore service na may full load capacities.

3.8.7 Karagdagang Operational Requirements. Sa kalmadong dagat lang maaaring mag-lift ang kreyn. Operating pitch and roll ng barge ay di hihigit sa three degrees. Hindi magtatrabaho ang kreyn kung sobra sa pinahihintulutang wind speeds ng 'crane OEM for use on barges' o, 15 knots kung walang OEM guidelines.

SERTIPIKASYON NG *LOAD TEST* AT INSPEKSYON SA KUNDISYON

Aktibidad		Gusali / Lokasyon		
Numero ng Kreyn	Uri	OEM's Rated Kapasidad *Main* *ibs.* *feet* *Aux* *ibs.* *feet* *Whip* *ibs.* *feet*		*Certified Capacity* (Kung iba sa *OEM's rated capacity*, ipaliwanag sa "*Remarks*") *Main* *lbs.* *feet* *Aux* *lbs.* *feet* *Whip* *lbs.* *feet*
	(Dahilan)			Apendiks "E" Naaangkop na *Crane Test Procedure Paragraphs* (Isama ang mga naaangkop na *subparagraphs.*)
Taunang Sertipikasyon				
Pansamantalang Sertipikasyon			*Quadrennial Load Test*	

Kreyn sa Kategorya 1 o 4					
Boom Length	*Test Load*	*Minimum Radius*		*Load Moment o Maximum Radius*	
Hoist			*Feet*	*Pounds*	*Feet*
Main					
Aux					
Whip					
Other					

Hook Tram Measurements	*Base Meas.*	Bago ang testing	Matapos ang testing
Main Hook			
Aux Hook			
Whip Hook			
Other			

Kreyn sa Kategorya 2					
Hoist	*Test Load %*	*Pounds*	*Hook Tram Measurements*		
			Base Meas.	Bago and testing	Matapos ang testing
Main					
Aux					
Other					

Pagpapatunay

Ito ay patunay na ang mga inspeksyon at pagsusuri na ginawa ay alinsunod sa mga alituntunin na nakasaad sa kasalukuyang *NAVFAC P-307*. Pinapatotohanan din na ang nasabing kreyn sa itaas ay maaaring bumuhat sa kanyang itinakdang kapasidad.

Kreyn sa Kategorya 3					
Hoist	*Test Load %*	*Pounds*	*Hook Tram Measurements*		
			Base Meas.	Bago ang testing	Matapos ang testing
Main					
Aux					
Other					

Test Direktor (Pirma) Petsa

Inspektor (Pirma) Petsa

Inspektor (Pirma) Petsa

Annual Certifications Since Hook NDT

*Certifying Official (*Pirma) *Petsa*

Expiration Date

Remarks

Para sa mga mobile kreyn, isulat ang lahat *ng test loads at configurations* (halimbawa, *over side/over rear, boom extendedftetracted, lifts on tires, travelling, etc.). Kung kinakailangan, gamitin ang Pigura 3-2.*

PIGURA 3-1

SERTIPIKASYON NG PAGSUSURI SA *LOAD* AT INSPEKSYON SA KUNDISYON (DAGDAG SA *MOBILE CRANE TESTS*)

Kumpletuhin kung naaangkop sa uri ng kreyn na sine-*certify*. Ilagay ang "NA" sa mga konpigurasyong hindi naaangkop

Numero ng Kreyn

Lattice Boom Crane			*Telescoping Boom Crane*			
Haba ng *Boom* (Piye)						
Sa *Outriggers*	*Test Load*	*Radius*	Sa *Outriggers*	*Test Load*	*Radius*	*Boom Length*
Maximum Kapasidad na Sinertify			Maximum Kapasidad na Sinertify			
Load Moment			*Load Moment*			
Free-Fall Mode			*Free-Fall Mode*			
Sa *Rubber* (Hindi Gumagalaw)	*Test Load*	*Radius*	Sa *Rubber* (Hindi Gumagalaw)	*Test Load*	*Radius*	*Boom Length*
Maximum Kapasidad na Sinertify			Maximum Kapasidad na Sinertify			
Sa mga Gulong o *Crawler Tracks (Pick and Carry)* (Ilarawan ang *configurations* at ilista ang *test loads/radii)*			Sa mga Gulong *(Pick and Carry)* (Ilarawan ang *configurations* at ilista ang *test loads/radii/boom length)*			

Ibang *Configurations*, kasali ang mas mababang *equipment* kung naaangkop. (Ilarawan at ilista ang *test loads/radii)*

PIGURA 3-2

REKORD NG PAGSUSURI/INSPEKSYON SA KUNDISYON NG KREYN

Tandaan: Suriin ang mga bahaging madaling makita na hindi na kailangang kalasin pa.

Numero ng Kreyn.:	Uri:	Lokasyon:	Pangalan ng Operator:	Numero ng Lisensya ng Operator.

Layunin ng Pagsusuri:	Marka: B = Bago A = Pagkatapos D = Habang	Petsa ng Simula:	Petsa ng Pagtatapos:

Item No.	Deskripsyon ng Item	B	D	A	Insp/ Init.
1	Inspekin ang mga bahaging istruktura kung may mga sira o napinsalang mga parte, at katibayan ng maluluwag at nawawalang mga trangka at mga lamat sa welding.				
2	Inspekin ang alambreng lubid kung may mga pudpod, nasirang alambre, kalawang, *kinks*, sirang *strands,* napipi o nadurog na mga seksyon, kundisyon ng mga saksakan, mga kuneksyong patay, at wastong lubrikasyon.				
3	Inspekin ang *hooks* kung may mga bitak, matalim na gilid, mga lukob, pagkakabaluktot, at kung maluwag na umiikot.				
4	Inspekin ang mga preno at *clutch* ng *hoist*, at *rotate brakes* sa mga lumulutang na kreyn kung nasa kundisyon, may pinsala, wastong *adjustment* at operasyon. *Spot check* sa *horizontal* na paggalaw ng mga preno at mga *clutch* kung nasa kundisyon, may pinsala, wastong adjustment at operasyon.				
5	Inspekin ang mga kontrol at mga bahagi ng kontrol kung nasa kundisyon at wastong operasyon.				
6	Inspekin ang mga *motors* kung nasa kundisyon at wastong operasyon.				
7	Inspekin ang *limit switches* kung nasa kundisyon at wastong operasyon. (*Inspection verifications* sa *Hook lower limit switch* ay maaaring gawin sa inspeksiyon ng pagmamantine sa halip na *CCIR.* Isulate sa *Remarks block* kung ginawa sa *maintenance inspection*.)				
8	Kung ginawa ang load sa sertipikasyon, inspekin ang mga *load indicators, load warning devices*, at *load shutdown devices* kung nasa kundisyon at ganap na kawastuhan sa pagtatrabaho batay sa nakasaad sa Apendiks C o D kung naaangkop. (Maaari itong gawin sa *maintenance inspection* sa halip na *CCIR*. Isulat ang *N/A* kung ginawa sa *maintenance inspection*.)				
9	Inspekin ang mga mekanical na *equipment (shafts, couplings, gearing, bearings*, atbp.) kung nasa kundisyon at wastong operasyon.				
10	Inspekin ang mga *sheave* kung nasa kundisyon at katibayan ng maluluwag na mga bearing at di-pagkatuwid/*misalignment.*				
11	Inspekin ang mga gulong, *axles,* at *trolley rails* (pag naaangkop) kung may di-pantay na pagkakapudpod, mga bitak, at kung nasa kundisyon at katibayan ng maluluwag na mga bearing at di-pagkatuwid.				
12	Inspekin ang mga *load chain* at mga *sprocket* kung nasa kundisyon at wastong operasyon.				
13	Patunayan na ang *capacity chart* o *hook load rating data* ay nakikita ng mabuti ng operator at/o mga tauhan sa *rigging.*				

PIGURA 3-3 (1 of 2)

Numero ng Item:	Deskripsyon ng Item	B	D	A	Insp/ Init.
14	Inspekin ang *cab* ng operator kung malinis at kung gumagana ang mga gamit.				
15	Inspekin ang *machinery house* kung malinis, tamang *safety guards, warning signs*, at taguan ng *tools* at mga gamit.				
16	Patunayan ang hustong operasyon ng mga *indicators, indicator lights, gauges,* at *warning devices.*				
17	Patunayan ang kasalukuyang inspeksiyon ng mga gamit panlaban sa sunog.				
18	Patotohanang ang mga *pressure vessel inspection certificates* ay nakapaskel at pangkasalukuyan. (Hanapin ang *UFC 3-430-07* o naaangkop na dokumento sa *test procedures.)*				
19	Inspekin ang outriggers, *pads, boxes, wedges, cylinder mountings* at *level indicators* kung nasa kundisyon at wastong operasyon.				
20	Inspekin ang mga gulong, *crawler tracks, travel, steering, braking, and locking devices* ay nasa kundisyon at wastong operasyon. (Sa mga *mobile cranes, boat hoists, rubber-tired gantry cranes,* at ibang kategorya 4 na kreyn.)				
21	Patunayan ang ganap na kawastuhan ng *radius at/o boom angle indicator* batay sa Apendiks C.				
22	Inspekin ang mga *pawl, ratchet,* at *rotate locks* kung gumagana ng husto at operasyon ng *interlocks.*				
23	Inspekin ang mga *tank, lines, valves, drains, filters*, at ibang bahagi ng *air systems* kung may *leak* at wastong operasyon.				
24	Inspekin ang *reservoirs, pumps, motors, valves, lines, cylinders*, at ibang bahagi ng *hydraulic systems* kung may leaka at wastong operasyon.				
25	Inspekin ang mga makina at *engine-generator sets* kung nasa kundisyon at wastong operasyon.				
26	Inspekin ang *counterweights* at *ballast* kung nasa kundisyon at katibayan ng maluluwag at nawawalang *fasteners.*				
27	Patunayan ang barge compartment (voids) cover bolts ay nakasalpak.				
28	Patunayan ang ganap na kawastuhan ng list and trim indicators kumpara sa design data o dati nang test data.				
29	Inspekin ang *rotate path assembly* at *center pin steadiment/support assembly* kung nasa kundisyon at wastong operasyon.				
30	Inspekin ang mga *slewing ring bearings* kung nasa kundisyon at wastong operasyon.				
31	Inspekin ang mga *travel truck, equalizers*, at *gudgeons* kung nasa kundisyon at wastong operasyon.				

Pahayag:

Pirma ng Inspektor/Petsa:	Pirma ng Test Direktor/Petsa:

PIGURA 3-3 (2 of 2)

(SINADYANG WALANG LAMAN)

SEKSIYON 4
MGA PAG-IIBA / ALTERATIONS

4.1 Crane Alteration Request Form sa Pag-iiba ng Kreyn. Gagamitin ang Navy Crane Center "Crane Alteration Request" (CAR) form sa mga pag-iiba. (Tingnan sa Pigura 4-1.)

4.2 Pag-iiba na Inaprubahan ng Navy Crane Center. Maliban kung isinulat, mga pag-iiba sa load bearing parts, load controlling parts, o operational safety devices (kasali ang mga parts at devices sa hoists, kreyn, at cranes structures na saklaw ng seksiyon 14) ay aaprubahan ng Navy Crane Center. Para mga kahulugan ng load bearing parts, load controlling parts, o operational safety devices, tingnan sa seksiyon 1. Magbubuo ang activity engineering organization ng alteraton requests. Pagsang-ayon ng crane o component OEM kung praktikal ay kailangan. Ilalagay sa requests na aaprubahan ang pinaplanong pag-iiba at isasama, kung naaangkop, ang mga spesipikasyon, design computations, drawings, at magagastos sa materyal. Maaaring marebisa ang mga pag-iibang inaprubahan ng Navy Crane Center, sa dahilang tulad ng detalye ng pagmamakina at ibang maliliit na pagpapalit, may aprubal ang local engineering, at itala ang pag-iiba sa shop work documents. Mga pag-iiba na may pasubaling inaprubahan ang Navy Crane Center ay hindi na kailangan mai-sumite muli at maaprubahan kung tintanggap ng activity at inilagay ang lahat ng kumentong sinabi ng Navy Crane Center. Ang pagtanggap at pagsama sa lahat ng sinabing kumento ng Navy Crane Center ay idodokumento sa shop work documents. Hanapin ang Apendiks O para sa karagdagang inpormasyon sa crane alteration requests at Navy Crane Center review policy.

Tandaan: Ang Navy Crane Center ang nagpapanatili ng lahat ng rekord ng inaprubahang mga pag-iiba sa kreyn. Maaaring makita ang mga ito ng activities planning alterations.

4.2.1 Mandatory Crane Alterations. Mandatory alterations ay iyong mga gagawin sa lahat ng kreyn na tinukoy. Sila ang mga sumusunod:

a. Mandatory-Ngayon: Mga kreyn ay aalisin sa serbisyo hanggang matapos ang pag-iiba.

b. Mandatory-Naantala: Titiyakin ang panahon upang ito ay matapos, halimbawa, sa loob ng 90 na araw. Maaaring manatili sa serbisyo ang kreyn hanggang sa panahong iyon .

c. Mandatory-Kung Kailangan: Ang uri ng pag-iibang ito ay ginawa na sa depekto ng isang partikular na kreyn o *component.* Gagamitin uli ang uri ng pag-iibang ito kung may parehong depekto ang mangyayari sa ibang kreyn o *component* na kaparis sa naunang kreyn o *component.*

d. Mandatory-*Site Specific*: Inaprubahan na kakaibang pag-iiba sa isang aktibidad o partikular na kreyn. Maaaring sanhi ito ng problema sa kapaligiran o partikular na mga kundisyon habang nagtatrabaho.

Gagamitin ng Navy Crane Center ang Pigura 4-2 upang magbigay ng *mandatory alterations.* Ipagbibigay alam ng *activities* sa Navy Crane Center sa katapusan ng *alteration* at gagamitin ang Pigura 4-2. E-mail *o* facsimile transmission ay tinatanggap.

4.2.2 Standing Crane Alterations. *Standing crane alterations* na inilabas ng Navy Crane Center ay malawak ang saklaw, boluntaryo, at ukol sa lahat ng WHE kung naaangkop. Mga halimbawa ay fastener substitutions, wire rope substitutions, at pagpapalit ng hydraulic hose assemblies. Hanapin sa Navy Crane Center web site (https://portal.navfac.navy.mil/ncc) ang lahat ng kasalukuyang listahan ng standing alterations. Nangangailangan ang ibang standing alterations na ang local crane alteration ay mabuo at mai-file sa history file at gawing pang-sanggunian sa hinaharap; sundin ang pamamaraan sa specific standing alteration.

4.2.3 Crane Modernization/Overhaul Contracts Na Pinangasiwaan ng Navy Crane Center. Hindi na kailangan na aprubahan sa karagdagang mga pag-iiba kung ang mga ito ay ginawa na may kuntrata at ang Navy Crane Center ang tinatantong *technical authority.* Magsisilbing *alteration approval* ang Navy Crane Center approved contract specification *at/o* drawings.

4.3 Locally Approved Crane Alterations. Mga pag-iiba sa *WHE* na hindi kasangkot ang load bearing parts, load controlling parts*,* o operational safety devices at hindi kasali sa mga paghahadlang sa ibaba, ay pwedeng ma-aprubahang local. Magbubuo ang mga naaangkop na engineering organizations ng locally approved alterations, na isinasalarawan dito ang pinaplanong pag-iiba, at kung kinakailangan ay samahan ng spesipikasyon, kumputasyon sa disenyo, drawings, at magagastos sa materyal. Maaaring nasa porma ng shop work documents ang mga locally approved alterations, ngunit kailangang samahan ng Navy Crane Center "Crane Alteration Request*"* cover sheet*.* Ang mga locally approved alterations ay isusumite sa Navy Crane Center pang-impormasyon sa loob ng 14 na araw matapos maaprubahan. Ire-reclassify at isasauli ng Navy Crane Center ang mga locally approved crane alteration requests na hindi sumusunod sa requirements paragraph na ito. Ilalagay sa isinauling request ang karagdagang mga dokumento o aksyong dapat na gawin. Mga alterations approved locally ay maaaring marebisa, sa dahilang, detalye sa pagmamakina o ibang maliit na pag-iiba, may approval ang *local engineering*, at dapat itala ang pagbabago sa shop work documents*.*

4.3.1 Alterations Batay sa Dating Approval ng Navy Crane Center. Mga pag-iiba sa load bearing parts, load controlling parts*,* at operational safety devices na dati ng inaprubahan ng Navy Crane Center sa partikular na kreyn sa isang *activity* ay maaaring maaprubahan locally pag pareho ang pag-iiba sa mga kreyn na magkatulad sa *activity*.

4.3.2 Minor Alterations na Hindi Nakakaapekto sa Load Bearing, Load Controlling, o Operational Safety. Mga alterations na magkabit ng mga bagay na hindi load bearing, load controlling*,* o operational safety devices, pero ang mga bagay na iyon ay ikakabit sa load bearing *o* load controlling items, bukod sa crane booms, ay maaaring ma-

aprubahang lokal. Kasama dito ang mga ikinabit ng *welding* alinsunod sa American Welding Society procedures o Navy equivalents o pagdi-*drill* ng maliliit na butas para sa mga fasteners. Ang pag-iibang ito ay hindi makakapagbawas ng pwersa o ibahin ang operasyon *ng load bearing or* load controlling item.

4.4 Karagdagang Pangangailangan at Mga Eksempsiyon

4.4.1 Pagpapalit sa Rated Capacity ng OEM. Anumang pagpapalit sa naipaskel na OEM's rated capacity ay ibibilang na pag-iiba o alterasyon ayon sa sumusunod:

4.4.1.1 Nauugnay na Pagpapalit sa Makinarya. Anumang pagpapalit sa OEM's rated capacity na sanhi ng deteryorasyon o mga depekto sa *load bearing parts*, *load* controlling parts, o safety devices ay ipinagbabawal. Down rating na sanhi sa mga natuklasang pagkakamali sa orihinal na disenyo ay pag-aaralan ng Navy Crane Center sa pamamagitan ng case-by-case basis.

4.4.1.2 Mga Pagpapalit Na Nauugnay sa Paligid, Administratibo, at sa Operasyon. Ang pagbabawas sa rated capacity ng OEM at/o mga bilis/speed (pagtaas, pag-ikot, at/o bilis sa pagbibyahe) batay sa mahirap na kundisyon sa operasyon, tulad ng limitado ang pundasyon o suporta, kundisyon sa lupa, o mga peligro sa operasyon, tulad ng mobile cranes sa barges, ay maaaring lokal na maaprubahan. Ang administrative down rating sa kahusayan ng operasyon (halimbawa, ang ganap na kapasidad ng kreyn sa pagbubuhat o bilis ay hindi kailangan) ay maaaring maaprubahang locally. Ang re-rating ng kreyn na dinown *rate* alinsunod sa talatang ito, hanggang sa kanyang OEM rated capacity ay maaaring local na maaprubahan; subali't ang kreyn ay malo-load *test* at mase-*certify* sa kanyang *re-rated capacity* kung ang kasalukuyang sertipikasyon ay batay sa testing sa kanyang down rated capacity. Kung ang pagbawas ng bilis/speeds ay nangangailangan ng pagpapalit sa *component settings*, tingnan ang talata 4.4.4 para sa naaangkop na direksyon. Kung ang kreyn ay microprocessor controlled, tingnan ang talata 4.4.5. Kung pagpapalit sa wiring o drawing ang kailangan, dapat kumuha ng approval sa Navy Crane Center ukol sa pagiiba ng kreyn. Tingnan ang Apendiks O sa karagdagang direksyon.

4.4.2 Mga Parteng Pampalit/Replacement. Ang sumusunod na kriteria ay ibinigay para malaman kung ang paggamit ng parteng pampalit ibibilang na pag-iiba/alteration.

a. Mapagpapalit-palit/Interchangeability. Anumang parteng pampalit na ang OEM's part number ay tiyak na nakilala sa iisang national stock number (NSN) sa Defense Logistics Information Service data base ay aprubado na pwedeng mapagpapalit-palit sa *anumang* manufacturer's part number na nakalista din na may parehas na NSN.

b. Pinagkasunduan ng *Industry* na mga Standard Equivalents. Replacement parts at hardware na kinilala ng industriya na kasama sa pinagkasunduang standard interchangeable equivalents ay aaprubahan ng activity engineering organization. Mga halimbawa ay AISE brakes at mill motors, SAE grading ng *bolts,* NEMA standard size

contactors, AGMA standard geared couplings, at AFBMA standard size bearings. Mga halimbawa ng mga organisasyon na may pinagkasunduang standards ay National Electrical Manufacturers' Association (NEMA), Association of Iron and Steel Engineers (AISE), Society of Automotive Engineers (SAE), Anti Friction Bearing Manufacturers' Association (AFBMA), American Gear Manufacturers' Association (AGMA), International Standards Organization (ISO), Industrial Fasteners Institute (IFI), at American National Standards Institute (ANSI). Sisiguraduhin ng *activity* na ang mga standard equivalent parts ay may parehas o pinahusay na anyo sa mga OEM parts na kasali, pero hindi laman ng limitado sa sealing, mounting at lubrication. Bearing dynamic at static ratings ay maaaring mas mababa sa OEM equipment sa kundisyong ang static rating ay higit sa minimum na kailangan sa aplikasyon at aprubado ng activity engineering organization.

c. Technical Bulletin. Hindi na kailangan ng approval mula sa Navy Crane Center kung ang kreyn o component OEM ay naglabas ng technical *o* parts bulletin o ibang official written notification na nag-aapruba sa paggamit ng partikular na hahaliling parte sa halip na ang orihinal. Ang activity engineering organization ang mag-aapruba ng paggamit sa hahaliling parte. Ang eksepsyon ay hindi sasaklaw sa major components tulad ng hoists, winches, motors, gearboxes, electronic drives, at booms. Kontakin ang Navy Crane Center Code 03 sa karagdagang gabay kung kailangan.

d. Inaprubahang *End Connections* sa Alambreng Lubid. Hindi kailangan ang Navy Crane Center approval kung magpapalit ng approved end connection alinsunod sa seksiyon 11.

Tandaan: Mga parteng pampalit na isinalarawan sa itaas ay hindi ibinibilang na para sa pag-iiba o alterasyon. Gayunman, ang mga pagpapalit ay idodukumento sa equipment history file, sa *drawings,* o sa *crane technical manual.*

e. Pagbuo sa Orihinal na mga Spesipikasyon. Kung hawak ng activity ang orihinal na kreyn o component OEM drawing, specification, at bill of material, maaari silang mag-*fabricate* ng parte o gumawa ang parte alinsunod sa standards nito. Hindi ito ibinibilang na pag-iiba o alterasyon.

f. Pagpapalit sa *OEM*. Kailangang aprubahan ng Navy Crane Center ang *OEM changes* ukol sa load bearing parts, load controlling parts, o operational safety devices. OEM changes sa ibang parte ay kailangan ng local alteration approval. OEM changes ay mga pagpapalit na ginawa ng OEM *o* OEM authorized agent habang nakakontrata sa repair, overhaul, *o* remanufacture ng kreyn o component.

4.4.3 Pangungumpuni/*Repairs*. Maayos na pagbabalik sa orihinal o sa halos orihinal na kundisyon ng parte ng kreyn o *component,* dimensiyon, o mekanikal sa pamamagitan ng kilala at tanggap na paraang teknikal, ay ibibilang na repair at hindi pag-iiba o alterayon. Mga halimbawa ay:

a. Pagwe-welding na pagkumpuni bukod sa crane booms, kung ginawa alinsunod sa pamamaraan ng American Welding Society o kahintulad sa Navy. Pagwelding na kumpuni sa hooks ay hindi pinapayagan.

b. Electroplating para pabalikin ang kinis/*finishing* at sukat ng ibabaw.

c. Refinishing ng electrical contacts.

d. Pagpapalit sa mga laos nang mga materyales ng mga makabagong materyales na inaprubahan ng Navy Crane Center.

e. Pagpapalit ng Navy Crane Center approved bolts/nuts sa mga *rivets* at bolts na kaparehas ng laki o size.

f. Mga maliliit na pagpapalit na hindi makabuluhang makakabawas sa lakas o pagbabago sa punsyon ng parte, tulad ng:

(1) Machining o *grinding* para alisin ang depekto sa ibabaw.

(2) Machining sa oversize bushings.

(3) Pagbutas o paglinis ng butas sa load bearing o load controlling components, bukod sa *boom* chord members.

(4) Pag-aalis ng materyal para pumantay ang mga pundasyon.

(5) Maliit na pagbabago ng posisyon sa *components* na pang alignment.

g. Ang pagpapanumbalik/restorasyon ng original interference o low clearance *fits* sa pagitan ng cylindrical components (hubs at shafts) at key/keyseat assemblies ay gagamit ng *anaerobic compounds.* Ang mga ito ay tanggap gamitin sa pagre-*restore* sa fits ng *torque* transmitting assemblies kung ang torque ay itina-transmit sa ibang paraan, tulad ng isang susi.

h. Pagtatanggal ng maikling wire rope para maiwasto ang mga depekto o palitan ang crossover points sa kondisyong susundin ang mga pangangailangan sa minimum dead wraps.

Tandaan: Tingnan ang Navy Crane Center web site (https://portal.navfac.navy.mil/ncc). para makita ang listahan ng kasalukuyang aprubadong pampalit na mga materyales sa Standing Crane Alterations.

4.4.4 Setting Adjustments ng Crane Component. Hindi ibibilang na pag-iiba o alterasyon ang pag-*aadjust* sa component settings alinsunod sa inatas na crane OEM ranges/tolerances. Mga adjustments na gumamit sa pinayagang OEM replacement parts, tulad ng stiffer brake springs, ay isang locally approved na pag-iiba o alterasyon. Ang pagtatatag ng brake setting ranges/tolerances sa labas ng brake at/o crane OEM

limits (o kung saan ang OEM ay walang binigay na setting range/tolerance) ay isang locally approved na alterasyon sa kondisyong ang activity engineering organization ang gagabay sa pagbuo ng bagong setting range/tolerance, at ang component ay na-load test (o nabigyan ng naaangkop na proof test na tinukoy ng activity engineering organization), para ma-patunayan ang bagong new setting range/tolerance. Kukuha ng pagsang-ayon ang activity engineering organization mula sa crane OEM kung praktikal. Sa karagdagang halimbawa, tingnan ang Apendiks O.

4.4.5 Alterasyon sa mga Microprocessor-Controlled Cranes. Mga pagpapalit sa mga microprocessor controlled crane systems na gumagamit ng *user programmable software* at/o *firmware* ay tutupad sa mga sumusunod na pangangailangan:

a. Isang pag-iiba ng kreyn na nangangailangang aprubahan ng Navy Crane Center ang pagpapalit ng *crane OEM's settings* na nagtatatag ng bagong *high* o *low limits sa programmable parameters.* Ang partikular na *drive OEM parameter ranges* ay hindi naman kailangang dapat tanggapin sa disenyo ng kreyn at dahil dito hindi ibinibilang na pinapayagang *crane design ranges*. Mga pagpapalit sa '*to as-built' parameters* kung saan ang crane OEM ay di tumutukoy ng isang *allowable crane design ran*ge ay mga *crane alterations* na nangangailangan ng Navy Crane Center approval. Naaangkop na *testing requirements* ay isasama para maipakita ang wastong pag-iiba.

b. Ang pagpapapalit, pagdadagdag, o pagtanggal ng *line ng software code* ay isang *crane alteration* na nangangailangan ng Navy Crane Center *approval* kung ang *line ng code* ay magkokontrol o magbibigay ng *fault detection* sa crane motion o ng operational safety device. Naaangkop na testing requirements ay isasama para maipakita ang wastong alterasyon.

c. Ang pagpapapalit, pagdadagdag, o pagtatanggal ng *line* ng software code ay locally approvable crane alteration kung ang *line* ng *code* ay hindi magkokontrol o magbibigay *ng* fault detection sa crane motion o sa operational safety device. Naaangkop na testing requirements ay isasama para maipakita ang wastong alterasyon.

d. Pansamantalang pagpapalit, pagdadagdag, o pagtatanggal ng line of software code o sa *programmable parameter* para sa troubleshooting o *emergent conditions* ay hindi crane alteration sa kondisyong ang *software* code at/o *parameter settings* ay isauli sa *dating load tested settings* bago ibalik sa serbisyo ang kreyn.

4.4.5.1 Eksepsyons. Ang alterasyon na tinukoy sa talata 4.4.5 ay maaaring maaprubahang lokal kung ang pag-papalit ay inaprubahan ng drive OEM at ng kreyn OEM.

4.4.5.2 Testing. Ang load test sa mga hoist drives ay kinakailangan alinsunod sa seksiyon 3 matapos ang software o programmable parameter adjustments *o changes,*

nailigtas man o hindi ang mga pagpapalit, na nakakaapekto ng brake settings, torque proving, o current limit. Kung ang *parameters* ay nai-*reset* at parehas sa dating load tested parameter settings, ang *load test* ay hindi kailangan. May kasulatang beripikasyon na ang *parameters* ay nai-*reset sa kanilang* dating load tested settings.

4.4.5.2.1 Eksepsyon sa *Load Test*. Mga alterasyon na hindi nangangailangan ng load test ay mga:

a. Reloading ng software. Ang wastong software ay isisegurado.

b. *Adjustment* o pagpapalit sa software, nai-ligtas man o hindi ang pagpapalit, sa kondisyong ang nai-*adjust* o pinalitang *software* ay hindi makakaapekto sa brake settings, torque proving, o *current limit*. Ang wastong software ay isisegurado.

c. Programmable parameter changes, nai-ligtas man o hindi ang mga pagpapalit, sa kondisyong ang *parameter changes* ay hindi makakaapekto sa *brake settings,* torque proving, *o* current limit. Ang wastong software ay isisegurado.

4.4.6 Nasirang Crane Booms

4.4.6.1 Main Chord, Telescoping Boom, at Nasirang Articulating Boom. Anumang kategorya 1 o kategorya 4 na kreyn, o kategorya 3 na truck mounted crane, na may sira sa telescoping *o* articulating boom o mayroong lattice type boom na may structural damage sa main chords, tubular man o structural steel shape, ay kailangan tanggalin agad sa serbisyo. Ang ibang booms sa mga bagong truck, cruiser, at crawler cranes ay gawa sa magaan, manipis na dingding, at matibay na low alloy tubular structural members. Kung ang main members ng mga *booms* ay nasira sa anumang paraan, tulad ng konting gasgas, malala ang kanilang pagkarukop at hindi kayang bumuhat ng *loads* sa mga *rated capacity* na mababa. Maliban sa naisulat sa ibaba para sa ASTM

A36 steel open section members, winelding na pagkumpuni ay gagawin ng *OEM* o hinirang ng *OEM* na repair facility alinsunod sa *OEM specifications*. Pamimilian, ang pagkumpuni ay maaaring gawin ng activity kung may ibinigay na procedures *at* specifications ang OEM. Ang mga pangkumpuni na ito ay hahawakan bilang mga locally approved alterations.

Kung ang OEM ay walang pamamaraan ng pagkumpuni , ang pagkumpuni ay maaaring gawin kung ang requesting activity ay maghahanda ng weld repair *procedure* na inaprubahan ng isang kuwalipikadong welding engineer at magbibigay ng kumpirmasyon na ang welding ay gagawin ng isang kuwalipikadong welder sa pamamaraang iyon. Ang mga pamamaraan ng magwelding na kumpuni na binuo ng *activity* ay isusumite kalakip ang alteration request na nangangailangan ng Navy Crane Center approval.

Weld repairs ng boom chord members *na yari sa* open section ASTM A36 steel *(at* kahambing na weldable mild steels) ay maaaring gawin bilang local na inaprubahang alterasyon na gumagamit ng lokal na na-debelop na pamamaraan ng pagwelding.

4.4.6.2 Pinsala sa Boom Lacing Damage. Mga booms na may lacing damage ay tatanggalin sa serbisyo hanggang may gagawing structural inspection para malaman ang kalaki ng pinsala. Ang activity engineering organization sa inspeksyon ang magsasabi kung ibabalik ang kreyn sa operasyon o kailangan ng agad na pagkumpuni. Mga kumpuni sa lacing members ay alinsunod sa *OEM's instructions*. Ang mgapagkumpunig ito ay hahawakan ng locally approved alterations.

Kung hindi available ang *OEM instructions*, bubuo ng pamamaraang pagkumpuni ang activity engineering organization at isumite kalakip ang alteration request para sa pag-aprub ng Navy Crane Center.

Mga kumpuning welding ng lacing members na yari sa open section ASTM A36 steel (at kahambing na weldable mild steels) ay maaaring gawin bilang locally approved na alterasyon na gumagamit ng lokal na na-develop na pamamaraan ng pagwelding.

4.4.6.3 Testing at Resertipikasypn. Pagkatapos ng pagkumpuni sa *boom,* ang trabaho ay mai-inspect at ang kreyn ay masubok at ma-recertify alinsunod sa seksiyon 3.

4.4.7 Mga Bahagi at Katangian ng Kreyn Bersus Kasalukuyang Design Standards

a. Mga bahagi at katangian ng kreyn na na-*pre-date* at/o hindi sumusunod sa UFC 3-320-7N ay mananatili sa kundisyong magpatuloy silang mag-*operate* ng maganda at walang ebidensya ng panganib. Ang hindi pagsunod at paglabag sa prinsipyo ng *engineering principles* ay itatama. Pagpapalit ng mga partes o *component* na iba sa orihinal ay kabilang alinsunod sa seksiyon na ito.

b. Kung ang hiling na pagpalit ay nagmumungkahi ng materyales na pangpalit na maliwanag na mas mahusay na disenyo at/o materyal, maaari itong isumite na walang kalkulasyon

c. Kung ang iminungkahing replacement shaft ay walang 1.5 design factor para sa infinite life, ang kanyang service life (batay sa conservative duty cycle) para sa 1.5 design factor ang maka-kalkula.

4.5 Mga Rekord ng Pagpapalit. Kumpletong dokumentasyon ng pagpapalit, paglalagay, at sertipikasyon para sa *approval* ng lokal o *Navy Crane Center*, ay nakatal sa equipment history file *ng kreyn*. Ang naaangkop na engineering drawings ay mare-rebisa kung kinakailangan.

APLIKASYON PARA SA PAG-IIBA NG KREYN	PAHINA 1 NG

AKTIBIDAD	*WORK ORDER NUMBER* NG AKTIBIDAD
PAMAGAT NG PAGPAPALIT SA KREYN	*REQUEST NUMBER* NG PAG-IIBA SA KREYN
	NAVY CRANE CENTER INFORMATION ( ) NAVY CRANE CENTER APPROVAL ( )

DESKRIPSYON NG KREYN

KAPASIDAD/URI	NUMERO	*MANUFACTURER*	*SPS CRANE* OO____HINDI____

DESKRIPSYON NG PAG-IIBA SA KREYN

ASSEMBLY	*SUB-ASSEMBLY*	*COMPONENT*	*PART*

MGA SANGGUNIAN *(DRAWINGS*, DEPEKTO SA *WEIGHT HANDLING REPORTS*, ATBP.)

SALAYSAY

ACTIVITY APPROVAL / REQUEST

NAGHANDA	PETSA	TELEPONO	FAX or EMAIL
RUMEPASO	PETSA	TELEPONO	FAX or EMAIL
c. Visibility. Tingnan ang pagkaliwanag sa makikita para masigurado na ang lahat ng bintana at salamin ay malinis, walang basag, at ang vandal guards ay inalis sa bintana.

d. Load Rating Charts. Masigurado na ang load rating charts ay nakapaskel sa operator's cab at maliwanag na nababasa.

e. List and Trim Indicator (Floating Cranes). Suriin ang list and trim indicator para masigurado na ang kreyn ay nasa level ng toleransya. Masigurado na ang mga list and trim bubble tubes ay nasa kanilang mga holders at hindi basag.

f. Boom Angle/Radius Indicator. Tingnan ang indicator(s) sa pinsala at masigurado na ang mga linkages ay konektado. Kung ginagamit ang electronic indicators, siguraduhin na merong power.

g. Fire Extinguisher. Masigurado na ang fire extinguishers ay nasa puwesto, hindi sira ang seals, at inspection tags ay up to date.

h. Level Indicator (Mobile Cranes). Tingnan ang level indicator kung may sira.

i. Mga Tags ng Panganib/Pag-iingat. Kung nakapaskel ang tag ng panganib o pagiingat, basahin, intindihin, at sundin ang mga direksyon sa mga tags. I-tsek ang naangkop na ODCL column bilang sumusunod: "S" – tama ang pagkakabitin ng lahat ng tag; "U" – mga tag na mali ang pagkakabitin o may diperensya; "NA" – walang tag.

9.1.2.1.4 Operational Check. Painitin ang makina. Kung nakahanda ng mag-check sa operasyon, alertuhan ang rigger at gawin ang mga sumusunod:

a. Area Safety. Suriin ang work area at siguraduhin kung nasaan ang mga harang o mga peligro. Siguraduhing ang kondisyon ng lupa ay sapat na matatag para suportahan ang loaded na kreyn.

b. Outriggers at Stabilizers. Bago sa unang pagse-set-up, checkin ang outriggers at stabilizers para masigurado na malaya silang gumalaw.

c. Kakaibang mga Tunog. Pakinggan kung may kakaibang tunog matapos ma-start ang makina. Humanap din ng tagas sa fluid, di tamang pag-function, maling readings sa gauges, at walang power o maling resulta sa kontrol ng engines o motors.

d. Control Action. Suriin ang controls sa layong abot sapat para masigurado na libre silang gumalaw at gumagana ng maayos ang mga katapat na parte kung gagamitin ang mga kontrol. Suriin ang hoist kontrol sa full speed range.

e. Alambreng lubid o Kadena. Suriin kung mayos ang paying-out ng alambreng lubid kadena, at hindi sila nakapulupot/nabuhol, at malaya silang nakakatakbo sa mga sheaves o sprockets at blocks. Kung nakikita ang boom and hoist drums o load sprocket mula sa operator's station, suriin kung tama ang pagkakarete ng alambreng lubid sa drum o chain sa load sprocket. Matapos ibaba ang hooks at ang boom kung may limit switch tests at hook inspections, obserbahan ang mga bahagi ng wire rope o chain na baka di makita sa walk around check.

f. Mga Preno at Clutches. Suriin ang preno at clutch at siguraduhing normal ang kanilang punsyon at hindi dumudulas, maluwag na pag-play, o pagdikit. Gamit-gamitin ang brakes at clutches para masiguradong sila ay tuyo.

g. Boom Angle/Radius Indicator. Suriin ang operasyon ng boom angle at/o radius indicator.

h. Limit Switches. Ang pagsusuri ng limit switches ay gagawin sa mabagal na bilis at isama ang bawa't upper hook hoist primary limit switch at ang upper and lower boom hoist primary limit switches. (Ang pagpapatunay na nag-oopereyt ang upper and lower boom hoist limit switches ay kailangan lang sa unang check ng kreyn sa bawa't araw.) Hindi kailangang suriin ang hook hoist lower limit switches kung maibababa ang hook sa pinakamababang posisyon na pwede (ibig sabinhin, ilalim ng drydock na tinitingnan sa minimum radius) habang pinapanatili ang minimum na dalawang ikot ng lubid sa hoist drum (three wraps sa mga walang ukit na drum). Sa mga kreyn na wala namang kinakailangang ilang beses na pagikot, ang hook hoist lower limit switch ay susuriin kung maaari , halimbawa, kung ang kreyn ay nakapwesto kung saan ang limit switch ay masusuri (kung hindi nasuri ang lower limit switch sa pre-use check, kailangan itong ma-check kung ang posisyon ay

babaguhin para ma-check). Sa mga kreyn na walang hoist upper limit switches, huwag ng suriin ang hoist overload clutches kung meron siya nito. (Hanapin sa seksiyon 10 ang mga pagiingat sa ganitong mga hoists.)

Hindi kailangang suriin ang secondary limit switches maliban kung may binabalak na partikular na operasyon kung saan ang primary limit switch ay ma-bypassed. (Hanapin sa seksiyon 10 ang pagko-kontrol ng bypassing ng mga safety devices.)

i. Emergency Stop (halimbawa, Power-Off Button). Suriin ang emergency stop. Alamin kung nasaan ito at siguraduhing gumagana ito ng maayos. Suriin ang emergency stop sa slow speed kung gumagalaw sa isang operasyon. (Hindi angkop sa diesel engine shutdowns sa portal at floating cranes.)

j. Ibang Operational Safety Devices. Suriin ang iba pang operational safety devices na tinukoy ng activity engineering organization.

k. General Safety Devices. Suriin ang general safety devices at siguraduhing gumagana sila.

l. Fleeting Sheaves. Suriin ang operasyon ng fleeting sheaves, kung makikita, para masiguradong malaya silang gumalaw sa shaft.

9.1.2.1.5 Mga Karagdagang Pre-Use Checks sa Floating Cranes, Kasali ang Mobile Kreyn sa Barges, Gamit sa Konstruksiyon. Ibig sabihin nito ay kung ligtas na itinali ang mobile kreyn sa barge, ito ay kailangang suriin sa bawa't shift sa mga pagkakapudpod, pangangalawang, maluluwag o nawawalang fasteners, at may depektong pagkaka-welding.

Kung ang floating kreyn (pati na mobile kreyn sa barges) ay ginagamit sa operason sa konstruksiyon ng mas matagal sa isang buwan, isang nadokumentong buwanang inspeksiyon ang gagawin. Isasama sa inspeksiyon ang lahat ng bagay na nakasaad sa pre-use inspection at ang mga sumusunod:

a. Ang sasakyang-dagat/lumulutang na aparato ay walang tubig na pumapasok.

b. Ang deck load ay maayos ang pagkaka-secure.

c. Ang vessel/flotation device ay di pinapasok ng tubig batay sa kundisyon ng chain lockers, storage, fuel compartments, at hatches.

d. Ang mga gamit panlaban sa sunog at pang-salba ng buhay ay nasa tamang lugar at gumagana.

Kung ang floating kreyn (pati na mobile kreyn sa barges) ay gagamitin sa operasyon sa konstruksiyon ng tatagal ng isang taon o mas mahaba pa, isasama sa annual condition inspection sa barge ang sumusunod:

e. Cleats, bitts, chocks, fenders, capstans, ladders, at stanchions, kung may kalawang, pagluluma, o mga depekto na makaapekto sa punsyon ng mga bagay na ito.

f. Mga makikitang tagas at pinsala sa istruktura; makikita ang mga ito sa ibaba ng waterline sa pamamagitan ng internal inspection sa barge.

g. Four-corner draft readings.

h. Kung nagagamit pa ang firefighting equipment.

i. Rescue skiffs, lifelines, work vests, life preservers at ring buoys kung nasa kundisyon.

9.2 Pre-Use Check (Non-Cab Operated Kategorya 3 na Kreyn).

a. Sa lahat ng kreyn, gagawa ang operator ng isang pre-use operational check bago unang gamitin ang kreyn sa bawa't araw. Sa mga kreyn na gamit sa konstruksiyon, gagawin ang check bago simulan ang bawa't shift kung saan gagamitin ang kreyn. Ang operational check ay para masigurado na ang mga crane controls, brakes, at limit switches ay gumagana ng maayos. Hooks, hook latches, wire rope, at load chains ay susuriin kung wasto ang kundisyun at wire rope o load chain reeving. Itong pre-use check ay hindi na kailangang madokumento. Ireport sa superbisor kung may natuklasang mga problema.

b. Sa mga bridge, wall, at gantry cranes, isang documented pre-use check ay gagawin kahi't man lamang minsan isang buwan kung ginagamit ang kreyn. Alinsunod ito sa talata 9.1.2**,** maliban lang na ang pre-use check ay mula sa lupa. Kukumpletuhin at pipirmahan ng qualified operator ang checklist. Ibibigay ng operator ang checklist sa superbisor para ma-review.

9.3 Operator-Detected Deficiencies

9.3.1 Load Bearing Parts, Load Controlling Parts, at Operational Safety Devices. Kung ang operator, habang ginagawa ang arawang check ng makinarya o habang nasa operasyon, ay may naobserbahang depekto ng load bearing part, load controlling part, o operational safety device (halimbawa, naka-asterisk na item sa ODCL); o isang operating condition na magreresulta sa hindi makontrol na galaw, hindi makagalaw na tulad ng inaasahan mula sa control input, o di kaya ang kreyn ay hindi ligtas, kaagad niyang itigil ang kreyn sa pagpapatuloy ng operasyon at ipaalam sa superbisor ang napansing depekto. Kasama dito ang mga malakas na tagas. Irereport agad ng superbisor sa kreyn inspection organization ang mga depekto para matingnan ito at maiwasto ang sira, kasama ang engineering resolution kung kailangan. Ang kreyn (o apektadong hoist sa kreyn na maraming hoists) ay hindi ibabalik sa serbisyo hanggang maaayos ng wasto o masuri ang mga depekto ng activity engineering organization

bago ibalik sa operasyon. Kung walang activity engineering organization, ang inspection organization ang magsusuri ng pinsala at ang certifying official ang mag-aapruba kung pwede ng ibalik sa operasyon. Hanapin sa seksiyon 2 at 3 para sa mga pangangailangan sa repair, inspection, at certification. Mamarkahan ang mga items na hindi kanaisnais. May isusulat sa remarks block na magsasabi sa partikular na parte at ilarawan ang kundisyon na hindi kanaisnais. Mamarkahan ng operator ang angkop na bloke sa ODCL sa mga kasong alam (at may tag) na depekto, (halimbawa, “Electric Motors” sa hindi umaandar na portal crane travel motor; “Operation” sa hindi gumaganang hoist) bilang unsatisfactory at ipaliwanag sa remarks block na kung saan sinabing ang kreyn ay satisfactory sa operasyon at isulat ang mga restrictions. Sa ganoong mga kaso, hindi na kailangang kontakin ng operator ang kanyang superbisor.

9.3.2 Ibang mga Depekto. Sa iba pang depektong nakasulat sa ODCL, ang item ay mamarkahan ng unsatisfactory at isasalarawan ng operator ang mga depekto sa remarks block. Ibibigay ng superbisor ng operator ang ODCL sa organization na magwawasto nito. Sa mga non-cab operated kategorya 3 na kreyn, ang activity ay magbibigay ng mga pamamaraan para ipaalam at ukol sa pagwawasto.

ANG ARAWANG CHECKLIST NG KREYN OPEREYTOR

NUMERO NG KREYN	URI/KAPASIDAD	LOKASYON	PAGTATAKDANG PETSA NG SERTIPIKASYON	*SHIFT* 1	2	3	METRO SA ORAS UMPISA	TAPOS	ORAS NA INOPERATE	PETSA

MGA OPEREYTORS

LEGEND

S = SATISFACTORY/ KASIYA-SIYA U = UNSATISFACTORY/ KASIYA-SIYA HINDI NA = NOT APPLICABLE/ HINDI NAAANGKOP

1 MAGLAKAD NG PALIGID AT I-TSEK		S	U	NA	2 I-TSEK ANG MACHINERY HOUSE		S	U	NA	3 I-TSEK ANG CAB OPEREYTOR		S	U	NA	4 I-TSEK ANG PAGPAPATAKBO		S	U	NA
a	Mga Safety Guards at mga Plates				a	Housekeeping				a	Mga Gauges				a	Kaligtasan sa Lugar *			
b	*Frame* ng carrier sa I-*rotate Base*				b	Diesel Engine sa Generator *				b	*Tagapagpahiwatig at babala't ilaw*				b	*Outrigger* at *Stabilizers* *			
c	Pangkalahatang *Hardware*				c	Mga Tagas				c	Pagiging tanaw *				c	Hindi pangkaraniwang ingay			
d	Alambreng Lubid *				d	Lubrikasyon				d	*Kaurian ng talangguhit ng karga* *				d	Kontrolin ang Pagkikilos *			
e	Reeving *				e	Baterya				e	*Listahan*/Trim *tagapagpahiwatig (lumulutang kreyn(s)* *				e	Lubid ng kuwad o kadena *			
f	Bloke *				f	Mga Ilaw				f	*Boom* anggulo/pagtuturo ng *radius* *				f	Preno at *clutches* *			
g	Kawit *				g	Salamin				g	*Fire Extinguisher*				g	*Boom* anggulo/pagtuturo ng *radius* *			
h	Mga Sheaves ng mga Sprockets *				h	Mga *Clutches* at mga Preno *				h	*Tagapagpahiwatig ng antas* *				h	Limitashyon ang mga *switches* *			
i	Boom at Jib *				i	Mga kuryenteng Motor *				i	*Panganib/lingat Tag* *				i	*Emergency Stop* *			
j	Gantry, Pendants, at mga Boom Stops *				j	*Auxiliary Engine* at *Compressor*									j	Iba pang mga pagpapatakbo na kaligtasan ng mga aparatong *			
k	Mga Tulayan, Hagdan, at mga Barandilya				k	Mga Tags ukol sa Panganib/Pag-iingat *									k	Pangkalahatang kaligtasan ng mga aparatong			
l	Mga Windlocks, Stops, at mga Bumpers				l	Mga Fire Extinguishers									l	Panandalian na *sheaves* (*wheel* para sa lubid para sa kalo *block*)			
m	Mga Gulong, Goma at mga Daanan				m	Mga Hose Drum Pawls at mga Rachets *													
n	Mga Tagas																		
o	Mga Outriggers sa mga Stabilizers *																		
p	Kadena ng karga *																		
q	Kaligtasan sa lurgar *																		

TAGUBILIN - Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop na mga bagay na nakasaad, bawat *shift*. Suspindihin ang lahat ng mga pagpapatakbo agad kapag obserbahan ang isang hindi kasiya-siya kondisyon ng anumang bagay na ipinahiwatig na may asterisk (*) maliban kung ang kondisyon ay nasuri at patuloy operasyon ay pinahintulutan ng pag-iinhinyerong aktibidad ng samahan. Bilang karagdagan, suspendihin ang operasyon kapag ang anumang hindi ligtas na kondisyon ay sinusunod at agad na abisuhan superbisor. Para sa anumang hindi kasiya-siya na bagay, matukoy ang partikular na bahagi at ilarawan ang kakulangan sa block "Remarks".

Superbisor sa Lagda

Petsa

Lagda ng First Opereytor	Lagda ng Opereytor	Lagda ng Opereytor	Lagda ng Opereytor
Petsa	Petsa	Petsa	Petsa

Pangungusap

PIGURA 9-1

SEKSIYON 10
KALIGTASAN SA OPERASYON

10.1 Mga Pangkaligtasang Tuntunin sa Operasyon sa Kreyn. Maraming buhay ang nabubuwis tuwing taon dahil sa mga sakuna sa kreyn, mga grabeng kapinsalaan, at/o pinsala sa ari-arian. Karamihan sa mga ito ay sanhi ng pagkakamali ng mga tauhan at maaari naman itong iwasa. Ang kaligtasan sa operasyon ng kreyn ay bunga ng epektibong samahan ng mga operators, riggers, at crane walkers. Karamihan sa mga aksidenteng nangyayari, maaaring ang isang team member ay may ginawang hindi ligtas o hindi nagsagawa ng kinakailangang ligtas na action. Karamihan sa mga kaso kung saan ang team personnel ang nagkasala ay sanhi ng kapabayaan, maling pagdedesisyon, sobrang pagtitiwala, o kaya'y pagmamadali na matapos na ang trabaho. Nakasaad sa mga seksyon sa ibaba ang basic crane safety procedures na kung saan dapat ang bawa't crane team member ay intindihin ng mabuti at palaging praktisin para maiwasan ang sakuna.

10.1.1 Pangangasiwa ng Panganib sa Operasyon (ORM). Tinutukoy sa OPNAVINST 3500.39 ang proseso ng operational risk management (ORM), na ang layunin ay itatag ang ORM bilang isang mahalagang bahagi ng naval operations, pagsasanay, at pagpaplano, at upang mapalaki ang kakayahan sa mga operasyon at ang pagiging laging handa. Ang proseso ng ORM ay isinadya na pantulong sa pagdedesisyon na gagamitin ng mga tao sa lahat ng antas upang mapaghandaan ang mga panganib, mabawasan ang peligro sa tanggap na antas, at mabawasan ang posibilidad ng mga sakuna. Isa sa mga layunin ng ORM training ay makabuo ng sapat na kakayahan na gawin ang proseso na magiging automatic na lang ang ORM o intuitive na bahagi ng pagdedesisyon. Ang proseso ng ORM ay sumasaklaw sa lahat ng WHE operations. Inienganyo ng activities na gamitin ang pamamaraan ng ORM sa pagpaplano at preparasyon sa lahat ng mga WHE lifts.

10.2 Crane Team. Ang crane team ay binubuo ng mga crane operator, rigger-in-charge, crane riggers, at crane walkers, na kinakailangan. Magtalaga dapat ang rigger supervisor ng isang rigger-in-charge (team leader), crane riggers, at crane walkers. Ang kalaki ng team ay dapat angkop sa klase ng trabaho na tutukuyin ng rigger supervisor.

Ang konsepto ng epektibong teamwork ay idiin ng management. Ang mga team members ay dapat sama-samang iseguro ang kaligtasan ng crane operations. Kung saan ang bawa't miembro ng team ay may kanya-kanyang responsibilidad, ang lahat ay may pananagutan na malaman ang mga posibilidad na problema at ipaalam sa lahat ng miembro ng team. Ang sinumang crane team member ay dapat magpahinto ng trabaho sa anumang oras kung may makitang hindi ligtas na kundisyon at ireport sa superbisor ang mga problema na hindi malutas ng team.

10.2.1 Mga Responsibilidad

10.2.1.1 Rigger-in-Charge. Ang rigger-in-charge ang may kabuoang kontrol ng operasyon kasama na: ang pagpaplano ng lahat ng aspeto ng lift; ang malaman ang timbang ng load na bubuhatin; ang magtalaga ng naaangkop na paraan ng komunikasyon sa operator; ang pagtiyak na ang load ay tama ang pagka-rigged; ang

pagtiyak na ang crane operating envelope ay walang mga sagabal; ang magbigay ng signals sa operator o magtalaga ng isang rigger o signal person na magbibigay ng signals; at isagawa ang operasyon sa isang ligtas na paraan. Ang rigger-in-charge ang magko-coordinate ng lahat ng gagawin ng ibang crane team members.

10.2.1.2 Crane Rigger. Ang crane rigger ang magsasagawa ng mga assignments mula sa rigger-in-charge o rigger supervisor, kasama na ang: aalalay sa crane operator sa pagsasagawa ng pre-use check ng crane; wastong pagpili ng gear at inspection bago gamitin; ligtas na pagre-rig ng load; at palaging ipaalam sa rigger-in-charge ang mga nakakadudang mga pangyayari ukol sa operation.

10.2.1.3 Crane Walker. Kasama sa responsibilidad ng crane walker ang: tulungan ang rigger at operator sa pre-use check ng crane; at siguraduhin ang ligtas na pagbiyahe ng crane sa paraang pag-obserba ng potensyal na harang, wastong pag-aalign ng crane rail switches, at nasa isang posisyon upang ipaalam agad sa operator na ihinto ang operations kung may problemang lilitaw.

10.2.2 Mga Responsibilida ng Operator. Ang pangunahing responsibilidad ng operator ay ang ligtas na operation ng crane. Kasama sa mga ito ang: pagsagawa ng pre-use check ng crane sa umpisa ng shift; intindihin ng mabuti ang lift bago magsimula, kasali na ang paglahok sa mga pre-lift briefings; palaging may komunikasyon sa rigger-in-charge o designated rigger sa buong operation; gagalaw lamang kung may utos na gawin ito (kung kinakailangan ang ganung direksyon, hal., sa cab-operated cranes); at hindi papayag na magpaandar ng crane kung may mga makitang mga problema ukol sa kaligtasan ng operation.

10.2.2.1 Operator Condition. Ang pinakauna at maaaring pinakaimportante, ay ang pagtantya ng operator sa sarili kung tiyak na kaya ng kanyang pisikal, mental, at emosyonal ang mag-operate ng machine. Ang mga buhay ng karamihan ay nakadepende sa aksyon ng operator. Kung may iniinom na gamot ang operator, kailangang komunsulta sa doktor ukol sa masamang epekto ng gamot. Tatanungin niya dapat sa sarili: Maganda ba ang aking pakiramdam? Kaya ko ba ang mga pisikal na gawain sa operation? Maliwanag ba ang aking pag-iisip at wasto ba ang aking paggunita sa mga nagdaan? Alerto ba ako? Maganda ba ang aking ugali ngayon? Kalmado ba ako, hindi mainit ang ulo, at tama ang pagdedesisyon? Kung hindi makasagot ng tapat na oo ang operator sa mga tanong na ito, ang pag-ooperate ng crane ay maaaring magbunga sa isang sakuna at hindi siya dapat mag-operate ng crane.

10.2.2.2 Pag-iintindi sa Crane. Sa karaniwan, ang mga crane operators sa naval activities ay kinakailangang mag-operate ng iba't-ibang mga uri, yari, at modelo ng mga cranes. Ganap na may kaalaman dapat ang operator sa katangian ng pag-ooperate, kasama na ang pagiintindi ng nakapaskel na operational na mga paghihigpit o mga limitasyon sa bawa't uri, yari, at modelo ng crane na gagamitin.

10.2.2.3 Aparato sa Pangkaligtasan. Maraming uri ng cranes ang may safety devices na nakakabit sa kanila. Maraming safety systems ang mahirap unawain at nangangailangan ng pagsasanay sa kanilang operations. Ito ay partikular sa mga

mobile cranes na pinauupahan sa maikling gamitan. Sisiguraduhin dapat ng activities sa pamamagitan ng training, pre-briefs, spot checks, o performance examination, na ang operators at supervisors ay may kaalaman sa operation ng safety systems sa mga itinalagang cranes. Hindi dapat ipagpalagay na ang kaalaman sa isang system ay sapat na para sa mga ibang cranes. Intindihin dapat ng operators na ang safety devices tulad ng interlocks at limit switches ay hindi gagamitin sa operational controls. Ang buong atensyon ng operator sa potensyal na panganib ang mahalaga sa halip na mga ito. Ang mga operators ay dapat sanayin sa paggamit ng limit switches (hoist, rotate, at travel) sa mabagal na takbo lamang.

Bilang karagdagan, ang bawa't activity ay dapat magbuo ng mga procedures sa pagkokontrol ng pagba-bypass ng safety devices. Ang supervisors ang magkontrol ng paggamit sa mga susi ng safety device bypassing. Ang mga susi ay dapat alisin sa bypass switches kung hindi ginagamit. Ang mga susi ay aalisin sa crane at itago ng supervisor maliban kung may mga kakaibang activity operations (hal., operating mobile cranes sa malalayong lugar) kung saan kailangan ang mga susi ay nasa crane. Kung hindi ito praktikal o ang safety devices ay pwedeng ma-bypass sa ibang paraan, ang pahintulot sa bypassing/defeating safety devices (liban sa performance ng operator's pre-operation inspection) ay kukunin sa operator supervisor. Ang requirement na ito ay dapat ipaskel sa operator's cab. Para sa mga mobile at electric cranes na walang proteksyon laban sa two-blocking, ang activities ay dapat magbuo ng mga crane specific procedures na idinisenyo para mabawasan ang posibilidad ng two-blocking (hal., ipagbawal ang hoisting kung ang hook block ay sa loob ng 10 feet ng pagdikit ng boom o 3 feet mula sa pagdikit ng hoist frame, sa kondisyong susubaybayan ng rigger ang hook block kung lalapit ang hook sa boom o sa hoist frame, na ipagbawal ang anumang makitang sabay na crane movement habang may hoisting, etc.). Magtagubilin dapat ang mga supervisors sa operators ukol sa mga procedures bago ibigay ang assignment sa ganoong mga cranes.

10.2.2.3.1 <u>Kargdagan Requirements sa Operational Safety Devices, General Safety Devices, at Operational Aids sa Cranes Gamit sa Construction.</u> Ang mga sumusunod na operational safety devices, general safety devices, at related equipment ay kinakailangan sa cranes na gamit sa mga construction operations, maliban kung hindi naman tinukoy:

a. Isang wastong gumagana na crane level indicator na kasama sa equipment o available sa equipment. Ito ay hindi na kailangan sa mga portal cranes, derricks, floating cranes/derricks at land cranes/derricks sa mga barges, pontoons, vessels o ibang paraan ng flotation.

b. Ang mga boom stops, maliban sa derricks at hydraulic booms.

c. Ang mga jib stops (kung nakakabit ang jib).

d. Ang equipment na may foot pedal brakes ay dapat may locks sa pedals.

e. Ang mga hydraulic outrigger jacks at hydraulic stabilizer jacks ay dapat mayroong integral holding device/check valve.

f. Ang mga hydraulic boom luffing at telescoping cylinders ay dapat mayroong integral holding device.

g. Para sa mga equipment na ginawa pagkatapos ng Disyembre 16, 1969, ang boom hoist limiting device ay kinakailangan. Kung ang equipment ay ginawa sa araw na iyon o bago mag Disyembre 16, 1969, at walang boom hoist limiting device, kahi't isa man lang sa mga sumusunod na pamalit na pamamaraan ang kailangan:

   (i) Gumamit ng boom angle indicator.

   (ii) Markahan ng maliwanag ang boom hoist cable (para madali itong makita ng operator) sa puntong mabigyan ng sapat na panahon ang operator na itigil ang hoist para ilagay ang boom sa loob ng minimum na pinapayagang radius. Dagdag pa, magkabit ng mga salamin o remote video cameras at displays kung kailangan para makita ng operator ang marka.

   (iii) Markahan ng maliwanag ang boom hoist cable (para madali itong makita ng spotter) sa puntong mabigyan ng sapat na panahon ang spotter na magbigay ng signal sa operator at maitigil ng operator ang hoist para ilagay ang boom sa loob ng minimum na pinapayagang radius.

h. Ang luffing jib limiting device (sa cranes na may luffing jibs).

i. Ang mga telescopic boom cranes na ginawa pagkatapos ng Pebrero 28, 1992, ay dapat lagyan ng anti two-block o two-block damage prevention device(s). Ang device(s) ay pipigil ng pagkasira sa lahat ng punto na pwedeng mangyari ang two-blocking.

j. Ang mga lattice boom cranes na ginawa pagkatapos ng Pebrero 28, 1992, ay dapat lagyan ng anti two-block o two-block damage prevention device(s), o nagbibigay ng warning sa operator para mapigilan ng operator ang two-blocking. Ang device ay pipigil ng sira/pagkabagsak o magbigay ng sapat na warning sa lahat ng punto na pwedeng mangyari ang two-blocking.

k. Ang mga articulating boom cranes na ginawa pagkatapos ng Disyembre 31, 1999 na may load hoist ay kakabitan ng anti two-block o two-block damage prevention device(s). Ang device(s) ay pipigil ng pagkasira sa lahat ng punto na pwedeng mangyari ang two-blocking.

l. Ang boom angle o radius indicator na nababasa mula sa operator's station. (Hindi na kailangan sa articulating boom cranes.)

m. Ang jib angle indicator kung ang equipment ay may luffing jib. (Hindi na kailangan sa articulating boom cranes.)

n. Ang boom length indicator kung ang equipment ay may telescopic boom, maliban kung ang rated capacity ay bukod sa boom length. (Hindi na kailangan sa articulating boom cranes.)

o. Ang equipment na ginawa pagkatapos ng Marso 29, 2003 ay dapat mayroon kahit isa man lamang sa mga sumusunod: load weighing device, load moment (o rated capacity) indicator, o load moment (o rated capacity) limiter.

p. Ang mga category 2 o 3 cranes na ginagamit sa construction ay dapat mayroong anti-two block device.

q. Isang gumaganang busina na nakalagay sa equipment o nasa equipment at agad na magagamit ng operator.

r. Ang mga cranes sa rails ay dapat mayroong rail clamps at rail stops, maliban sa portal cranes.

s. Isang accessible fire extinguisher ang dapat ilagay sa crane.

Hindi dapat magsimula ang operasyon hangga't ang lahat ng mga devices na binanggit sa itaas ay gumagana at tumatakbo. Kung ang device ay hindi gumagana habang may operasyon, ligtas na dapat itigil ng operator ang operasyon. Kung anuman sa mga devices ay hindi gumagana, ang equipment ay dapat tanggalin sa service at ang operasyon ay hindi magpapatuloy hangga't inaayos ang device.

10.3 Operation Manual ng OEM. Dapat basahin, intindihing mabuti, at sundin ang lahat ng tuntunin, mga bilin sa kaligtasan, at pag-iingat sa OEM's operation manual ng crane operator. Ito ay para din sa mga instructors at supervisors sa unang checkout ng mga bagong cranes. Kung hindi available ang operating procedures mula sa manufacturer, ang activity ay magbubuo at titiyaking susundin lahat ng procedures kailangan sa isang ligtas na operasyon ng equipment at attachments. Ang mga procedures na magpapalit o magbubuo ng capacity ng crane (kung ang original capacity ay hindi available mula sa manufacturer) ay dapat isumite sa Navy Crane Center para maaprubahan. Ang operation manual ng OEM ay ilagay dapat sa crane at palaging available sa operator ng lahat ng category 1 at 4 cranes. Kung hindi nagkakatugma ang instructions na ibinigay ng OEM kumpara sa mga local safety instructions o safety procedures na nakalagay dito sa document, dapat ipaalam ng operator ang mga hindi pagkakatugma sa kanyang supervisor para maresolbahan.

10.3.1 Pandagdag na Impormasyon ng OEM ukol sa Kaligtasan. Ang mga manufacturers, partikular na sa mga mobile cranes, ay madalas na mag-issue ng mas pangkasalukuyang impormasyon at mga dagdag sa operasyon manual na ibinigay para sa partikular na crane. Ang karamihan sa impormasyon (kahi't minsan ay nakasulat sa service bulletins) ay ukol sa safe operation ng crane. Ang activities ay dapat kumontak sa OEM o sa authorized distributor para sa mga karagdangang

impormasyon na naaangkop sa cranes, at, kung praktikal, ay idagdag sa OEM's distribution.

10.4 Operasyon sa Pagbubuhat. Ang mga lifting operations ay dapat igrupo sa dalawang basic categories, complex lifts at non-complex lifts.

a. Maliban kung isinulat, ang mga lifts ukol sa mga sandata at paputok (ordnance) ay ibibilang sa kategoryang bukod sa mga kriterya para sa complex/non complex lifts. Ang mga ordnance lifts ay may naiibang procedures at approved ordnance handling equipment na ginagamit. Gayunpaman, ang mga lifts of ordnance na may ginagamit na mga tilt fixtures; mga lifts of ordnance na papunta/galing sa mga barko kung saan ang binding ay maaring mangyari, tulad ng VLS/CLS operations; mga lifts of ordnance na tinukoy sa subparagraphs 10.4.1(d) hanggang (i) ay ibibilang na mga complex lifts. Para sa mga ordnance lifts, sundin ang NAVSEA OP-5 bukod sa manual na ito. Isang pre-lift brief ay dapat isagawa para matiyak na ang mga tungkulin at responsibilidad ng crane team at ng ordnance handling team ay nagkakaintindihan at lubos na may pagkakatugma.

10.4.1 Complex Lifts. Ito ang mga lifts na may mga katamtaman hanggang mataas na level na panganib kasama dito ang:

a. Mga mapanganib na materials, hal., lason, kalawang, mga pumuputok na bagay, etc. Hindi kasama dito ang palletized unit loads of ordnance, o materials tulad ng oxygen, acetylene, propane, diesel fuel, o gasoline sa mga lata, o tanke na nakataling mabuti sa racks o stands gamit pang buhat at transporting sa crane.

b. Mga malaki at complex geometric shapes.

c. Mga lifts ng personnel.

d. Mga lifts higit sa 80 percent ng capacity ng crane's hoist (hal., main hoist, whip hoist) na gamit sa (lifts higit sa 50 percent ng hoist capacity para sa mga mobile crane na nakalagay sa barge). Para sa mga variable rated cranes, ito ay dapat nasa maximum na inaasahang radius sa plinanong paggamit. (ang mga lifts na may jib cranes, pillar jib cranes, fixed overhead hoists, at monorails ay hindi kasali. Ang mga lifts ng mga test weights habang may maintenance o testing kung inutos ng qualified load test director ay hindi kasali.)

e. Ang mga lifts ng nakalubog o nakalubog kaunti na mga bagay. Ang mga sumusunod na lifts ay hindi ibinibilang na complex:

Ang pagtatanggal ng valves, rotors, pipes, etc., mula sa dip tanks para malinis o mapinturahan.

Ang pagbubuhat ng mga bangka na alam agad ang timbang mula sa tubig kung ang boats ay open design na may mga bilge compartments na accessible para sa visual na inspection; ang mga bangka na may label plates na nakalagay ang mga

timbang; at ang mga bangka na may naitalagang lifting points na inilagay ng OEM o ng activity engineering organization.

Ang pagbubuhat ng mga lumubog o konting pagkakalubog na mga bagay na sumusunod sa mga pamantayang ito: ang bagay ay natiyak na may fluid sa pockets at/o voids na hindi isinama sa timbang ng bagay; ang bagay ay natiyak o alam na hindi naii-stuck sa pamamagitan ng suction o pagdidikit sanhi ng kalawang, marine growth, labis na surface tension, mud, etc.; at ang mga bagay ay natiyak na walang mga sagabal tulad ng ibang mga bagay sa tubig, underwater cables, etc.

f. Ang mga multiple crane o multiple hook lifts sa parehong crane, maliban sa bridge o gantry cranes na may hooks na magkasama at partikular na ginawa para sa magkakasabay na lifting tulad ng jet engine test stand lifting cranes.

g. Ang mga lifts na kakaiba ang pagkamahal o mga bihirang equipment o components.

h. Ang mga lifts ng mga pinuwersa o may potensyal na mapuwersa na mga loads (binding condition). Tingnan ang paragraph 10.5

i. Ang mga ibang lifts na kasali sa non-routine operations, ang mga mahihirap na operations, sensitive equipment, o mga kakaibang safety risks.

10.4.1.1 Pagkilala at Mga Tuntunin. Ang mga activities ang dapat magpasya kung ito ay complex lifts at maghanda ng mga tuntunin (kasama na ang rigging sketches kung kailangan) sa mga pagbubuhat. Ang mga tuntunin ay maaaring standard written instructions o detailed procedures na partikular sa lift.

10.4.1.2 Superbisor o Working Leader Review at Pagkalingat. Ang rigger superbisor, operator superbisor, o ang rigging o crane operator working leader (classified bilang WL) ay dapat mag-review ng on-site conditions para sa mga complex lifts at dapat magsagawa ng pre-job briefing bago simulan ang bawa't complex lift para masigurado na ang lahat ng crane team personnel ay naiintindihan ang required procedures para sa lift. Ang rigger supervisor, operator superbisor, o working leader ang personal na dapat mag-supervise sa mga sumusunod na lifts:

a. Ang mga lifts na hihigit sa 80 percent ng certified capacity ng crane hoist na ginagamit sa lift.

b. Ang mga multiple hook lifts kung ang weight ng object na binubuhat ay hihigit sa 80 percent ng certified capacity ng anumang hoist na ginagamit sa lift (tingnan ang exception sa paragraph 10.4.1.f).

c. Mga lifts of ordnance na gumagamit ng tilt fixtures.

Kung ang lifts ay inuulit-ulit, ang superbisor o working leader ay dapat naroon habang isinasagawa ang unang evolution ng lift kasama ang bawa't rigging crew. Ang mga susunod na kaparis na lifts na gagawin ng parehong crew ay maaaring gawin sa ilalim ng pag-gabay ng rigger-in-charge.

10.4.2 Non-complex Lifts. Ang mga lifts na ito ay ordinaryo at hindi na kailangan ng superbisor. Maaari silang isagawa sa ilalim ng diskresyon ng qualified rigger.

10.5 Mga Paghahanda bago Magbuhat. Dapat maintindihan at sumunod sa load rating chart na nakapaskel sa crane ang mga operators at riggers. Ang rigger na nagbibigay ng signals ay dapat italaga ganoon din sa uri(mga) ng komunikasyon na gagamitin.

Para maiwasan ang overloading sa anumang equipment (hal., hoist, rigging gear, container, material handling platform) na ginagamit sa crane lift, dapat alamin o tantyahin batay sa wastong pagdedesisyon ng rigger-in-charge ang timbang na bubuhatin at, kung naaangkop, ang maximum radii na kung saan ang load ay kukunin at ipoposisyon. Kung ang timbang ay tinantiyang may higit sa 50 percent ng capacity ng hoist (sa maximum anticipated radius kung naaangkop) o 80 percent ng capacity ng rigging gear, platform/skid, below-the-hook lifting device, etc., ang timbang ay kailangan tiyakin sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang engineering evaluation o sa paggamit ng local procedure na inaprubahan ng certifying official o ng activity engineering organization. Maaari din, isang load indicating device ang gagamitin. Kung sakaling may mangyari na overloading sa crane o rigging dahil sa binding conditions, isang portable load indicating device na may readout na madaling makita ng signal person o RIC ang gagamitin. Kung gagamit ng load indicating device, isang naaangkop na stop point ang dapat italaga at ang load indicating device ay masusing i-monitor para masigurado na ang stop point ay hindi malalampasan. Kung kailangan, mga chainfalls o iba pang hoisting control na paraan ang gagamitin para maiwasan ang biglang pag-ooverload ng crane o rigging gear. Ito ay isang complex lift.

Tandaan: Ang mga electrically powered load indicating o mga ibang devices na ginagamit malapit sa mga mga sandata at mga pumuputok ay dapat sumunod sa Hazards of Electromagnetic Radiation to Ordnance (HERO) requirements ng NAVSEA OP 3565.

Para sa mga mobile cranes, magagamit din ang mga sumusunod. Alam dapat ng operator ang boom at jib length at crane configuration, at intindihing mabuti at sundin ang mga crane's load rating charts na may kalakip na notes. Sa pagdetermina ng safe maximum working radius sa load na hahawakan, dapat isaalang-alang ng crane team kung ang lift ay isasagawa sa gilid, harap, o likuran (o kumbinasyon), at kung ang operasyon ay isasagawa sa may mga gulong o sa mga outriggers/stabilizers. Para sa mga lifts na hihigit ng 50 percent ng crane's capacity sa maximum na inaasahang radius ng plinanong paggamit, tiyakin dapat sa aktwal na measurement o sa pamamagitan ng pag-ooperate ng crane na gamitin ang empty hook sa lift evolution at tiyakin ang radii mula sa radius indicator. Para sa mga lifts na hihigit sa 80 percent, tiyakin dapat ang aktwal measurement kung pwede (hal., huwag lang aasa sa crane radius indicator). Ang ideyal na sitwasyon ay dapat iposisyon ang crane na magkasinlayo sa pagitan ng pickup at set down points. Para

hindi na kailangan palitan palagi ang posisyon ng boom, tiyakin na ang load na bubuhatin ay nasa loob ng crane's allowable loading (kasama ang naaangkop na deductions sa hook, block, ancillary equipment, etc.) sa lahat ng measured radii. Huwag dapat sobrahan ang mga distansyang ito habang isinasagawa ang actual lift. Kung ang load ay hindi mailagay sa lugar na dapat paglagyan, tiyakin ang radius (at pinapayagang load) sa bagong set down location bago ito ilapag. Ikumpara ng operator sa pana-panahon ang mga alam na weights at sinukat na radii ng load at mga radius indicating devices sa crane para matiyak ang ganap na kawastuan ng devices. Kung hindi sigurado sa kaeksaktuhan, sabihin sa superbisor.

10.5.1 Mga Timbang ng Equipment at Pagmamarka. Ang mga man lifts, aerial platform vehicles, forklifts, mobile cranes, at similar equipment na maaaring mabuhat ng crane ay dapat timbangin at ma-stencil ang mga timbang sa pounds. Para sa mga activities na ginawa sa ibayong bansa, pinapayagan ang mga karagdagang marka ng timbang sa kilograms. Ang mga OEM marked weights ay tinatanggap. Ang mga lifting points at/o lifting configurations ay dapat kilalanin.

Ang mga sand hoppers, tubs, platforms, custom designed skids at pallets, at ibang malalaking containers na may material ay dapat markahan ng empty at full weights. Sa mga containers na ginagamit sa basura o mga pira-pirasong labi, ang safe working load ay maaaring markahan, sa kondisyong ang container ay bukas o accessible para madetermina ng rigger ang uri at timbang ng material na inilagay sa container. Dapat Italaga ng OEM o ng activity engineering organization ang full weights. Kung walang marka ang timbang ng container, tiyakin ang timbang gamit ng isang load indicating device o dynamometer. Tantyahin ang kalaki ng load indicating device, dynamometer, rigging gear, at crane para makuha ang maximum possible weight ng unmarked load. Kung ang marked container ay hindi matiyak na empty o ang container ay minarkahan lang ng full weight, ang container ay ibibilang na full o kaya'y isang load indicating device ang gagamitin.

10.5.2 Kundisyon ng Lupa. Hindi dapat gagamit o mag-aasemble/disassemble ng mga cranes hangga't matiyak na ang lupang kinatitirikan ay sapat ang pagkatatag, pagkatuyo, at graded, para kung sakaling gagamitan ng supporting materials (kung kailangan), ang crane manufacturer's specifications para sa kinakailangan support at degree ng level ng crane ang susundin. Siguraduhin dapat ng activity na alam ng operator kung saan ang mga panganib na lugar at kung saan ipupuwesto ang crane, tulad ng voids, tanks, at utilities. Kung masigurado ng operator na ang kondisyon ng lupa ay hindi maganda o may problema, hindi dapat ituloy ang trabaho at ipaalam sa activity engineering organization para mapagpasyahan.

10.6 Mga Komunikasyon. Kailangan dapat intindihin at gamitin ng mga operators at riggers ang Standard Hand Signals na nasa figures 10-1 at 10-2 sa pag-control ng crane operations. Ang karagdagang mga senyas (kung kailangan) ay dapat aprubahan ng operator at rigger supervisors at isasama sa operator at rigger training programs. Ang lahat ng mga hand signals ay dapat ipaskel sa crane cab para makita ng operator. Kung hindi available ang mga pickup at lay down areas ng isang rigger, mga karagdagang mga riggers ay ibibigay kung kailangan. Isang magandang paraan ng

paglilipat ng kontrol ng load sa pagitan ng riggers ang gagamitin. Direct voice at radio communications ay tinatanggap din.

Kung hindi posible ang hand signals, ang rigger na nagbibigay ng signals ay kailangan palaging may voice communication sa operator. Ipagpapalagay na kung huminto ang communication, ihinto dapat ng operator ang operasyon hanggang manumbalik ang communication.

Ang device(s) na ginagamit sa voice signals ay dapat masuri sa site bago simulan ang operasyon para matiyak na ang pagbibigay ng signal ay epektibo, maliwanag, at maaasahan. Ang signal transmission ay isasagawa na gagamit ng isang dedicated channel, maliban sa multiple cranes, at ang isa o higit pang signal persons ay maaaring magsamang gumamit ng dedicated channel para mas maayos ang operasyon. Ang pagtanggap ng operator sa mga signals ay sa pamamagitan ng hands-free system.

Ang pagbibigay ng direksyon sa boses ng operator ay mula sa kanyang perspektibo. Ang bawa't voice signal ay binuobuo ng mga sumusunod na elemento, ayon sa pagkakasunod-sunod: function (tulad ng hoist, boom), direksyon; distansya at/o bilis; function, stop command.

Tandaan: Ihinto dapat ng operator ang crane sa anumang oras at sitwasyon kung may panganib. Dagdag pa, kaagad magreresponde ang operator sa utos mula sa sinuman na magpapahinto ng kanyang crane.

10.7 Pangkalahatang Pag-iingat sa Operasyon. Para sa lahat ng mga operasyon, ang crane operator ay dapat palaging alerto baka hindi makita ng taong nagmamando ng operasyon ang lahat ng mga panganib. Palaging alerto ang operator sa mga nakasagabal, mga tao, at pakiramdaman ang kilos ng makina. Huwag dapat payagan ang sinumang walang pahintulot na mga tauhan sa paligid ng makina, kung nasa operasyon. Magdamit ng naaangkop at magsuot ng safety gear. Huwag dapat ilabas ang anumang parte ng katawan sa mga gumagalaw na makina.

Agad na paandarin ng operator ang emergency stop kung makita niyang wala na siyang control ng load.

Ang operator ay dapat nasa controls sa lahat ng oras kung ang load ay nakabitin mula sa crane. Hindi kasali ang mga slings at ibang gear na gamit sa pagre-rig ng load at hindi kasali ang load attached sa crane na may lundo sa rigging gear. Hindi din kasali ang mga under-running bridge cranes, jib cranes, pillar cranes, pillar jib cranes, monorails, at fixed overhead hoists na ginagamit sa industrial processes na nangangailangan ng nakabitin na load tulad ng paglilinis, pagtanggal ng grasa, pagpipintura, pagsusuri, at similar na mga gawain. Para sa mga kasong iyon, ang nakabitin na load ay dapat mas mababa sa 80 percent ng crane's rated capacity, ang area ay kailangan i-secure para maiwasan ang walang pahintulot na personnel sa pagpasok, ang crane ay lalagyan ng tag para malaman ang kondisyong ito, at ang load ay hindi nakabitin ng mas mahaba kaysa sa kinakailangan. Tatantiyahin dapat ng

activities ang lahat ng potensyal na panganib bago iiwan ang rigging gear sa walang taong crane, tulad ng exposure sa personnel, weather conditions, ang kalapit ng crane o gear sa mga sagabal, at ang mga posibilidad sa banggaan. Dagdag pa, ang anumang gear na naiwan sa crane ay hindi dapat pipigil sa pagsasagawa ng operator's pre-use check kung ito ay kailangan.

Ang loads ay hindi dapat nakabitin o igalaw sa ibabaw ng personnel. Kung ito ay kinakailangan, maaaring pumunta ang personnel sa ilalim ng suspended loads sa maikling panahon para magkabit/magtanggal ng mga takip, gumawa ng kabitan, iposisyon ang mga suporta, atbp., sa kondisyong hindi nakabitin ang load sa tapat ng ulo ng empleyado at ang mga braso lamang ang nasa ilalim ng load. Dapat aprubahan ng rigger-in-charge ang anumang pagkuha ng bagay sa ilalim ng load. Hindi dapat gagalaw ang load habang may kinukuha sa ilalim nito. Iiwasan ng activities hangga't maari ang mga gawaing ito habang nakabitin ang mga loads. Hindi dapat isagawa ang lifts sa mga maraming mga objects na magkakapatong kung saan ang bawa't object ay na nai-rigged sa naunang object. Maliban sa mga personnel na nagsasagawa ng rigging/unrigging ng load o nagkakabit/nagtatanggal ng load papunta/galing sa structure o sa ibang component, ang lahat ng mga iba pang personnel ay dapat wala sa fall zone (i.e., ang area kung saan napipintong may babagsak na nakabiting materials at magresulta sa aksidente). Ang mga personnel na tatanggap ng inilalapag na load ang siya lamang papayagan sa fall zone. Para sa mga tilt-up o tilt-down operation, ang mga personnel na mahalaga sa operasyon ang siya lamang papayagan sa fall zone (pero hindi direktang nasa ilalim ng load). Ang tauhan ay mahalaga sa operasyon kung isinasagawa niya ang isa sa mga sumusunod, at maipakita dapat ng superbisor na hindi maisasagawa ng tauhan ang operasyon sa labas ng fall zone: pisikal na gabayan ang load; masusing i-monitor at magbigay ng instructions ukol sa load's movement; o tanggalin ito mula sa o unang pagkakabit nito sa ibang component o structure (tulad ng, pero hindi lang mga ito), pagsasagawa ng unang connection o pag-install ng bracing).

Pasimulan at panatiliin lahat ng mga crane movements ng mabagal at masusing subaybayan ang boom movement upang mapigilan ang boom "kick back". Huwag gawin ang mabilis na acceleration at braking. Ang mga ito ang nakakasama at nagbibigay panganib sa machine at ang mga parte nito sanhi ng pagsasalpok ng loads. Delikado din ang pagbibilis at nababawasan nito ang tsansa ng pagwawasto. Huwag bilisan ang pag-relieve sa boom ng load kung tumigil ang isang loaded wire rope suspended boom o jib malapit sa boom. Ang mga wire ropes na nabatak ng husto kung loaded at biglang bumabalik sa dating posisyon kung tinanggal ang load ay dapat alisin agad. Makakasanhi ito sa boom ng "kick back" sa boom stops at sisirain ang boom. Sa ganitong pangyayari, parehong mga boom hoist at hook hoist ang gagamitin sa paglapag ng load. Gamitin ang power lowering kung maaari. Ang mga hooks na ginagamit sa cranes at hoists ay dapat may self-closing latches o ang throat opening ay may "moused" (secured ng wire, rope, heavy tape, etc.) o kaya'y naka-secure para maiwasan ang nakakabit na bagay na matanggal sa hook kung ito ay lulundo/luluwag. Ang mga sumusunod na eksepsyon ang gagamitin at dapat aprubahan ng activity engineering organization: ang mga bagay na kung saan ang hook throat ay naharang

ng husto at hindi puwedeng i-secure ng manual, at mga lifts kung saan ang pagse-secure ng hook throat ay magiging mapanganib sa personnel tulad ng forge shop o dip tank work.

10.7.1 Control sa Work Area. Upang mapigilan ang mga empleyado na pumasok sa lugar kung saan sila ay pwedeng makulong, maipit, o madaganan ng rotating superstructure ng crane, dapat magtayo at panatilihin ng crane team ang mga control lines, warning lines, railings o mga harang upang malaman ang hangganan ng hazard areas. Ipaalam muna dapat ng empleyado sa operator na pupunta siya sa isang lugar na sakop ng hazard area na hindi nakikita ng operator, bago siya pumunta dito sa nasabing lugar. Kung alam ng operator na pumunta ang empleyado sa hazardous location, hindi niya dapat paikutin ang superstructure hangga't may una na silang napagkasunduan ng empleado kung ano ang gagamiting sistema ng komunikasyon na ang employee ay nasa isang ligtas na posisyon. Kung may anumang parte ng crane/derrick ang nasa loob ng working radius ng ibang crane/derrick, ang activity ay magtatakda ng isang sistema para magkatugma ang mga operasyon.

10.7.2 Electromagnetic Interference Susceptibility. Ang mga electronic equipment sa cranes, kasama na ang control systems at load indicating devices, ay maaaring maapektuhan ng electromagnetic interference (EMI), lalo na sa mga operasyong malapit sa radar ng barko o sa ibang pang radio transmitting sources. Alam dapat ng activities ang EMI environment sa kapaligiran ng crane operations at tantyahin ang magiging epekto nito sa mga equipment na madaling maapektuhan ng mga ganitong pangyayari.

10.7.3 Mga Karagdagang Requirements sa Assembly/Disassembly (kasama ang re-reeving) ng mga Cranes. Para sa pag-aassemble o pagkakalas ng equipment o attachments, pati na ang mga detanggal na counterweights sa construction operation, ang supervisor o rigger in charge (RIC) ang dapat mamahala ng operasyon. Para sa mga non-construction operation, ang requirements nitong subparagraph ang susundin, pero ipapalit ang operator o rigger sa superbisor o RIC.

Ang superbisor o RIC ang dapat mag-review sa mga naaangkop na procedures kaagad bago simulan ang assembly/disassembly. Titiyakin dapat ng supervisor o RIC na ang mga bagong crew members (kasama ang mga crew members na galing sa ibang mga gawain) na maintindihang mabuti ang kanilang trabaho, ang mga panganib kasama sa kanilang trabaho, at ang mga delikadong posisyon/lugar na kailangan nilang iwasan.

Bago pumunta ang crew member sa isang lokasyong hindi nakikita ng operator at ito ay sa loob, ibabaw, o ilalim ng equipment, o malapit sa equipment (o load) kung saan siya ay maaaring masaktan sanhi ng paggalaw ng equipment (o load), ipaalam dapat niya sa operator na siya ay pupunta sa nasabing lokasyon. Kung alam ng operator na pumunta ang crew member sa location na nasabi sa itaas, hindi niya dapat paikutin ang anumang parte ng equipment (o load) hangga't may una na silang napagkasunduan ng crew member kung ano ang gagamiting sistema ng komunikasyon na ang crew member ay nasa isang ligtas na posisyon.

Kung ang mga pins (o kaparis na devices) ay tinatanggal, ang mga empleyado ay hindi dapat pumunta sa ilalim ng boom, jib,o sa iba pang components, maliban kung mga paghahadlang sa site ay nangangailangan ng isa o higit pang employees na pumunta sa ilalim ng boom, jib, o iba pang components kung saan tinatanggal ang pins (o kaparis na devices). Ang supervisor o RIC ang dapat magpatupad ng procedures na babawas sa panganib ng mga hindi sinasadyang delikadong paggalaw at para mabawasan ang katagal at kalawak ng exposure sa ilalim ng boom.

Para sa lahat ng bahagi ng assembly/disassembly, ang rated capacity ng crane, equipment components (kasama rigging), lifting lugs, at ang mga equipment accessories ay hindi dapat higitan.

10.7.3.1 Posibleng mga Panganib. Tutugunan dapat ng superbisor o RIC ang sumusunod na posibleng mga peligro sa operasyon, kasama dito ang mga:

a. Kundisyon sa site at ground ay dapat sapat para sa ligtas na operasyon ng assembly/disassembly operations at para masuportahan ang equipment habang may assembly/disassembly.

b. Kung ginagamit na pang-suporta ang lattice booms o components, ang blocking ay dapat ilagay ng wasto para maprotektahan ang kabuoang struktura ng equipment at para maiwasan ang mga delikadong paggalaw at pagbagsak.

c. Ang kalaki, kadami, kundisyon at paraan ng pagsasalansan ng blocking ay dapat sapat para makaya ang loads at mapanatili ang katatagan.

d. Kung gumagamit ng assist crane, ang mga loads na inilalapat sa assist crane sa bawa't bahagi ng assembly/disassembly ay dapat tiyakin bago pasimulan ang assembly/ disassembly.

e. Ang point(s) ng attachment ng rigging sa boom (o boom sections o jib o jib sections) ay dapat angkop na mapigilan ang pinsala sa struktura at mapadali ang ligtas na paghawak sa mga parteng ito.

f. Ang center of gravity ng load ay dapat tukuyin kung kailangan para sa paraan na gagamitin sa pagpapanatili ng katatagan. Kung walang impormasyon na pagkukunan nito, gagawa ng mga paraan na gagamitin upang mapigilan ang hindi sinasadyang mga delikadong paggalaw sanhi ng maling identipikasyon ng center of gravity.

g. Ang mga boom sections, boom suspension systems (tulad ng gantry A-frames at jib struts), at components ay dapat ma-rig o masuportahan upang mapanatili ang katatagan kapag inalis ang mga pins.

h. Ang mga suspension ropes at pendants ay hindi papayagan na sumalo sa boom o jib connection pins, cotter pins, keepers, o locking pins.

i. Isaalang-alang din ang posibilidad ng hindi pinaplanong paggalaw sanhi ng hindi sapat na mga nasuportahang counterweights at mula sa hoisting counterweights.

j. Tuwing maglalagay ng reliance sa boom hoist brake upang mapigilan ang boom movement sa mga assembly/disassembly, suriin muna ang brake bago ang reliance para malaman kung ito ay sapat na magpigil ng boom movement. Kung hindi ito sapat, ang boom hoist pawl, mga iba pang locking device/back-up braking device, o ibang paraan ng pagpipigil ng mapanganib na paggalaw ng boom (tulad ng blocking o paggamit ng assist crane) mula sa boom hoist brake failure ang gagamitin.

k. Isaalang-alang ang katatagan sa pag-atras bago pauguyin ang pantaas na gawain, pagbibiyahe, at sa pagkabit o pag-alis ng equipment components.

l. Ang epekto ng bilis ng hangin at ng panahon sa operasyon ay isasaalang-alang din.Limitasyon ng manufacturer sa maximum kadami ng boom na kayang suportahan ng cantilevering ay hindi dapat higitan. Kung hindi ito available, kumontak sa Navy Crane Center.

m. Limitasyon ng manufacturer sa maximum kadami ng boom na kayang suportahan ng cantilevering ay hindi dapat higitan. Kung hindi ito available, kumontak sa Navy Crane Center.

n. Ang timbang ng bawa't component ay dapat palaging available.

10.7.3.2 <u>Mga Kinakailangan ng Outrigger/Stabilizer.</u> Kung ang load na hahawakan at ang operating radius ay gumagamit ng outriggers o stabilizers sa anumang oras, sundin ang mga susunod na mga pangangailangan:

a. Ang ganap na dapat na pinahabang mga outriggers o stabilizers.

b. Kung gumamit ng outrigger floats, ikabit sila sa outriggers. Kung gumamit ng stabilizer floats, dapat ikabit sila sa stabilizers.

c. Ang bawa't outrigger o stabilizer ay dapat makita ng operator o ng signal person habang may extension at setting.

d. Ang outrigger at stabilizer blocking ay susunod sa lahat ng requirements sa paragraph 10.7.3.1.b at 10.7.3.1.c, at ilalagay lang sila sa ilalim ng outrigger o stabilizer float/pad ng jack o, kung saan ang outrigger o stabilizer ay nadisenyong walang jack, sa ilalim ng outer bearing surface ng extended outrigger o stabilizer beam.

10.7.3.3 Mga Kinakailangan sa Inspeksyon Matapos ang Assembly. Matapos ang assembly, dapat suriin ang equipment. Ang mga magagamit uli na mga shipping pins, links, straps, at mga kaparis na equipment ay dapat tanggalin o i-eempake kung hindi man ay i-embak upang hindi maging panganib kung mahulog man ang mga ito.

10.7.3.4 Espesyal na mga Kinakailangan sa mga Lattice Boom Assembly/Disassembly. Kung kakalasin ang boom sections, wala dapat tatanggalin (bahagi o buo) sa mga pins ng pendants kung ang pendants ay may tensyon. Walang tatanggalin (bahagi o buo) sa mga pins (itaas o ibaba) ng boom sections sa pagitan ng pendant attachment points at ng crane/derrick body kung ang pendants ay may tension. Wala dapat tatanggalin sa pins (itaas o ibaba) ng boom sections sa pagitan ng uppermost boom section at ng crane/derrick body habang ang boom ay sinusuportahan ng uppermost boom section na nakalapag sa lupa (o ibang suporta). Walang tatanggalin (bahagi o buo) sa top pins ng boom sections na nasa cantilevered portion ng boom na inaalis (uunahing alisin ang portion bago ang pendant attachment points) hangga't masuportahang mabuti ang cantilevered section na inaalis.

10.7.3.5 Assembly/Disassembly na Malapit sa Overhead Power Lines. Habang may assembly/disassembly operations, ang crane, attachments, load lines, at ibang equipment ay dapat nasa posisyon kung saan walang anumang parte ng crane, attachments, load lines o ibang equipment ang makakalapit sa loob ng 20 feet (sa power line voltages ng 350kV o mas mababa) o 50 feet (sa power line voltages higit sa 350 kV) sa isang energized power line. Walang assembly/disassembly ang papahintulutan sa ilalim ng energized power line sa anumang distansya. Pahintulutan dapat lamang ang assembly/disassembly sa loob ng mga nasabing distansya o sa ibaba ng power line kung titiyakin ng activity mula sa utility owner na wala ng kuryenteng dumadaloy sa power line at makita na ang linya ay grounded sa worksite.

10.8 Pagbubuhat ng mga Personnel. Ang pagbubuhat sa personnel ng crane ay dapat isagawa lamang kung wala ng iba pang ligtas na paraan ang magagamit. Sa pagbubuhat ng personnel, ang sumusunod na mga requirements ang susundin:

a. Ito ay ibilang na complex lift tulad ng binanggit sa itaas. Ang bawa't activity ay may nakasulat na procedures alinsunod sa mga requirements na ito. Aaprubahan dapat ng activity safety office ang procedures na ito.

b. Ang mga cranes, rigging gear, at personnel platforms ay susunod sa OSHA 29 CFR 1926.1431 requirements at ASME B30.23 para sa personnel platform.

c. Ang body harness at shock absorbing lanyard ay dapat isuot at nakakabit sa strukturang bahagi ng personnel platform na kayang sumuporta sa tama mula sa isang pagbagsak. (Attachment ng lanyard papunta sa load block ay hindi pinapayagan.) Ang harness at anchorage system ay alinsunod sa CFR 1926.502 requirements. Kung nagtatrabaho sa ibabaw o malapit sa tubig na may posibilidad ng pagkalunod, dapat mabigyan ang mga employees ng U.S. Coast Guard-approved life jacket o buoyant work vests. Bago at matapos ang bawa't gamit, ang buoyant work vests o life jackets ay susuriin kung may

depekto na makakabago ng kanilang tibay o buoyancy. Hindi na gagamitin ang mga may sira. Ring buoys na may 90 feet ng line ay ibibigay at laging available sa mga emergency rescue operations. Ang distansya sa pagitan ng mga ring buoys ay hindi dapat higit sa 200 feet. Kahi't isa man lang dapat na lifesaving skiff ang agad na available sa mga locations kung saan ang mga employees ay nagtatrabaho o malapit sa tubig habang may mga construction operations.

10.8.1 Personnel Platform Loading. Ang personnel platform ay hindi dapat magkarga ng higit sa kanyang rated load capacity (maliban lang sa proof test/trial lift). Hindi hihigit sa bilang ng taong kailangan sa trabahong gagawin ang papayagan sa personnel platform. Ang personnel platforms ay gagamitin lang ng personnel, kanilang mga tools, at mga materials na kailangan sa kanilang trabaho at hindi ito gagamitin ng mga hoist materials o tools kung hindi nagtataas ng personnel. Ang mga materials at tools na ginagamit sa personnel lift ay dapat iligpit para maiwasang mawala ang mga ito at ikalat ng pantay sa paligid ng platform habang ang platform ay nakabitin.

10.8.2 Operasyon. Ang hoisting ng personnel platform ay dapat gawin sa isang mabagal, kontrolado, at maingat na paraan kung saan walang pabigla-biglang paggalaw sa crane. Ang operasyon ay tatapusin sa paraang isa-isang partikular na crane function ang gagamitin. Ang load at boom hoist drum brakes, swing brakes, at locking devices tulad ng pawls o dogs ay pagaganahin kung ang occupied personnel platform ay nasa isang stationary position. Pantay dapat ang pagka-level ng crane na hindi hihigit sa isang porsyento ng level grade at nakapwesto ito ng pirme. Ganap na dapat pahabain ang outriggers o stabilizers at i-lock, sa mga cranes na mayroon nito (kung may binigay na locks ang crane OEM) sa pagho-hoist ng personnel. Ang total na timbang ng loaded personnel platform at kaugnay na rigging ay hindi dapat higit sa 50 percent ng rated capacity para sa radius at configuration ng crane. Ang mga lift at lowering speeds ay hindi hihigit sa 100 feet per minute.

10.8.2.1 Pagsubok na Lift. Magsasagawa dapat ng isang trial lift sa walang laman na personnel platform na kakargahan man lamang sa inaasahang bigat na bubuhatin, mula sa ground level, o sa anumang lokasyon na papasok ang personnel sa platform sa bawa't lokasyon kung saan bubuhatin at ipupwesto ang personnel platform. Gagawin ito agad bago ilagay ang personnel sa platform. Titiyakin ng operator na ang lahat ng mga systems, controls at safety devices ay gumagana at kung nasa wastong pagtakbo ang mga ito; at kung walang interference; at kung ang lahat ng kinakailangang mga configurations ay magpapahintulot sa operator na hindi hihigit sa 50 percent limit ng rated capacity ng hoist upang makarating sa mga work locations. Kung higit sa isang lokasyon ang pupuntahan mula sa isang set up position, gumawa ng individual trial lifts sa bawa't lokasyon, o isang trial lift, kung saan ang platform ay ililipat ng sunod-sunod sa bawa't lokasyon; ang pamamaraan na napili ay siya din ang dapat gamitin sa pagho-hoist ng personnel. Para sa mga mobile cranes, ang trial lift ay uulitin bago mag-hoist ng personnel tuwing ililipat ang crane at mai-set up sa bagong location o isauli sa dati ng nagamit na location. Bilang karagdagan, ang trial lift ay uulitin kung ang lift route ay papalitan maliban kung sa tingin ng operator ang pagpapalit ay hindi naman importante (hal., ang pagpalit sa route ay hindi makaka-apekto sa kaligtasan ng hoisted personnel). Pagkatapos ng trial lift, at bago mai-hoist ang personnel, itataas ang platform ng ilang

pulgada at suriin upang makaseguro na ito ay secure at wasto ang pagka-balanse. Hindi dapat itaas ang personnel hangga't mangyayari ang mga sumusunod na kundiyon: Walang pagkakabuhol sa mga hoist ropes, ang bawa't isa sa mga multiple part lines ay hindi nagkakapilipit, ang pangunahing attachment ay nakasentro sa ibabaw ng platform, at susuriin ang hoisting system kung ang load rope ay maluwag para matiyak na ang lahat ng lubid ay wasto ang pagkakalapat sa drums at sa sheaves.

Isang visual inspection ng crane, rigging, personnel platform, at ng crane base support o ground ang agad gagawin matapos ang trial lift para malaman kung ang testing ay nag-expose ng depekto o nakapagbigay ng masamang epekto sa anumang component o structure. Susuriin ang hoist rope alinsunod sa section 9. Ang mga makikitang sira sa inspections na magbibigay ng peligro, ay itutuwid bago ma-hoist ang personnel. Pagkatapos ng trial lift process, siguraduhing alisin ang test weight.

Tandaan: Para sa mga portal at floating cranes na ginagamit sa shipbuilding, ship repair, o ship breaking, hindi na kailangan gawin ang trial lift kung sa tantya ng rigger at crane operator supervisors batay sa kanilang nakitang kundisyon sa lokasyon at klase ng trabahong gagawin ay hindi na ito kailangan (hal., pare-parehong lifts ang gagawin sa magkakasunod na araw na parehas din ang operator at ibang personnel, babalik sa trabaho pagka-pananghali na parehas din ang personnel mula sa deck ng floating crane sa araw ding iyon). Ang mga trial lifts ay kailangan tuwing makikita ng crane team na dapat isagawa para sa kaligtasan ng personnel habang lift.

10.8.2.2 Proof Test. Para sa bawa't job site (e.g., drydock, wharf, pier, building, deck ng floating crane, etc.), bago mag-hoist ng employees, ang platform at rigging ay mapo-proof test sa 125 percent ng rated load ng platform. Isasagawa ito kung saan ang platform ay ibababa sa pamamagitan ng controlled load lowering, ihihinto, at itigil ang position ng hindi bababa sa limang minuto kung saan ang test load ay pantay ang pagkakalatag sa platform (maaari itong isabay sa trial lift). Anumang mga sira ang makita na makakapagbigay ng panganib ay iwawasto at muling gagawin ang proof test. Kailangan ng proof test kung ang personnel platform ay ililipat sa bagong job site. Ang trial lift ay kailangan kung ang platform ay ililipat sa bagong location nakapaloob sa job site kung saan ang platform ay na-proof test na, sa kondisyong walang sirang makikita habang nasa biyahe ito. (Ang paragraph na ito ay hindi para sa shipbuilding, ship repair, o ship breaking.) Matapos ang proseso ng proof test, siguraduhing tinanggal ang test weight. Isagawa dapat ang proof test ng personnel platform pagkatapos ng anumang repair o alteration.

10.8.2.3 Kaligtasan ng Lift. Isang meeting ang idadaos na dadaluhan ng crane team, personnel na bubuhatin, at ng taong mananagot sa trabahong gagawin upang marepaso ang mga naaangkop na procedures na susundin. Ito ay idadaos bago ang trial lift sa bawa't bagong work location, at gagawin tuwing may bagong personnel sa operation.

Bago lumabas o pumasok ang personnel sa hoisted platform na hindi pa nailalapag, i-secure ang platform sa structure kung saan gagawin ang trabaho, maliban kung ang pag-secure sa structure ay magdudulot ng panganib. Siguraduhin ng mga personnel na lahat ng parte ng katawan ay nasa loob ng platform habang may itinataas,

ibinababa, at ipinupwesto. Ang probisyon na ito ay hindi sumasaklaw sa signal person na nasa platform. Gagamit ng tag lines maliban kung ito ay magdudulot ng panganib. Ang crane operator ay mananatili dapat sa controls sa lahat ng oras kung okupado ang platform. Itigil agad ang hoisting ng personnel kung may napipintong masamang panahon o panganib. Ang mga personnel na itinataas ay palaging nakikita at nakakausap ng operator o signal person. Kung hindi ito posible, at ang paggamit ng signal person ay lalong magbibigay ng peligro sa tao, maaari na lang gumamit ng direktang komunikasyon sa radio. Walang isasagawang lifts sa ibang load lines ng crane kung may nakabiting personnel sa platform. Ipinagbabawal ang pagbibiyahe ng crane kung may nakabiting personnel, maliban sa mga portal at bridge cranes (pwedeng bumiyahe ang portal cranes na ang boom ay nasa anumang position na naaayon sa direksyon ng pagbiyahe, pahilera, patayo, etc.). Isang kumpletong trial run ang dapat isagawa para masubukan ang ruta ng biyahe bago payagan ang personnel na pumunta sa platform. Maaari itong isabay sa trial lift.

Kung sosobra ang wind speed (tuloy-tuloy o pabugo-bugso) sa 20 miles per hour sa ipinaplanong taas ng personnel platform, pagpapasiyahan ng supervisor sa ganoong kondisyon ng hangin, kung ligtas bang magsagawa, o magpatuloy ng lift. At kung hindi, hindi sisimulan ang lifting operation (ititigil kung ito ay nasimulan na). Para sa mga iba pang kundisyon sa panahon at sa mga paligid, pagpapasiyahan ng supervisor sa ganoong pangyayari at napipintong panganib, kung ligtas na magsagawa, o magpatuloy ng lift. At kung hindi, hindi sisimulan ang lifting operation (ititigil kung ito ay nasimulan na). Habang binubuhat ang occupants, hindi sila uupo o tatayo sa ibabaw, o magtrabaho mula sa tuktok. sa intermediate rail o sa toe board, o gumamit ng anumang paraan/aparato upang itaas ang kanilang work height. Hindi hihilain ng occupants ang platform ‘out of plumb’ kaugnay sa hoisting equipment. Kung naka-secure ang platform sa isang structure, hindi gagalawin ng operator ang platform hanggang makatanggap siya ng confirmation na ang platform ay libreng nakabitin. Hindi dapat itaas ang personnel kung may anumang parte ng crane, rigging gear, o personnel platform ang nakapaloob sa distansyang 20 feet ng isang 350 kV energized overhead power line o sa loob ng 50 feet ng isang sobra sa 350 kV na overhead power line.

10.9 <u>Malalang mga Kundisyon ng Operasyon.</u> Kung may makitang masamang operating condition ang operator, ititigil niya ang operations at ipaalam sa supervisor para malutas. Ang mga kundisyong ito ay sanhi ng masamang panahon (niyebe, yelo, hangin, ulan, kidlat, etc.), mga hindi sapat na pang-suporta (malambot na lupa, outrigger/stabilizer bearing nahulog sa manhole, etc.), mga sagabal o balakid; mali o kulang na rigging procedures, o anumang mga sitwasyon na sa tantya ng operator ay magreresulta sa hindi makontrol na paggalaw o magbibigay peligro sa operation. Gagawa ang activities ng instructions upang baguhin o suspendihin ang operations sa ganitong mga masamang panahon, kasama na ang matataas na hangin. Ipaskel dapat ang mga instructions na ito sa operator’s cab. Ang partikular na bilis ng hangin upang mabawasan ang allowable loads at para mapaikli ang operations ay ibabatay sa control ng load at OEM recommendations sa katatagan ng equipment habang may matataas na hangin. Mayroon dapat sapat na kakayahan ang activities sa pagmo-monitor ng mga lokal na kundisyon sa panahon.

10.9.1 Pagsi-secure ng WHE sa mga Malalang Kundisyon ng Panahon. Kung ang mga kundisyon sa masamang panahon (niyebe, yelo, hangin, ulan, kidlat, etc.) ay may posibilidad na mangyari, isagawa ang mga actions upang mapigilan ang pinsala sa WHE. Gagawa ang activities ng instructions sa pagsi-secure ng WHE sa masamang panahon. Ito ay batay sa OEM recommendations at sa local technical instructions. Para sa bawa't panlabas na rail-mounted crane, dedeterminahin ng activities ang lakas ng hangin na makakasanhi ng paggalaw ng crane kahi't nakapreno ito, at tiyakin ang crane ay sapat na naprotektahan sa ganitong inaasahang lakas ng hangin. Titiyakin ang mga materials na kailangan sa pagse-secure ng WHE, at palaging dapat silang available.

10.10 Pagpoposisyon ng Crane sa Katatagan. Responsibilidad ng mga mobile crane operators ang ipuwesto ang kanilang machines at outriggers/stabilizers sa pundasyon o supports na kayang sumuporta ng ligtas sa crane, at sundin ang machine capacity down rating dahil sa limitasyon ng foundation o support. Responsibilidad ng activity facilities engineering organization ang tumukoy ng mga limitasyon at pagbabawal sa operasyon ng mobile cranes sa piers, daungan, o iba pang structures. Ise-set ng operator ang outriggers/stabilizers (kung meron ang crane nito) maliban kung may partikular na utos na pwede itong i-operate on-rubber. Ipaskel dapat ang authorization sa cab kasali na ang special down rating instructions o mga load charts. (Hanapin ang section 11.) Tiyaking susundin ang lahat ng on-rubber-lifting requirements ng OEM. Kung praktikal at pinahihintulutan ng OEM, para sa mga lifting on-rubber, pahabain ang outriggers at panatiliin ang minimal clearance (3 hanggang 4 inches) sa ibabaw ng lupa na inirekomenda ng OEM. Para sa mga lifting ng outriggers, titiyakin ng operator na tama ang paghaba ng outriggers, na masuportahan ang buong timbang ng crane, at kung naka-level ang crane. Para sa mga cranes na may stabilizers, itatalaga ng operator ang stabilizers alinsunod sa OEM's requirements. Susuriin ng operator ang outrigger/stabilizer pads upang matiyak ang mahusay na ground bearing. Kung nag-ooperate sa radii na kung saan ang katatagan ay ang controlling factor, dapat alerto ang operator. Ang weight ng load na bubuhatin at ang operating radius ay titiyakin ng eksakto at hindi hihigit sa ligtas na kapasidad na nakasulat sa rating chart. Hanapin ang paragraph 10.5 para matiyak ang radii ng lift. Kinakailangang gamitin ang load chart sa

Halip na hintayin na maramdamang gumaan ang crane. Huwag bubuhat sa front quadrants (ibabaw ng carrier cab) sa pagitan ng front two outriggers maliban kung ang OEM's instruction manual o load chart ang maguutos ng nasabing lifts. Kung bumubuhat ng capacity load sa maximum allowable radius, tiyakin na ang load ay hindi duduyan sa labas ng pinapayagang radius.

10.11 Wastong Clearance. Ipuwesto dapat ang crane at anumang bahagi nito sa job site na may sapat na clearance mula sa lahat ng mga nakahalang sa paligid at sa anumang posisyon sa kanyang operasyon. Kinakailangan ang partikular na pagtutuon sa counterweight clearance ang ibigay. Ang mga accessible areas sa loob ng swing radius ng rotating superstructure ng crane ay lalagyan ng barikada para maiwasan na mahagip o maipit ng crane ang mga personnel.

10.11.1 Overhead Electrical Transmission Lines Para sa operasyon sa lugar ng mga overhead transmission lines, dapat alerto ang mga operators at riggers sa natatanging

peligro. Kung anumang parte ng crane (pati na ang ganap na pinahabang boom ng telescoping boom crane) o load ang lalapit sa mga distansyang nabanggit sa figure 10-3 habang may pinaplanong operasyon, susundin ang mga sumusunod na hakbang. Ang kalimitang ginagawa ay pinuputol ang daloy ng kuryente mula sa power line at makitang naka-grounded. Para sa mga mahahabang linya, ang patagilid na paggalaw sanhi ng hangin ay isasaalang-alang sa pagtantiya kung ang minimum clearance ay dapat dagdagan. Susundin ang mga alituntuning ito kahi't may insulators o sensors para mag-detect ng high voltage ang crane. Hindi sinasaklaw nitong paragraph ang mga insulated shore power cables.

10.11.1.1 Lugar ng Operasyon (Work Zone). Kung alam na ang voltage ay mababa sa 350kV, ang minimum na kinakailangang clearance ay 20 feet. Kung alam na ang voltage ay malaki sa 350 kV, ang minimum clearance ay dapat 50 feet.

Ang work zone ay tinutukoy alinman sa dalawa:

a. Pagkilala sa mga boundaries (tulad ng banderitas o isang device tulad ng range limit device o range control warning device) at pagbawal sa operator na papuntahin ang crane lampas sa boundaries.

b. Pagtukoy sa work zone na lugar na 360 degrees palibot sa equipment hanggang sa maximum working radius nito.

10.11.1.2 Itinalagang Spotter. Kung ang overhead power line ay hindi na de-energized, magdadaos ang supervisor ng planning meeting kasama ang mga operator at iba pang tauhan na nasa lugar ng equipment o ng load para matingnan mabuti ang lokasyon ng powerline(s), at ipatupad dapat ang mga hakbang na iiwas sa posibleng mga bagay na unti-unting pumapasok o encroachment/elektrokusyon. Ang rigger in charge ang dapat magtaguyod at magpanatili ng nakataas na warning line, barricade, o line of signs, na makikita ng operator, at gagamitan ng flags o kahambing na kitang-kita na mga marka, sa linya ng kinakailangang clearance. Ang itinalagang spotter ay:

a. May gamit dapat na visual aid para makatulong sa pagtukoy ng minimum na distansya ng clearance. Ang mga halimbawa, pero hindi limitado sa mga ito ay: Isang maliwanag na nakikitang linya na nakapinta sa lupa; maliwanag na nakikitang linya ng stanchions; isang set ng maliwanag na nakikitang line-of-sight landmarks (tulad ng poste ng bakod sa likod ng naitalagang spotter at building corner sa harap ng naitalagang spotter).

b. Nakapwesto dapat ng mabuti para matantya ang distansya ng clearance.

c. Gagamit dapat ng equipment (kung kinakailangan), upang direktang makikipag-ugnayan ang naitalagang spotter sa operator.

d. Magbibigay dapat ng napapanahong impormasyon sa operator upang mapanatili ang kinakailangang clearance.

10.11.1.3 Karagdagang mga Pag-iingat. Kung hindi makita ng operator ang nakataas na warning line, isa sa mga sumusunod na karagdagang pamamaraan ang dapat gamitin:

a. Isang proximity alarm set para mabigyan ang operator ng sapat na warning upang makaiwas sa encroachment.

b. Isang device na magbibigay ng automatic warning sa operator kung kailan titigil to stop movement, tulad ng range control warning device. Itong aparatong ito ay naka-set upang makaiwas sa encroachment.

c. Isang device na automatic na nagtatakda ng range of movement, upang makaiwas sa encroachment.

d. Isang insulated link na nakakabit sa isang punto sa pagitan ng dulo ng load line (o sa ibaba) at ang load.

e. Walang papahintulutan na gagalaw/hihipo sa kreyn o sa load maliban kung sasabihin ng naitalagang spotter na ligtas ang gagawin nilang ito. Ang personnel na pinayagang humipo sa kreyn ay gagamit ng protective equipment rated para sa voltage.

f. Mga tag lines sa load control, kung kailangan, ay yari sa non-conductive type.

10.11.1.4 Operasyon Sa Ibaba ng Power Line. Walang parte ng equipment, load line, o load ang dapat payagang mag-operate sa ibaba ng power line maliban kung kinumpirma ng activity na tinanggal na ang daloy ng kuryente ng utility sa power line at makikitang naka-grounded ang power line, maliban sa mga sumusunod:

a. Para sa mga kreyn na may non-extensible booms, ang pinakamataas na parte ng kreyn (kung saan ang boom ay nasa maximum boom angle), ay sosobra dapat ng 20 piye sa ilalim ng plane *ng* power line.

b. Para sa mga articulating at telescoping boom cranes, ang pinakamataas na parte ng kreyn (kung saan ang boom ay nasa lubos na pinahabang posisyon sa maximum boom angle), ay sosobra ng 20 piye sa ilalim ng plane ng power line.

Para sa mga voltages na sosobra sa 350kV, kung saan binanggit ang “20 feet” sa (a) at (b) sa itaas, ang distansyang “50 feet” ang dapat ipalit.

10.11.1.5 Operations Malapit sa mga Communications Towers. Kung may mga operasyong malapit sa mga transmitter/communications towers na kung saan ang equipment ay may kalapitan na makakapagdulot ng pagkakuryente sa hinahawakang materiales, dapat ay mai-de-energize ang transmitter o kakabitan ang kreyn ng electrical ground. Ang mga tag lines ay dapat non-conductive.

10.11.1.6 Pagbibiyahe sa Ilalim ng Power Line. Kung ipupwesto ang kreyn sa ilalim ng energized power line alinsunod sa Pigura 10-3, na kung saan may anumang parte ng kreyn ang lalapit sa distansyang 20 feet mula sa power line, ang naitakdang spotter na may diretsong pakikipag-ugnayan sa operator dapat ay:

a. Pupwesto ng maayos para epektibo ang pagtantya ng distansya ng clearance.

b. Gagamit ng equipment (kung kinakailangan) upang direktang makikipag-ugnayan ang naitalagang spotter sa operator.

c. Magbigay ng napapanahong impormasyon sa operator upang mapanatili ang kinakailangang clearance.

Kung bumibyahe sa gabi o sa mga kundisyong mahirap makita ang paligid, bilang karagdagan sa itaas, malalaman ang mga power lines kung saan sila ay umiilaw at iba pang paraan ng pagkilala at isang ligtas na ruta ang aalamin at gagamitin.

10.12 Pagposisyon ng Boom. Kalagin ang boom hoist pawl (boom dog) kung meron. Siguruhin dapat na walang side loading sa boom o pagduyan ng load sa lift-off. Huwag gagawin ang side-load sa boom sa pamamagitan ng pagkaladkad ng loads. Gamitin ang pinakamaikling praktikal na boom radius para sa maximum stability at capacity. Paganahin ang boom hoist pawl kung ang operation ng boom hoist ay hindi kailangan habang may lift evolution. Pag-iingat dapat ang kailangan sa pagbaba ng boom at ng load line na magkasabay na kung saan may nakabitin na load. Maaaring maging sanhi ito ng walang kontrol na pagduyan o ng walang matatag na radius.

10.13 Pagtaas at Pagbaba ng Load. Para sa mga crane hook work, ang mga loads ay dapat itaas ng patayo lamang. Hindi magkakabit ng side-loads sa hook. Tingnan mabuti ang load chart para sa mga ligtas na load at radius. Sa unang pagtaas ng load, sesenyas ang rigger sa operator na itigil ang pagtaas kung ang load ay nakabitin ng buo para matiyak ang load ay maayos ang pagkabalanse at ang brake ay gumagana ng wasto. Sundin dapat ng lahat ng operators at riggers ang paraang ito tuwing magtataas sila ng load. Kung hindi tama ang pagkasentro ng load o hindi maayos ang takbo ng brakes, dapat ilapag ng operator ang load at itigil ang operations hangga't maituwid ang sira. At kung tama naman, ipagpatuloy sa kataas na sinabi ng rigger at hintayin ang senyas para sa susunod na motion. Hindi dapat gamitin ang kreyn upang magkaladkad ng load. Kung ibababa ang load o tanggalin ang nakasabit sa hook, palaging panatilihin kahi't man lang dalawang wraps ng wire rope sa grooved drums at tatlong wraps sa ungrooved drums. Espesyal na pag-iingat dapat ang gawin kung may inaahong load mula sa tubig. Kung umaahon ang load, nawawala ang buoyancy at bumibigat ang load. Nakakadagdag din panandalian ang suction habang umaahon ang load palabas ng tubig. Para sa mga loads na may nakakabit na padeyes, ang loading ay kapantay dapat ng padeye, maliban kung may tuntuning galing sa activity engineering organization ukol sa out of plane loading.

Tandaan: Para sa mga ibang uri ng mobile boat hoists, ang hoist drums ay dapat gumamit ng isang tuloy-tuloy na wire rope sa pagitan ng dalawang hoists. Tiyakin na ang wire rope ay magkaparehas ang haba sa bawa't drum bago gawin ang lift. Sundin ang OEM procedures para sa pagpapantay ng hoist drums (kung pupwede).

10.14 Pagikot ng Load. Kalagin dapat ang swing lock. Matapos iangat sa kataas na tinukoy ng rigger at pagkatanggap ng senyas para i-rotate, dapat umpisahan na ng operator na paikutin ito ng dahan-dahan. Kung hindi maayos ang pagtakbo ng swing brake, ipaalam ng operator sa rigger-in-charge na siya namang dapat magdirekta sa operator na ibaba ang load sa isang ligtas na lugar. Ang rotation ay mabagal at maingat na isasagawa kung kinakailangang paikutin ito sa ligtas na lugar. Pagkatapos mailapag ang load, i-secure dapat ang kreyn hangga't maayos ang sira ng swing brake.

10.15 Ibinibiyahe ang Kreyn. Tiyakin dapat ng mga superbisor na alam ng mga operator at kreyn walkers ang mga pagbabawal ng pagbiyahe ng kreyn sa mga riles na naitalaga sa kanilang kreyn. Ang pagbiyahe ng kreyn na may nakabiting load ay isang mapanganib na operasyon. Kung bumibiyahe, palaging nakapwesto dapat ang boom sa isang matatag na posisyon, para nakahanda ito kung sakaling duduyan ito ng wala sa radius ang load.

Ang mga sumusunod ay para din sa mga mobile cranes: Papayagan lamang na bumiyahe ang mga mobile crane na may nakabiting load kung may pahintulot ang OEM. Kung maaari, ang mga mobile cranes ay bibiyahe na kung saan ang boom at load ay nasa ibabaw ng likuran at kahilera ng axis ng crane carrier, ang direksyon ng biyahe ay paabante o paatras, at gumagana ang swing lock/brake. Kung praktikal at may pahintulot ang OEM, pahabain ang outriggers at panatiliin ang minimal clearance (3 hanggang 4 inches) sa ibabaw ng lupa. Huwag dapat ibiyahe ang travel truck o cruiser cranes na kung saan ang load ay nasa tagiliran, maliban lang kung partikular na may pahintulot ang OEM at may awtorisasyon ang certifying official. Ipaskel sa kreyn ang mga exceptions at authorizations, special load limiting at iba pang instructions. (Hanapin ang Seksiyon 11.) Kung bumibiyahe, dapat malapit sa lupa ang mga loads. Iwasan ang pabigla-biglang takbo at tigil. Palagi dapat na bumiyahe sa pinakamabagal na takbo. Para sa mga travel na kung saan ang boom ay nasa tagiliran, dapat umpisahan ang takbo ng mabagal at suwabe para maiwasan ang sobrang side loading ng boom. Tiyakin na ang tatakbuhang lupa ay kayang suportahan ang makina.

10.16 Pag-kontrol ng Load. Gagamit dapat ng sapat na tag lines para makaiwas ng labis na pagduyan at pag-ikot ng load, maliban kung ang mga tag lines na ito ay makakasanhi ng peligro. Wasto sa sukat at sinuring mga chainfalls, turnbuckles, o similar na equipment ang pwedeng gamitin para makatulong sa load control na may mga clearances na limitado o kung saan ang eksaktong pagkontrol ng load ay kinakailangan.

10.17 Pagsi-secure ng Kreyn. Iba-iba ang mga tuntunin para sa shutdown ng mga iba-ibang kreyn. Komunsulta dapat sa OEM's instruction manual o sa activity engineering organization. Para sa mga kreyn na gamit sa gusali, siguruhin na ang lower block ay hindi sagabal. Magbigay ng sapat na clearance sa ilalim ng upper sheave assembly o trolley/hoist frame upang ang susunod na operator na magsasagawa ng ODCL o pre-use check ay maihinto ang hoist motion bago mangyari ang two-block event kung nagkataong hindi nagtaas sa tamang direksyon ang hoist sa umpisa. Para sa mga mobile cranes, i-set ang crane carrier brake at chock wheels kung ang kreyn ay naka-dahilig/incline na posisyon. Para sa mga pabalik-balik na truck, cruiser, o crawler crane papunta at galing sa mga job sites, i-secure dapat ang hook at block sa carrier frame para maiwasan ang pagduyan nila papunta sa boom. Kung i-secure ang hook block, itaas lang ito ng sapat para kunin ang pagkalundo. Huwag sosobrahan ang paghihigpit. Isang weak link connection ang dapat gamitin para mai-secure ang hook block sa kreyn. Ang breaking strength ng connecting piece ay dapat mas mababa sa rated load ng hook block’s wire rope na nai-reeved. Kung ise-secure ang hook blocks para sa mga highway travel, magdagdag ng back-up (mas matibay) tie-back para maiwasan ang free swinging kung may nangyaring weak link failure. Siguruhin na may sapat na clearances. Tapusin ang ODCL at ibigay ito sa superbisor.

10.18 Espesyal na Kinakailangan para sa Operasyon ng mga Multi-Purpose Machines, Material Handling Equipment (Forklifts), at Construction Equipment na Configured bilang mga Kreyn na Bubuhat ng Nakabiting mga Loads ng Rigging Equipment. Kung gagamit ng multi-purpose machine na configured bilang kreyn para bumuhat ng suspended loads, dapat tiyakin ng activities na ang makina ay pinahintulutan ng OEM na pwedeng magsagawa ng suspended load lifts. Siguruhin na ang equipment ay may capacity chart. Lisensyado dapat ang mga operator alinsunod sa NAVSUP P-538 at sinanay sa ganoong mga lifts. Ang mga suspended load lifts na gagamit ng multipurpose machines ay ibibilang na complex lifts kung ang loads ay sumusunod sa Talata 10.4.1. Ipinagbabawal na magsagawa ng mga lifts ng tauhan sa isang suspended platform ang mga makinang ito.

Kung gumagamit ng mga material handling equipment at construction equipment para bumuhat ng suspended loads, tiyakin dapat na ang equipment na pinahihintulutan ng OEM ay wasto ang pagka-configured upang magsagawa ng ganoong mga lifts, at ang mga lifts ay alinsunod sa OEM requirements. Ipaskel dapat ang lift capacity sa makinarya.

STANDARD NA MGA SENYAS KAMAY SA MGA OPERASYON NG KREYN.



ITAAS. Habang ang bisig ay nakabertikal, ang hintuturo ay nakaturo pataas, igalaw ang kamay sa maliliit na bilog pahalang.

IBABA. Habang ang bisig ay nakadiretso pababa, ang hintuturo ay nakaturo pababa, igalaw ang kamay sa maliliit na bilog pahalang.

GAMITIN ANG MAIN HOIST. Tapikin ang kamao sa ulo; pagkatapos ay gamitin ang mga pangkaraniwang senyas.

GAMITIN ANG WHIP LINE (Auxiliar Hoist). Tapikin ang siko ng isang kamay; pagkatapos ay gamitin ang mga pangkaraniwang senyas.

ITAAS ANG BOOM. Habang ang bisig ay nakadiretso, ang mga daliri ay nakasara, ang hinlalaki ay nakaturo pataas.

IBABA ANG BOOM. Habang ang bisig ay nakadiretso, ang mga daliri ay nakasara, ang hinlalaki ay nakaturo pababa.

IGALAW NG DAHAN-DAHAN. Gamitin ang isang kamay upang makapagbigay ng anumang senyas ng paggalaw at ilagay ang isa pang kamay na hindi gumagalaw sa harap ng kamay na sumesenyas ng paggalaw.

ITAAS ANG BOOM AT IBABA ANG LOAD. Habang ang bisig ay nakadiretso, ang hinlalaki ay nakaturo pataas, tuloy-tuloy na baluktutin at idiretso ang mga daliri habang isinasagawa ang ninanais na paggalaw ng load.

IBABA ANG BOOM AT ITAAS ANG LOAD. Habang ang bisig ay nakadiretso, ang hinlalaki ay nakaturo pababa, tuloy-tuloy na baluktutin at idiretso ang mga daliri habang isinasagawa ang ninanais na paggalaw ng load

PIGURA 10-1 (1 of 3)

STANDARD NA SENYAS KAMAY SA MGA OPERASYON NG KREYN
(pagpapatuloy).



PIGURA 10-1 (2 of 3)

STANDARD NA SENYAS NG KAMAY SA MGA PAGPAPATAKBO NG OPERASYON NG KREYN (pagpapatuloy)



PIGURA 10-1 (3 of 3)

STANDARD NA SENYAS NG KAMAY SA MGA PAGPAPATAKBO NG OVERHEAD AT GANTRY CRANES



MAGTAAS. Habang ang bisig ay nakabertikal, ang hintuturo ay nakaturo pataas, igalaw ang kamay sa maliliit na bilog pahalang.

IBABA. Habang ang bisig ay nakadiretso pababa, ang hintuturo ay nakaturo pababa, igalaw ang kamay sa maliliit na bilog pahalang.

TAKBO NG TROLLEY. Habang ang bisig ay nakadiretso paharap, bukas ang kamay at nakataas kaunti, gumawa ng paggalaw na tumutulak sa direksyon ng tatakbuhan.

PUPUNTAHAN NG TROLLEY. Habang ang palad ay nakaharap pataas, ang mga daliri ay nakasara, ang hinlalaki ay nakaturo sa direksyon kung saan papunts, humaltak pahalang.

ITIGIL. Habang ang bisig ay nakadiretso, ang palad ay nakaharap pababa, pabalik-balik na igalaw ang bisig pahalang.

EMERGENCY NA ITIGIL. Habang ang dalawang bisig ay nakadiretso, ang mga palad ay nakaharap pababa, pabalik-balik na igalaw ang mga bisig pahalang.

MARAMING MGA TROLLEYS. Itaas ang isang daliri para sa blokeng minarkahan ng "1" at dalawang daliri para sa blokeng minarkahan ng "2." Susunod ang mga karaniwang senyas.

DAHAN-DAHANG PAGGALAW. Gamitin ang isang kamay upang magbigay ng anumang mga senyas at ilagay ang isang kamay na hindi gumagalaw sa harap ng kamay na sumesenyas. (Dahan-dahang pagtaas ang ipinapakita ng halimbawa dito).

NADISKUNEKTA ANG MAGNET. Idipa ng crane operator ang parehong mga kamay – nakaharap pataas ang dalawang palad.

PIGURA 10-2

MGA MAPANGANIB NA LUGAR SA OPERASYON NG KREYN AT PAGBUBUHAT NG LOADS MALAPIT SA MGA ELECTRICAL TRANSMISSION LINES



Ang mga kinakailangang clearance para sa mga normal voltage na nasa operation malapit sa high voltage power lines at mga lumilipat na operasyon na walang load at boom o *mas*t na nakababa.

NORMAL VOLTAGE, KV (PHASE TO PHASE)			MINIMUM NA KINAKAILANGANG *CLEARANCE, FT (M)*	
Operasyon na Malapit sa mga *High Voltage Power Lines*				
	0 hanggang	50	20	(6.10)
Sobra sa	50 hanggang	200	20	(6.10)
Sobra sa	200 hanggang	350	20	(6.10)
Sobra sa	350 hanggang	500	50	(15.24)
Sobra sa	500 hanggang	750	50	(15.24)
Sobra sa	750 hanggang	1000	50	(15.24)
Mga Operasyon na Lumilipat na Walang *Load at Boom* o *Mast* na Nakababa				
	0 hanggang	0.75	4	(1.22)
Sobra sa	0.75 hanggang	50	6	(1.83)
Sobra sa	50 hanggang	345	10	(3.05)
Sobra sa	345 hanggang	750	16	(4.87)
Sobra sa	750 hanggang	1000	20	(6.10)

PIGURA 10-3

SEKSIYON 11
KARAGDAGANG MGA KINAKAILANGAN

11.1 Mga Grado ng Kapasidad/Limitasyon at Identipikasyon sa Kreyn . Ang bawa't kreyn ay mamarkahan ng capacity rating(s) sa pounds, malinaw na makikita ng operator ng kreyn. Sa ibang mga bansa, tinatanggap ang karagdagang mga capacity rating sa kilo. Kung ang kreyn ay hindi sertipikado sa lahat ng OEM configurations (halimbawa, Ang mobile crane na may kapasidad na mag-angat mula sa goma ngunit hindi sertipikado na gawin ito), kailangang maglagay ng babala sa kreyn ukol sa limitasyon at pagbabawal nito.. Ang capacity rating at mga pagsubok sa pagkarga na nakatala sa Certificate of OEM Load Test and Condition Inspection ay sa pounds. Para sa maraming mga kreyn na gamit sa gusali, ang bawa't kreyn ay kailangang may kakaibang palatandaan na nakamarka rito at malinaw na makikita mula sa sahig. Para sa maraming trolleys sa bridge structure o track system, ang bridge structure o track system ay kailangang markahan ng pinakamataas na kapasidad nito sa pounds.

11.2 Pagsubok ng Tibay at Calibration (Nagamit at Binagong mga Kreyn) Lahat ng kailan lang na nakuhang mga lumang locomotive, truck, cruiser, crash, commercial truck mounted, articulating boom at crawler cranes ay kailangang masubukan sa una ang tibay, sa mga kasong walang makuhang impormasyon ukol sa OEM's load at stability o may hinala ang acquiring activity na ang nakaraang ginawang pagbabago ay maaaring makaapekto sa tibay. Bilang karagdagan, kailangang subukan ang tibay ng kreyn pagkatapos ng mga ginawang pagbabago rito na maaring may malaking epekto sa tibay nito. Aalamin at pagpapasyahan ng activity engineering organization kung kinakailangang gumawa ng pagsubok sa tibay ng kreyn pagkatapos na magkaroon ito ng mga pagbabago. Ang pagsubok sa tibay at paggrado ay gagawin sa mga sumusunod na pamamaraan:

11.2.1 Palugit ng Tibay. Ang palugit ng tibay para malaman ang grado ng load, kasama ang booms na may tinakdang haba at tinakdang working radi para sa iba't-ibang crane mountings, ay tatayain sa pamamagitan ng pagkuha ng percentage ng load na magdudulot ng balanseng kondisyon kung saan ang boom ay nasa pinakamababang matatag na direksyon kaugnay ng mounting nito. Ang mga grado ng load ng kreyn ay hindi dapat sumobra sa percentages nasa Talahanayan 11-1 alinsunod sa itinakdang mga kondisyon sa Talata 11.22 at 11.23.

11.2.2 Mga Locomotive Crane. Ang mga sumusunod na tinakdang mga patakaran ang susundin sa paggamit ng mga numero sa Talahanayan 11-1.

11.2.2.1 Tipping. Ang tipping na gumagamit o walang ginagamit na outriggers ay nangyayari kapag ang kalahati ng mga gulong na pinakamalayo sa karga ay umaalis sa rail.

Tandaan: Bilang pag-iingat habang nagsasagawa ng pagsubok sa mga libreng grado, kailangang maluwang ang outriggers. Huwag gumamit ng rail clamps.

11.2.2.2 Pantay na Lupa. Kailangang ang kreyn ay nakatayo sa daang ang kapatagan ay hindi hihigit sa one percent grade.

11.2.3 Truck Cruiser at mga Crawler Crane. Ang pagtakda ng balance point loads ay alinsunod sa SAE J765, Crane Load Stability Test Code.

Tandaan: Tingnan ang "LIMITASYON" sa SAE J765 bago gawin ang pagsubok sa tibay.

TALAHANAYAN 11-1
Load Ratings sa Iba't-ibang mga Uri ng *Mountings*
(Gamit na at Pinabagong mga Kreyn)

Uri ng Crane Mounting	**Maximum Load Ratings (Porsyento ng Balance Point Load)**
Locomotive na walang outriggers/stabilizers	
Booms 60 feet o mababa pa	85
Booms sobra sa 60 feet	85[1]
Locomotive na gumagamit ng outriggers/stabilizers fully extended	80
Crawler na walang outriggers	75
Crawler na gumagamit ng outriggers fully extended	85
Truck at wheel-mounted na walang outriggers/ stabilizers	75
Truck at wheel-mounted na gumagamit ng outriggers/stabilizers fully extended	85
Truck at wheel-mount na merong outriggers, outriggers hindi extended	
Sa ibabaw ng harap o likod[2]	75
Sa ibabaw ng gilid[3]	50

[1]Liban lang kung ito ay magreresulta sa mas mababa ng 30,000 pound-feet net stabilizing moment sa rail, pinakamababa para sa gayong mga booms.
[2]Sa mga kreyn na kung saan ang OEM ay tumutukoy ng free rated sa front o rear capacity.
[3]Sa mga kreyn na kung saan ang OEM ay tumutkoy ng free rated sa side capacity.

11.2.4 Balance Point Loads. Ang balance point loads kung saan kinukuha ang ratings ay isasagawa sa ilalim lamang ng static conditions, hal., wala ang dynamic effect ng pagtaas, pagbaba, o ng pag-ugoy. Dapat gamitin ang mga pamantayan ng OEM sa pagtaya ng "balance point". Kung walang magamit na mga pamantayan ng OEM, ang balance point para sa cranes na may outriggers o stabilizers extended ay ang punto kung saan ang outrigger o stabilizer arm ay lumulutang sa loob ng ground pad connection, o sa may permanently attached ground pad, kapag ang pad ay tataas mula sa ground surface; o sa kaso ng horizontal extending outrigger beams, kapag tumaas ang fixed outrigger housing mula sa top surface ng extendable outrigger beam.

11.2.5 Rated Capacity. Para sa mobile cranes, kasama sa rated capacity ang bigat ng (o deduction values para sa) hook, block, slings, at ancillary lifting devices (at sa ilang hoist wire rope na hindi kasama sa load charts). Sundin ang OEM load chart instructions para sa weight deduction values.

11.2.6 Iba pang Stability Factors. Ang bisa ng mga nabanggit na stability factors ay maiimpluwensiyahan ng mga karagdagang factors tulad ng freely suspended loads, track, mga kondisyon ng hangin o lupa, kondisyon ng inflation ng rubber tires, boom lengths, tamang operating speeds para sa mga umiiral na kondisyon, at sa pangkalahatan, maingat at mahusay na operasyon. Dapat isaalang-alang ng makinista ang lahat ng mga ito.

11.3 Limitasyon ng Over the Side Lifting (Para sa gumagalaw na kreyn na mayroong outriggers). Patungkol sa kreyn na pinahihintulutan ng OEM na magbuhat sa tagiliran na hindi gumagamit ng outriggers (sa mga gulong), ang kapasidad ay kailangang aprubahan ng certifying official. Ang kapasidad ay hindi dapat humigit sa 60 porsiyento ng OEM's load chart values o, 50 porsiyento ng balance point loads kung ginawa ang stability test sang-ayon sa SAE J765.

11.4 Wire Rope End Connections. Ang mga end connections sa wire rope ay limitado sa mga sumusunod at nasa ilalim ng mga iba pang mga limitasyon na pinag-uutos dito.

11.4.1 Poured Socket End Connections. Ang poured spelter (halimbawa. molten zinc) at resin end connections na gumagamit ng forged at cast steel sockets ay aprubado para sa lahat ng kreyn. Ang spelterd socket end connections ay kailangang ginawa ayon sa Naval Ship's Technical Manual S9086-UU-STM-010 Chapter 613. Ang wire at Fiber rope at rigging resin socket end connections ay kailangang ginawa ayon sa resin OEM instructions. Hindi dapat gamitin ang resin sockets sa operating temperature na hihigit sa OEM's recommendations. Makipag-alam sa Navy Crane Center (Code 03) para sa listahan ng mga inaprubahang resins. Ang kinabit na socket connection ay dapat inspeksiyunin at gawan ng load test. Ang proof test para sa kinabit na socket ay ang appendix E load test para sa crane (pinapayagan ang dagdag na 200 porsyentong wire rope capacity off crane pull test).

11.4.2 Swaged Connections. Ang swaged end connections ay aprubadong gamitin bilang wire rope terminal end connections sa non rotation-resistant wire rope para sa lahat ng cranes. Para sa rotation resistant wire rope, ang swage sockets ay kailangang aprubahan ng crane alterations ayon sa seksiyon 4 o ng Standing Crane Alteration. Dapat bakal ang lahat ng swaged end connections. Ang swaged connections ay kailangang gawa sa swage press na dinisenyo para sa mga ganoong layunin, ginagamitan ng mga pamamaraan at mga bahagi na aprubado ng swage press OEM. Kinabibilangan nito ang destructive testing ng sample rope assemblies kung nirekomenda ng swage at/o ng wire rope manufacturer. Ang kinabit na swaged connections ay kailangang inspeksiyunin at gawan ng load test. Dapat na ang proof test para sa kinabit na end connection ay ang appendix E load test para sa crane (pinapayagan ang dagdag na 200 porsiyento ng wire rope capacity off-crane pull test).

11.4.3 Wedge Sockets. Maaaring gamitin ang wedge socket end connections sa mobile at locomotive cranes. Hindi dapat gamitin ang wedge socket end connections sa non-mobile cranes (portal, gantry, bridge, hammerhead, floating cranes, atbp.). Tingnan ang exception, sa Talata 11.4.4.

11.4.3.1 Mga Espesyal na Pag-iingat sa Paggamit ng Wedge Socket Connections

a. Ang wedge sockets ay nagpapabuti lamang ng 70 hanggang 80 porsiyento ng breaking strength ng wire rope dahil sa crushing action ng wedge. Gawin ang labis-labis na pag-iingat kapag ang wedge connections ay ginagamit sa paggawa ng rated capacity lifts.

b. Ang wedge sockets ay partikular na sumasailalim ng pagkapudpod , faulty component fit, at pinsala mula sa madalas na change outs. Ang mga ito ay madali ring manghina sa kawalan ng pag-iingat sa wedge release at disassembly sa two-blocking situations. Kapag ginamit ang wedge sockets, mag-ingat upang maiwasan ang accidental slackening ng wire rope na magkakalag sa wedge na nasa loob ng socket.

c. Ang single saddle wire rope clips na sumusuporta sa parehong dead end at live rope ay hindi dapat gamitin kasabay ng wedge socket. Ang ganoong connectors ay mapanganib dahil pinipigilan nila ang wedge na pumosisyon ng tama sa socket at maaaring mapinsala ang rope. Maaring gamitin ang double saddle clips na partikular na dinisenyo para sa wedge sockets at wedge proprietary clip designs.

d. Kailangang ikabit ang wedge sockets ayon sa mga sumusunod na mga pamamaraan:

(1) Sundin ang wire rope and socket OEM's requirements sa pagsunggab ng rope bago putulin at pagtaling mabuti ng naputol na dulo bago ilagay sa socket. Ito ay mahalaga para sa rotation resistant wire rope upang maiwasan ang core slippage o pagkawala ng rope lay.

(2) Dapat maging maingat na tama ang maikabit na wedge socket para matiyak na ang wire rope na bumubuhat sa load ay nakadirektang nakahilera sa eye ng socket clevis pin para direkta ang load pull. (Tingnan ang Pigura 11-1).

(3) Ilagay ang socket sa patayong posisyon at ilagay ang rope sa may malaki at madaling hawakan na hoop. Paabutin ang dead end ng wire rope mula sa socket ng may sapat na distansiya para maging matibay ang dead end sa alinmang mga paraang ipinakita sa Pigura 11-1. Kailangang ayon sa socket OEM's guidelines ang pinakamaigsing tail length mula sa wedge socket. (Paalala: Ang tail lengths para sa rotation resistant wire rope ay karaniwang mas malaki kaysa sa standard 6 to 8

14.4.3 Pana-panahong Inspeksyon Ang mga periodic na nadokumentong mga inspections para sa covered equipment ay tinutukoy sa table 14-1. Hindi kasama sa mga kinakailangan periodic inspection requirements ang mga rigging gear na eksklusibong ginagamit para sa lifts na 100 pounds o pababa at gear na may design factor na 10 o pataas at may konsiderasyon sa yield strength ng material.

14.4.4 Pagpapaliban ng Inspeksyon at Pagsubok para sa mga Hindi Inaasahang Kondisyon. Kung mayroong pangyayaring hindi inaasahan at iba pang hindi tiyak na kondisyon na hinahadlangan ang napapanahong inspeksyon (at testing) ng rigging gear o iba pang sari-saring equipment na kinakailangan sa table 14-1, ang certifying official para sa activity na gumagamit ng rigging gear o ibang sari-saring equipment, na may kasunduan sa activity engineering o inspection organization, ay maaaring umapruba sa kasulatan ukol sa extension ng periodic na nadokumentong inspection (o testing).

Ang extension ay hindi lalagpas ng 45 na araw mula sa expiration date. Bago bigyan ng extension ang periodic na nadokumentong inspection o test, ang rigging gear o sari-saring equipment ay kailangang pumasa sa isang masusing pre-use inspection or test na isasagawa. Ang bawat awtorisasyon para bigyan ng extension ang periodic na inspection o test ay kailangang madokumento para sa apektadong piyesa ng rigging gear o sari-saring equipment.

14.5 Mga Kakulangan/Depekto. Kinabibilangan nito ang panghihina o pagpalya ng equipment at ng mga pangunahin o delikadong mga pagkakaiba sa design drawings at equipment configuration. Hindi rito kabilang ang normal na pagkasira sa paggamit ng equipment. Sa mga ganoong pagkakataon kung saan ang deficiency ay nakita na may kinalaman sa ibang Navy activities, kailangang ipaalam sa Navy Crane Center sa lalong

madali at praktikal na panahon, na hindi lalagpas ng limang araw mula sa pagkatuklas nito. Ipadala sa Navy Crane Center sa loob ng 21 araw ang summary report ng deficiency, kasama ang corrective actions na ginawa o inirekumenda. Gamitin ang Figure 2-1 sa pag-report ng deficiency sa Navy Crane Center.

14.6 Mga Pagkukumpuni at Pagbabago, Ang pagkukumpuni (kasama ang adjustment o disassembly/reassembly ng components para maisagawa ang mga pagkukumpuni), pagpapanatili, at mga pagbabago sa equipment ay kailangang gawin sang-ayon sa OEM o sa activity engineering instructions. Kinakailangan ng instructions ang re-inspection (at load test para sa apektadong load bearing components) ng kinumpuni o binagong equipment. Ang pag-alis ng cracks sa load bearing parts ay kailangang patunayan ng nondestructive test tulad ng nilalarawan sa appendix E, paragraph 1.4.3. Ang work documents para sa mga kinumpuning mga apektadong load bearing, load control, or operational safety ay kailangang panatilihin ng pitong taon. Ang ibang work documents sa mga pagkumpuni ay kailangang panatilihin ng isang taon. Ang mga pagbabago sa load-bearing, load controlling o operational safety devices sa hoists, cranes, at crane structures ay nangangailangan ng pagsang-ayon ng Navy Crane Center; tingnan ang seksiyon 4 para sa procedures. Ang pagdodokumento sa alteration ay dapat panatilihin sa buong buhay ng equipment.

14.7 Slings. Kailangang matugunan ng slings ang mga pamantayan ng pagpili, gamit at maintenance criteria ng ASME B30.9, kasama ang mga karagdagan at mga pagbabago tulad ng binabanggit sa ibaba.Ang loads sa slings ay tumataas kasama ng pagtaas ng angles mula vertical. Ang slings ay hindi dapat gamitin sa mga angles na mas mababa sa 30 degrees mula horizontal, maliban kung partikular na awtorisado ng engineering work document. Bilang dagdag,maaring kailanganin ang capacity reductions para sa slings na ginagamit sa basket o choker hitches, o kung saan ang body ng sling ay nakabaluktot paikot sa hook, shackle, o ibang rigging gear. Ibabatay ang kalaki ng mga components sa multiple leg sling assemblies sa pinakamalalang kaso ng pamamahagi ng loads. Halimbawa, ang slings, shackles, at attachment points sa four leg assembly para sa four-point lift ay bibigyan ng kalaki batay sa alinmang pares ng diagonally opposing legs na nagdadala sa buong load, maliban kung ang assembly ay may mga devices na nago-automatic na mag-aadjust para pantay ang pamamahagi ng load katulad ng engineered equalizer plates. Ang chain hoists ay maaari

lamang gamitin para sa pagpapantay ng loads kung kasama ang load indicating devices. Ang pangangailangang ito para sa load indicators ay hindi naaangkop sa chain hoists na ginagamit para sa leveling ng load sa three-point o two-point lift configurations.

Talahanayan 14-1

Mga Porsiyento ng Test Load Para sa Pang-una at Pana-panahong mga Load Tests, Pana-panahong Kadalas ng Load Test, at
Kadalas ng Inspeksyon

Equipment	Porsiyento ng Test Load	Gaano Kadalas ang Pana-panahong Test Load	Gaano Kadalas ang Pana-panahong Inspection
Beam clamps	125	NA(1)	Tuwing 2 taon
Below ng hook lifting devices (maliban kung may isinulat)	125	NA(1)	Taunan
Blocks (tackle, snatch, wire rope)	200	NA	Tuwing 2 taon
Chain slings	200	NA	Taunan(2)
Container spreaders	125	NA(1)	Taunan
Crane mahalaga sa mga malalaking machine systems	125	Taunan	Taunan
Crane structures na walang permanenteng mounted hoists	125	Tuwing 2 taon	Tuwing 2 taon
Equalizer beams sa mga flounder plates	125	NA(1)	Taunan
Eye bolts	200	NA	Tuwing 2 taon
Eye nuts	200	NA	Tuwing 2 taon
Hoists	125	Taunan	Taunan
Hooks	200	NA	Taunan
Insulated Links	200	NA	Taunan
Lashing	Break Test	NA	Taunan
Lifting beams	125	NA(1)	Taunan
Links at rings (hindi kasama ang mga links at rings para sa mga sling assemblies)	200	NA	Tuwing 2 taon
Magnetic lifters	200	Taunan	Taunan
Metal mesh slings	200	NA	Taunan
Personnel platforms	125	Taunan(4)	Taunan
Plate clamps	125	Taunan	Taunan
Portable gantry/A-frames, portable floor cranes	125(5)	Tuwing 2 taon	Tuwing 2 taon
Portable load indicating devices	200	NA	Taunan
Portable padeyes/lugs Tingnan ang paragraph 14.9.2 para sa mga attachment fasteners.	125(3)	NA	Tuwing 2 taon
Shackles	200	NA	Tuwing 2 taon
Swivels	200	NA	Tuwing 2 taon
Swivel hoist rings (safety hoist rings)	200	NA	Tuwing 2 taon
Synthetic rope slings	200	NA	Taunan
Synthetic roundslings	200	NA	Taunan
Synthetic webbing slings	200	NA	Taunan
Turnbuckles	200	NA	Tuwing 2 taon
Vacuum lifters	125	Taunan	Taunan
Wire rope grommets	200	NA	Taunan
Wire rope slings (hindi kasama ang hand tucked)	200	NA	Taunan
Wire rope slings (hand tucked)	125	NA	Taunan

(1) Ang mga container spreaders at below the hook lifting devices, pati na ang mga equalizer beams, flounder plates, at beam clamps, na may rated loads na mas malaki sa 10,000 pounds, na ginagamit sa cargo transfer ay malo-load test tuwing 4 na taon.
(2) Ang mga chain slings na ginagamit sa shipbuilding, ship repair, shipbreaking, o cargo transfer ay mai-inspect tuwing tatlong buwan aliinsunod sa 29 CFR 1915.112 at 1917.42 (h).
(3) Ang bagong gear na ginagamit sa cargo transfer ay ite-test sa 200 percent ng rated load.
(4) Hanapin ang section 10 para sa adisyonal na requirements.
(5) Ang mga portable floor cranes ay ite-test sa 125 percent sa rated load ng OEM bago unang gamitin. Ang mga susunod na gagawin na mga tests sa mga units na may internal load limiting devices ay isasagawa sa 100 hanggang 105 percent sa rated load ng OEM. Ang mga adjustable height portable gantries ay ite-test sa maximum height.
(6) Ang mga portable load indicating devices ay mai-inspek at maka-kalibrate alinsunod sa calibration program ng activity at ng mga recommendations ng OEM.

TALAHANAYAN 14-2
Minimum na Pinapahintulutang Kakapal sa Anumang Punto ng Chain Sling Link

Naturingang Kalaki ng *Link* (Pulgada)	**Minimum na Pinapahintulutang Kakapal (Pulgada)**
7/32	0.189
9/32	0.239
5/16	0.273
3/8	0.342
1/2	0.443
5/8	0.546
3/4	0.687
7/8	0.750
1	0.887
1 1/4	1.091
1 3/8	1.187
1 1/2	1.261

14.7.1 Chain Slings at Fittings

14.7.1.1 Criteria sa Inspeksyon ng Chain Sling. Para sa mga kakulangang nakasulat sa ibaba, ang bawa't link at attachment ay isa-isang susuriin (ingatan na ma-expose ang mga inner link surfaces). Ang mga lamat at biyak sa bawa't links o components ay tatanggalin sa pamamagitan ng pagkiskis/paghasa. Ang link o component ay susukatin sa pinakamaliit na diameter matapos ang pagkiskis/paghasa.

14.7.1.2 Criteria sa Pagtanggi ng Chain Sling. Ang sling ay tatanggalin sa serbisyo kung makikita mula sa inspection ang alinman sa mga susunod:

a. Pagliit sa kalaki na mas mababa sa values ng table 14-2 o alinsunod sa OEM kung mas strikto. Kumonsulta sa OEM para sa mga kalaki na hindi ipinakita.

b. Makikitang nawala sa porma.

c. Ang mga lamat o biyak na hindi matanggal ng grinding kung saan hindi dapat mabawasan ang kapal na makapagpababa nito ayon sa values ng table 14-2. Hindi na kailangan ng load test kung tatanggalin ang mga depektong ito.

d. Ang mga pagbubuhol sa alinmang parte ng sling.

14.7.1.3 Criteria sa Paggamit ng Chain Sling. Ang mga chain slings ay gagamitin alinsunod sa OEM recommendations. Inirerekumenda ang mga chain slings na pang-gamit sa abrasive at high temperature environments ay maaaring makasira sa ibang slings. Hindi dapat sila gamitin kung lalaki ang posibilidad ng pagkakuryente o elektrokusyon, o kung magbubunga ito ng sira sa equipment. Kung gagamitin sa may mga temperatura na mas mababa sa -40 o mas mataas sa 400 degrees Fahrenheit (F), sundin dapat ang OEM recommendations para sa rated load reduction. Kung gagamitin ito sa choker hitch, bawasan ang capacity para masunod ang efficiency percentages na nasa table 14-4.

14.7.2 Wire Rope Slings

14.7.2.1 Criteria sa Inspeksyon ng Wire Rope Sling. Isagawa dapat ang inspeksyon sa buong haba ng bawa't sling, kasama ang splices, end attachments, at fittings.

14.7.2.2 Criteria sa Pagtanggi ng Wire Rope Sling. Ang sling ay dapat tanggalin sa serbisyo kung may nakita sa inspeksyon ang alinman sa mga sumusunod:

a. Grabeng localized na gasgas o pagkapudpod.

b. Pagkapilipit, pagkapipi, o birdcaged sections, o anumang sira na magre-resulta ng pagkabaluktot ng wire rope structure.

c. Ebidensya ng sira sanhi ng init.

d. Ang mga end attachments ay may biyak o baluktot.

e. Ang pagkapudpod sa end attachment socket (hindi kasama ang swage area) na sosobra sa 10 percent ng nominal socket dimensions ng OEM o 5 percent ng nominal diameter ng socket pin ng OEM. Ang lahat ng swaged end connections ay bakal.

f. Grabeng pangangalawang ng wire rope, fittings, o attachments.

g. Naputol ng mga alambre:

(1) Single part at strand laid wire rope slings: 10 random na ibinahaging sirang wire sa isang haba ng rope lay, o 5 sirang wire sa isang strand sa isang haba ng lay, o two sirang wire sa loob ng isang lay length ng end connection.

(2) Braided wire rope slings na mas mababa sa eight parts: 20 random na ibinahaging sirang wire sa isang haba ng rope lay, o isang buong strand na sira.

(3) Braided wire rope slings eight parts o mas marami pa: 40 random na ibinahaging sirang wire sa isang haba ng rope lay, o isang buong strand na sira.

(4) Cable laid wire rope slings: 20 random na ibinahaging sirang wire sa isang haba ng rope lay, o isang buong strand na sira.

h. Ang mga pagbubuhol sa alinmang parte ng sling.

14.7.2.3 Criteria sa Paggamit ng Wire Rope Sling. Ang mga wire rope slings ay hindi dapat gamitin sa ibabaw ng pin, shackle, hook, o ring na mas mababa sa nominal diameter ng wire rope. Kung umikot ang body ng sling sa isang bagay na may 40 times na mas malaki ang diameter ng wire rope (hal., basket hitch), kung ganoon nga, ang magiging total capacity ng sling ay katumbas ng dalawang beses ng isang leg lift capacity ng sling. Kung ang body ng sling ay umikot sa pin, hook, o ibang bagay na may 40 times ang diameter ng sling o mas mababa, ang total capacity ay dapat bawasan para masunod ang efficiency percentages sa table 14-3. Para sa mga loads na may non-circular cross sections, ang “D” ay kukunin mula sa minimum bend diameter ng wire rope na umikot sa corner ng load. Walang kailangan na karagdagang pagbabawas para sa mga endless slings na rated at ginagamit batay sa D/d efficiency na may 50 percent. Kung ang wire rope sling ay ginagamit sa choker hitch, ang capacity ay dapat bawasan para masunod ang efficiency percentages sa table 144. Chafing protection ang gagamitin kung kailangan para pangalagaan ang load at ang sling sa pagkasira. Bilang karagdagan, para sa mga slings na nakapaikot sa corners, ang corners ng load ay dapat bilog (hal., pipe sections, commercially available blocks nadisenyo para sa ganoong layunin, etc.) upang makabigay ng minimum D/d ratio of one to one.

Maliban sa mga braided slings, ang mga wire rope slings ay hindi dapat gamitin sa mga single leg vertical hitches, maliban kung ang paraang gagamitin ay para maiwasan ang unlaying ng rope. Ang mga ito ay hindi gagamitin kung sila ay magdudulot ng posibilidad ng electrical shock o electrocution, maaaring magresulta ng sira sa equipment, o exposure sa may mga temperatures na mas mababa sa -40 o mas mataas sa 400 degrees F. (Para sa mga fiber core slings, ang maximum temperature ay 180 degrees F.)

14.7.2.3.1 Karagdagang Criteria Para sa Mga Wire Rope Endless Slings. Para malaman ang vertical rated load ng endless sling, gamitin ang equation:

$$\text{Rated Load} = \frac{\text{NRS x D/d Efficiency x 2}}{\text{DF}}$$

Kung saan: Ang NRS ay ang nominal rope strength nakasaad sa Federal Spec RR-W-410, ang minimum breaking force na nakasulat sa ASTM A-1023, ang nominal rope strength na binibigay ng wire rope OEM, o ang actual breaking strength batay sa destructive testing ng material samples.
D/d Efficiency ay kukunin sa table 14-3.
DF ay ang design factor (5 o mas malaki).

14.7.2.3.1.1 Load Test. Ang sling ay dapat ma-test sa ibabaw ng pin na may diameter katumbas ng o mas malaki sa wire rope diameter. Ang test load ay 200 percent ng rated load na lumabas sa itaas na equation na ginamit ang efficiency factor na nakuha mula sa diameter ng test pin, na may maximum efficiency na 78 percent. Para sa mga test pin diameter sa pagitan ng mga values sa table 14-3, ang efficiency ay kukunin sa curve plotted mula sa D/d values at efficiency percentages na ipinakita. Ang test load at test pin diameter ay ire-record. Para sa mga slings na binili mula sa mga commercial vendors, ang proof test ng vendor ay alinsunod sa mga criteria na ito.

14.7.2.3.1.2 Pagmamarka at Paggamit. Ang mga endless slings ay may marked rated load batay sa D/d efficiency na 50 percent at pwedeng gamitin sa mga ibat-ibang kalaki ng mga pins sa mga loads na hindi sosobra sa marked rated load o para sa sling na may partikular na gamit sa single pin diameter, ang marked rated load ay ang magiging rated load batay sa D/d efficiency para sa ganoong pin diameter; kung ganoon ang mangyayari, ang sling ay mamarkahan para matukoy pin diameter. Ang load test pin diameter dapat ay mas malaki sa o katumbas ng specific use pin diameter.

a. Kung ang test pin diameter ay mas malaki kumpara sa wire rope diameter, ang sling ay pwedeng gamitin sa load na mas mataas sa marked rated load, ngunit may sulat na pahintulot mula sa activity engineering organization. Ang pinapayagang load ay ang load na nakuha sa itaas na equation para sa plinanong pin diameter subali't hindi hihigit sa 50 percent ng test load. Kukuha ng authorization sa bawa't planong gagawin kung saan ang load ay mas mataas kumpara sa marked rated load. Kung gumagamit ng mga wire rope endless slings, tiyakin na ang splice ay nakapwesto ng kahi't man lang 10 rope diameters mula sa load bearing area.

TABLE 14-3
Efficiency Factors sa Iba't-ibang mga Wire Rope Slings

D/d Ratio	Efficiency Percentage
1:1	50
2:1	65
4:1	75
5:1	78
8:1	83
12:1	87.5
16:1	90
24:1	92.5
40:1	95
sobra sa 40:1	100

Kung saan ang D/d ay ang ratio ng diameter sa pin, hook, o iba pang bagay na inikutan ng wire rope, divided ng diameter sa wire rope sling (component rope diameter for multi-part slings). Ang efficiency ay ang percentage ng remaining capacity ng bawa't leg ng sling. Para sa mga D/d ratios sa pagitan ng mga values na ipinakita, gamitin ang lower efficiency percentage o, bilang kahalili, gumuhit ng isang curve ng D/d versus efficiency percentage. Ang mga multi-part slings ay dapat gamitin lang kung saan ang D/d efficiency ay 75 percent man lang (D/d ratio of 4:1 para sa component rope).

TABLE 14-4
Rated Loads Para sa Mga Slings na Nasa Choker Hitch

Choke Angle **sa** Degrees **(Tingnan *Figure 14-1*)**	**Porsiyento ng** Vertical Rated Load		
	Kadena	Alambreng Lubid, Synthetic **na Lubid**	Synthetic ***Web* at Bilog**
121-135	80	75	80
90-120	Tingnan *Note 1*	65	65
60-89	Tingnan *Note 1*	55	55
30-59	Tingnan *Note 1*	46	46
0-29	Tingnan *Note 1*	36	36

Tandaan:

1. Para sa mga chain slings na may choke angle ng mas mababa sa 121 degrees, ang percent ng rated capacity ay ibibigay ng sling manufacturer o ng activity engineering organization.

2. Iba ang reaksyon ng mga multi-part slings (braided slings) kumpara sa mga standard wire rope slings sa choker hitch; kaya, ang capacities ng choker hitch ay pagpapasyahan ng OEM, ASME B30.9 tables, o ayon sa mga procedures na binuo ng Wire Rope Technical Board.

CHOKER HITCH CONFIGURATIONS



Angle of Choke

Tandaan: Ang mga angles ng choker hitch na mas malaki sa 135 degrees ay ibinibilang na hindi matatag at hindi dapat gagamitin.

PIGURA 14-1

14.7.2.3.2 Mga Karagdagang Criteria Para sa Mga Multi-Part Wire Rope Slings. Ang OEM rated capacity ng mga multi-part wire rope slings (minsan ay tinatawag na braided slings) ay dapat bawasan at markahan hanggang 70 percent ng capacity ng OEM. Ang mga higher capacities batay sa documented destructive testing ng sample slings ay pwedeng aprubahan ng Navy Crane Center batay sa bawa't kaso sa. Ang mga slings na ito ay gagamit ng D/d ratios na kahi't man lamang 4:1 (75 percent efficiency) na nakasaad sa table 14-3. Kung ginagamit sa choker hitch, sundin ang notes sa table 14-4.

14.7.3 Metal Mesh Slings

14.7.3.1 Criteria sa Inspeksyon ng Metal Mesh Sling. Isagawa dapat ang inspection sa buong haba ng bawa't sling, kasama na ang mga welds, end attachments, at fittings.

14.7.3.2 Criteria sa Pagtanggi ng Metal Mesh Sling. Ang sling ay tatanggalin sa serbisyo kung mula sa inspection ay may nakitang alinman sa mga sumusunod:

a. Isang biyak na weld o sirang brazed joint sa gilid ng sling.

b. Isang sirang wire sa anumang bahagi ng mesh.

c. Pagkabawas sa wire diameter ng 25 percent dahil sa mga sira o 15 percent dahil sa kalawang.

d. Kulang sa flexibility dahil sa pagkapilipit ng mesh.

e. Pagkapilipit ng choker fitting kung saan ang kalalim ng slot ay nadagdagan ng higit sa 10 percent.

f. Pagkapilipit ng isa sa mga end fitting kung saan ang kalawak ng eye opening ay nadagdagan ng higit sa 10 percent.

g. 15 percent ang naibawas sa original cross sectional area ng metal sa anumang punto paikot sa hook opening ng end fitting.

h. Nakikitang pagkapilipit ng isa sa mga end fitting na nagresulta ng pagkawala ng pwesto nito sa plane.

i. Anumang mga bitak sa alinmang end fitting.

j. Pagbubuhol sa anumang parte ng sling.

14.7.3.3 Criteria sa Paggamit ng Metal Mesh Sling. Ang mga metal mesh slings ay gagamitin alinsunod sa recommendations ng OEM. Ang mga ito ay inirekumenda para magamit sa abrasive at high temperature (hanggang sa 550 degrees F) environments na maaaring makasira sa ibang flat slings, tulad ng web slings. Ang mga ito ay hindi

gagamitin kung sila ay makakadulot ng posibilidad na electrical shock o electrocution, o kung ito ay makakasira sa ibang equipment. Ang mga elastomer coated slings ay hindi dapat gamitin sa may mga temperatures na mas mababa sa 0 degrees o sobra sa 200 degrees F.

14.7.4 Synthetic Slings. Kung gagamit ng mga non-metallic slings (para mas madali ang handling, equipment protection, non-conductivity, etc.), ang mga slings na yari sa synthetic materials lamang ang dapat gamitin. Hindi gagamit ng natural fiber rope para sa mga slings. Madaling maputol ang mga synthetic slings sa mga matatalas na kanto o gilid. Gagamit ng chafing protection kung posibleng mapuputol ang sling o kung sisirain sila ng load. May sapat na kakapal at tibay dapat ang chafing protection material para maiwasan ang sling damage. Hindi kakayanin ng malambot na chafing protection material ang mabibigat na pwersang nakadiin sa sling, para mapanatili ang minimum required radius o magbigay ng kailangang proteksyon. Ang mga mas matigas na material, tulad ng split piping sections o special rounded shoes ay inirerekumenda. Mayroon din mga produkto ang mga sling manufacturers na nagbibigay proteksyon sa mga ito sa matalas na mga kanto o mga gilid. Dapat kumontak ang activities sa OEM upang alamin kung available ang mga special products na ito. Siguruhin na ang rigging configuration ay matatag at hindi dudulas ang mga slings mula sa chafing protection material. Siguruhin din na ang mga slings ay hindi labis na magkakatumpok sa bowl ng hook o sa mga shackles, na magsasanhi ng hindi pantay na loading sa mga fibers.

14.7.4.1 Synthetic Rope Slings

14.7.4.1.1 Criteria sa Inspeksyon ng Synthetic Rope Sling. Isagawa dapat ang mga inspection sa buong haba ng bawa't sling, pati na ang mga splices, end attachments at fittings.

14.7.4.1.2 Criteria sa Pagtanggi ng Synthetic Rope Sling. Tatanggalin ang sling sa serbisyo kung nakita sa inspection ang alinman sa mga sumusunod:

a. Mga bitak o gouges.

b. Grabeng gasgas o pagkapudpod sa surface fibers o yarns.

c. Malaking pagkasira ng filament o fiber sa gilid ng linya kung saan nagsasalubong ang mga magkalapit na strands (light fuzzing ay tatanggapin).

d. Powder o particles ng mga durog na filaments o fibers sa loob ng rope sa pagitan ng strands (twist o pry rope para ma-inspection). Kung may mga nagsamang filaments sa gitna ng mga strands.

e. Pagkawala ng kulay, pagkupas, o pag-gaspang na dahilan ng mga pagkabulok, chemical damage, o labis na pagkabilad sa araw o iba pang radiation. Pagkarupok o pagkalutong ng mga filaments o fibers.

f. Pagkabuhol, backturns, o sira sa lay ng strand.

g. Mga pagkakaiba sa kalaki o pagkabilog ng mga strands.

h. Pagkatunaw, burn marks, charring, o iba pang makitang sira sanhi ng init.

i. Mga bitak, nawala sa porma, sira, o labis na pagkapudpod, pitted, o kinalawang na end fittings.

j. Pagkabuhol sa anumang parte ng sling.

k. Pagkapunit ng one-third ng cover (outer) yarns.

l. Reduction sa diameter na mas malaki sa 10 percent ng nominal diameter.

m. Iba pang mga condition na magsasanhi ng pagdududa ukol sa katibayan ng sling.

14.7.4.1.3 Criteria sa Paggamit ng Synthetic Rope Sling. Ang minimum na D/d ratio kung binabaluktot ang straight run ng sling sa may hook, pin, o iba pang object ay 1:1. (Note: Ang mga rated load tables na nasa ASME B30.9 para sa mga basket hitches at endless slings ay batay sa minimum D/d ratio na 8:1. Para sa mga D/d ratios na mas mababa sa 8:1, gamitin ang table 14-3.) Kung saan ang synthetic rope sling ay ginagamit sa choker hitch, ang capacity ay mababawasan para masunod ang mga efficiency percentages na nasa table 14-4. Ang mga stranded synthetic rope slings ay hindi gagamitin sa single part vertical hitch, maliban ang method ay ginamit para maiwasan ang unlaying ng rope. Ang mga slings ay hindi gagamitin kung may panganib ukol sa chemical attack, overheating, o iba pang damage. Ang mga nylon at polyester slings ay hindi ibibilad sa mga temperatures na sosobra sa 194 degrees F (140 degrees F para sa mga polypropylene slings) o sa mga recommendations ng OEM alinman ang mas strikto. (Ang mga init o apoy ay maaaring gamitin para tunawin ang mga non-load-bearing ends upang iwasan ang fraying.) Ang mga slings ay hindi pipinturahan. Ang pagkabilad sa araw ay iiwasan. Ang mga slings ay itatago sa loob o sa container. Hindi ipapalit ang mga synthetic rope slings sa iba pang klase ng slings na ipinakita sa mga rigging sketches kung walang approval ng engineering.

14.7.4.2 Synthetic Webbing Slings

14.7.4.2.1 Criteria sa Inspeksyon ng Synthetic Webbing Sling. Isasagawa ang mga inspection sa buong haba ng bawa't sling, pati na ang mga stitches, end attachments, at fittings.

14.7.4.2.2 Criteria sa Pagtanggi ng Synthetic Webbing Sling. Ang sling ay tatanggalin sa serbisyo kung nakita sa inspection ang alinman sa mga sumusunod:

a. Pagkatunaw, burn marks, charring, o iba pang nakitang sira sanhi ng init.

b. Pagkawala ng kulay, pagkupas, o pag-gaspang na dahilan ng mga pagkabulok, chemical damage, o labis na pagkabilad sa araw o iba pang radiation.

c. Crushed webbing, mga butas, snags, mga punit, o mga hiwa (sa ibang kaso ay indikasyon ng exposure sa mga red safety alert yarns).

d. Mga sira o pudpod na stitching sa mga load bearing splices.

e. Grabeng pagkasira, pupod, o naka-embed na nakakasugat na particles.

f. Ang mga pagkabuhol sa anumang parte ng sling.

g. Mga bitak, pagkawala sa porma, sira, o grabeng pagkapudpod, pitted, o kinalawang ng mga end fittings.

h. Mga iba pang condition na magbibigay ng pagdududa ukol sa katibayan ng sling.

14.7.4.2.3 Criteria sa Paggamit ng Synthetic Webbing Sling. Ang mga synthetic webbing slings ay gagamitin alinsunod sa mga recommendations ng OEM. Kung saan ang synthetic webbing sling ay ginamit sa choker hitch, ang total capacity ay babawasan para masunod ang mga efficiency percentages na nasa table 14-4. Ang mga synthetic webbing slings ay hindi gagamitin kung may panganib ng chemical attack, overheating, o iba pang damage. Ang mga slings ay hindi ibibilad sa may mga temperatures na sosobra sa 194 degrees F o recommendations ng OEM kung ano ang mas istrikto. Ang mga slings ay hindi pipinturahan. Ang mga pagkabilad sa araw ay iiwasan. Ang mga slings ay itatago sa loob o sa isang container. Hindi ipapalit ang mga synthetic webbing slings sa iba pang mga klase ng slings na ipinakita sa rigging sketches kung walang approval ng engineering.

14.7.4.3 Synthetic Roundslings

14.7.4.3.1 Criteria sa Inspeksyon ng Synthetic Roundsling. Isasagawa ang mga inspection sa buong haba ng bawa't sling, pati na ang mga stitches, end attachments, at fittings.

14.7.4.3.2 Criteria sa Pagtanggi ng Synthetic Roundsling. Alisin sa serbisyo ang anumang synthetic roundsling na may mga sumusunod:

a. Pagkatunaw, burn marks, charring, o iba pang nakitang sira sanhi ng init.

b. Snags, mga butas, mga punit, o mga hiwa, na mag e-expose sa anumang parte ng mga core yarns.

c. Mga sira o pudpod na stitches sa mga load bearing splices.

d. Grabeng pagkasira, pudpod, o na-embed na nakakasugat na particles.

e. Mga pagkabuhol internal, bukol, umbok, o mga irregularidad na mararamdaman kung sasalatin ng kamay ang kahabaan ng sling. (Note: Ang pagkabuhol sa yarn kung saan ang takip ay ipinagsama ng isang termination na ginawa ng OEM, ay tatanggapin.)

f. Mga bitak, pagkawala sa porma, sira, o grabeng pagkapudpod, pitted, o kinalawang na mga end fittings.

g. Mga iba pang condition na makakadulot ng pagdududa ukol sa katibayan ng sling.

14.7.4.3.3 Pagkukumpuni ng Synthetic Roundsling. Ang mga synthetic roundslings ay kukumpunihin alinsunod sa requirements ng OEM. Hindi pinapayagan ang mga temporary repairs.

14.7.4.3.4 Criteria sa Paggamit ng Synthetic Roundsling. Susundin ng mga roundslings ang mga sumusunod:

a. Ang mga roundslings ay gagamitin lamang sa mga lifting applications kung saan sila ay dinisenyo ng OEM.

b. Ang mga paggamit ng roundslings ay alinsunod sa mga instructions ng OEM, pati na ang paggamit ng connection hardware (hal. shackles, links, ring, hook, etc.) ang mga sukat ay irerekomenda ng OEM o ng Web Sling and Tie Down Association WSTDA- RS-2.

c. Para sa mga bagong roundslings, isang certificate of proof test ang itatago sa history file para sa mas matagal na buhay ng sling.

d. Ang mga roundslings na yari sa mga yarns bukod sa nylon o polyester (ang tawag dito ay “alternate yarn roundslings”) ay gagamitin lamang kung susundin ang mga sumusunod na karagdagang restrictions:

(1) Ang certificate of proof test ay isasama ang diameter ng pin na ginamit habang may actual na proof test.

(2) Ang mga alternate yarn roundslings ay hindi gagamitin sa ibabaw ng hook, pin, o shackle na may mas maliit sa diameter ng pin na ginamit sa sling proof test. Ang requirement na ito ay tumutukoy din sa minimum diameter ng curvature sa corners ng mga objects na bubuhatin. Ang minimum size na pinapayagan na panggamit ay mamarkahan sa sling.

Kung gagamitin ang synthetic roundslings sa choker hitch, ang total capacity ay babawasan para maipakita ang mga efficiency percentages na nasa table 14-4. Ang

mga slings ay hindi gagamitin kung saan may panganib ukol sa fraying, chemical attack, overheating, o iba pang damage. Ang mga slings ay hindi ibibilad sa may mga temperatures sobra sa OEM recommendations. Ang mga slings ay hindi dapat pipinturahan. Ang pagkabilad sa araw ay iiwasan. Ang mga slings ay itatago sa loob o sa isang angkop na container.

14.8 Shackles, Links, Rings, Swivels, Eye Bolts, Eye Nuts, Turnbuckles, Blocks, Hooks, at Swivel Hoist Rings. Ang mga shackles, links, rings, swivels, eye bolts, eye nuts, turnbuckles, blocks, hooks, at swivel hoist rings ay alinsunod sa selection, use, at maintenance criteria ng ASME B30.26 (B30.10 para sa mga hooks), na may mga karagdagan at pagiiba tulad ng naisulat sa ibaba. Para sa pagkuha ng mga bagong equipment, shackles, links, rings, at hooks, dapat itong sumunod sa Federal Specification RR-C-271 para sa material composition. Ang mga stainless steel shackles, hooks, at eyebolts ay dapat naipanday galing sa austenitic stainless steel na sumusunod sa mga technical requirements ng ASTM A314 para sa material composition. Ang mga stainless steel swivel hoist rings ay dapat sumunod sa technical requirements ng ASTM A276 (Condition A) para sa material composition. Ang mga alloy steel swivel hoist ring material ay susunod sa ASTM A322. Ang mga swivel at turnbuckle material (pati na ang mga bolts at pins ng anti-friction bearing swivels) ay dapat sumunod sa parehong technical requirements ng Federal Specification RR-C-271 para sa shackles. Ang mga anti-friction bearing swivels ay dapat weldless, na yari sa pinanday o nilabrang material at may minimum breaking strength na limang beses sa manufacturer’s safe working load. Ang mga pinanday na mga bolts at pins na nakuha na may jaw-end type swivels at turnbuckles ay maaaring yari mula sa ASTM A325 Type 1, ASTM A449 Type 1, ASTM A576 o SAE J429 Grade 5. Ang mga carbon at alloy steel eyebolts ay susunod sa minimum requirements para sa material composition ng ASTM A489 o ASTM F541. Ang weld filler material para sa mga bagong welded master links, welded master link assemblies, welded rings, at welded sling links (pear links) ay alinsunod sa AWS specification 5.5 o 5.28. Ang welded area para sa lahat (luma at bago) na mga master links, master link assemblies, sling links, at mga rings, ay iinspeksyunin ng RT alinsunod sa NAVSEA Technical Publication T9074-AS-GIB-010/271 na may acceptance criteria sa MIL-STD-2035 class 3 para sa welds bago ito unang gamitin. Ito ay one-time RT inspection.

14.8.1General Inspection. Ang mga shackles, links, rings, swivels, eye bolts, eye nuts, turnbuckles, blocks, hooks, at swivel hoist rings ay susuriin para makita kung maayos ang operation at kung may pagkapudpod at labis na pangangalawang (sapat upang makasanhi ng orange peel texture pagkatapos linisin). Espesyal na pagiingat ang dapat gawin para suriin ang mga madaling mapudpod na areas of shackles, links, at rings (hal., center ng shackle bail at pin). Suriin kung may hiwa, pagbiyak, gouges, o peening. Ang mga may biyak ay tatanggalin. Ang iba pang conditions ay tatanggalin o, para sa mga hindi siguradong kundisyon, sumangguni sa activity engineering organization para matugunan agad. Kung ang component ay may nakitang pagkasunog o welding, o nakitang baluktot, naikalat, pilipit, o iba pang pagkawala sa porma, ito ay tatanggalin mula sa serbisyo at sisirain. Ang mga components na may sirang threads ay ipapaalam sa activity engineering organization para matugunan. Ang component ay hindi tatanggapin kung ang karaniwang

pagkapudpod ay magreresulta sa pagkabawas ng original cross sectional dimension sa anumang parte na hihigit sa alinman sa mga sumusunod o OEM requirements kung mas strikto ito:

a. Ang ASME B30.26 removal criteria ay dapat gamitin para tanggalin ang shackles, links, rings, swivels, eye bolts, eye nuts, turnbuckles, blocks, at swivel hoist rings mula sa serbisyo.

b. Ang ASME B30.10 removal criteria ay gagamitin para tanggalin ang mga hooks mula sa service.

c. May sinulid lugar - ASME B1.1 ay maaaring gamitin bilang mga pamantayan ng thread inspeksyon.

14.8.1.1 Mga Marka ng OEM. Ang mga equipment na kulang ng OEM identifying mark ay hindi gagamitin sa mga weight handling operations. Tingnan ang paragraph 14.3 para sa pagmamarka muli ng equipment na may pudpod o mahirap basahing markings.

14.8.2 Pagkukumpuni. Ang grinding, para tanggalin ang mga depekto, ay ang tanging paraan na dapat gamitin sa pagkukumpuni ng equipment. Ang grinding ay susunod sa porma ng piyesa, na hahaluan ng maximum 1:3 (hal., maximum rise to run) taper. Ang mga dimensions matapos ang grinding ay dapat nasa wear limits para sa piyesang kinukumpuni. Ang pagtatanggal ng mga depekto sa areas ng shackle pin kung saan ang fit-up ay kritikal (hal., area ng shackle pin na dumidikit sa roller bearing ng dynamometers) na gagamitan ng grinding ay ipinagbabawal. Ang pagtatanggal ng mga defects hanggang sa limit na tinukoy sa itaas ay hindi na kailangan ng load test. Ang mga pagtutuwid ng defects sa paggamit ng heat o welding ay hindi pinapayagan. Huwag susubukang ideretso ang mga baluktot o napilipit na rigging gear.

14.8.3 Criteria sa Paggamit ng mga Shackles, Links, at Rings. Ang mga shackles ay pipiliin batay sa kanilang resulting tension sa halip na ang weight ng load. Sa ibang kaso, ang tension ng isang leg ng lift ay sosobra sa weight ng load. Ang mga links at rings ay pipiliin at gagamitin alinsunod sa OEM criteria. Espesyal na pagiingat sa pagpili ng gagamiting shackles sa mga multiple leg applications. Iba't-ibang uri, grades, o brands ng shackles na may parehong rated load ay pwedeng magkakaiba sa pisikal na kalaki. Maaaring maka-apekto ito sa kabuoang haba ng leg at tension sa bawa't leg. Ang round pin shackles ay hindi dapat masa-side load. Kung kinakailangan na may side loading ang screw pin o bolt type shackles, bawasan ang rated load ng 50 percent maliban kung tinukoy ng OEM o ASME B30.26. Ang mga shackles ay dapat i-load ng bail-to-bail, hangga't maaari. Para sa mga pin-to-pin o pin-to-bail loading, at para sa lahat ng iba pang attachments sa shackle pin, ang shackle ay dapat isaalang-alang na ma-side load at susundin ang mga restrictions sa itaas maliban kung ang attachment ay nasa center ng pin. Ang mga spacers ay maaaring gamitin para maseguro na ang mga shackle pins ay loaded sa center.

14.8.4 Criteria sa Paggamit ng Shoulder Eye Bolt. Ang mga shoulder eye bolts, alinman sa shoulder nut (through type) o machinery bolt type, ay dapat yari sa panday na steel at

gagamitin alinsunod sa OEM's recommendations, maliban kung sinabi. Ang mga machinery bolt type eye bolts ay ikakabit na kasama ang shoulder flush sa mounting surface. Ang mga nut type eye bolts ay maaaring gamitin kung saan ang shoulder ay hindi flush sa mounting surface kung aaprubahan ng activity engineering organization. Kung ikinabit ang shoulder flush sa face ng mounting surface, ang mga shoulder eye bolts ay maaaring gamitin sa loading na may mga angulo (sa plane ng eye) mula sa axis ng bolt shank. Isa o higit pang spacers (halos may parehong outer diameter sa shoulder) ay maaaring gamitin sa ilalim ng face ng shoulder para pahintulutan ang rotational alignment. Ang kabuoang kakapal ng spacers ay hindi sosobra sa one thread pitch. Ang rated load ng eye bolt ay babawasan alinsunod sa table 14-5 o OEM recommendations. Ang mga pulls at angles na wala sa plane ng eye ay hindi pinapayagan. Ang mga nut type eye bolts ay hindi ikakabit kung ang plate thickness ay hindi magpapahintulot ng full nut contact sa kahi’t man lang sa isang nakalabas na external thread. Ang mga steel nuts ay katumbas sa SAE J995 grade 5 hex nuts bilang minimum. Ang minimum thread engagement para sa mga eye bolts na ginamit sa threaded holes ay 1 1/2 times ng eye bolt diameter para sa mga threaded holes sa steel at 2 times ng eye bolt diameter para sa mga threaded holes sa aluminum, o bilang inirekumenda ng OEM o ng activity engineering organization. Kung nakaroskas sa base material na may alanganing grade o katibay, ang thread engagement ay irerekumenda ng OEM o ng activity engineering organization.

14.8.5 Criteria sa Paggamit ng Non-shouldered Eye Bolt. Ang mga non-shouldered eye bolts (minsan tinatawag na plain pattern o regular nut eye bolts) ay yari sa pinanday na steel at gagamitin alinsunod sa OEM recommendations. Ang mga paghila na may mga angulo na mas malaki sa five degrees sa plane ng eye ay hindi pinapayagan. Ang mga paghila sa anumang angulo sa labas ng plane ng eye ay hindi pinapayagan. Ang mga nut type eye bolts ay hindi ikakabit kung ang plate thickness ay hindi magpapahintulot ng full nut contact sa kahi’t man lang sa isang nakalabas na external thread. Ang mga steel nuts ay katumbas sa SAE J995 grade 5 hex nuts bilang minimum. Ang minimum thread engagement para sa mga eye bolts na ginamit sa threaded holes ay 1 1/2 times ng eye bolt diameter para sa mga threaded holes sa steel at 2 times ng eye bolt diameter para sa mga threaded holes sa aluminum, o bilang inirekumenda ng OEM o ng activity engineering organization. Kung nakaroskas sa base material na may alanganing grade o katibay, ang thread engagement ay irerekumenda ng OEM o ng activity engineering organization.

14.8.6 Criteria sa Paggamit ng Turnbuckle. Ang mga turnbuckles ay dapat gamitin lamang sa mga diretsong (nakalinya) mga pulls. Kung may panganib sa rotation, ang turnbuckle ay ise-secure ng mga jam nuts. Ang mga jam nuts ay hihigpitan alinsunod sa OEM instructions.

14.8.7 Criteria sa Paggamit ng Hook. Ilo-load lamang ang mga hooks sa bowl ng hook. Kung ang mga slings ay suportado ng hook, ang included angle ng mga slings ay hindi sosobra sa 90 degrees maliban kung inaprubahan ng activity engineering organization. Ang mga hooks ay hindi ilo-load sa point o dulo. Hindi pinapayagan ang side loading sa mga hooks.

Mayroong mga self-closing latches ang mga hook o ang throat opening ay "moused" (secured ng wire, rope, heavy tape, etc.) o kaya'y secured para maiwasan ang nakakabit na bagay na kumawala mula sa hook kung may mga paglulundo. Ang mga sumusunod na exceptions ay tumutukoy at dapat aprubahan ng activity engineering organization: ang mga items kung saan ang hook throat ay ganap na naharangan at hindi pwede sa manual securing, at lifts at kung saan ang pagse-secure ng hook throat ay magdudulot ng panganib sa personnel tulad ng forge shop o dip tank work.

14.8.8 Criteria sa Paggamit ng Swivel Hoist Ring. Ang mga swivel hoist rings ay maaaring gamitin sa anumang anggulo hanggang 90 degrees na walang pagbabawas sa rated load kung ginagamit alinsunod sa OEM recommendations. Gagamitin sila sa mga threaded holes kung saan pwede silang ikabit na ang shoulder flush sa face ng mounting surface. Ang minimum thread engagement ay 1 1/2 times ng diameter sa bolt para sa steel (o mga threads na ganap na naka-engage para sa mga swivel hoist rings na may thread projections mas mababa sa 1 1/2 times ng diameter sa bolt). Kung saan ang mga retaining nuts ay aprubado na gamitin, gamitin lang ang mga nuts na tinukoy ng OEM. Kung ang nut ay ginamit, ito ay dapat may full thread engagement. Importante na sundin ang OEM recommended installation torque sa paglalapat sa attaching bolt. Kung iniroskas sa base material na may alanganing grade o katibay, o hindi magpapahintulot ng minimum thread engagement, ang installation torque at rated load ay babawasan bilang inirekumenda ng OEM o ng activity engineering organization.

TALAHANAYAN 14-5
Eye Bolt Loading para sa Mga Shoulder Eye Bolts

Direksyon ng Loading **(nasa** plane **ng** eye)	Maximum **na Pinapayagang Porsiyento ng** Rated Load
Sa kahabaan ng *axis* ng *shank* hanggang *5* degrees	100
6 to15 degrees	55
16 to 90 degrees	25

14.8.9 Paggamit na Criteria Para sa mga Blocks. Kung magkasama na gagamitin ang mga blocks para makapagbigay ng mechanical advantage (e.g., block and tackle) ang assembly ay ganap na babalangkasin at susuriin bilang isang unit, o kung hindi naman, sisiguraduhin ng activity engineering organization na ang bawa't component part ay sinuri at certified sa kahi't man lang sa kanyang isinadyang WLL. Ang mga blocks ay pipiliin ayon sa direct tension na kanilang makikita, sa halip na timbang ng load. Sa kadalasang mga kaso, ang pinagsamang tension na nasa block ay sosobra sa timbang ng load. Pagiingat dapat sa pagpili ng blocks para matiyak na ang mga sheaves ay rated para sa kalaki ng lubid na ginagamit. Kung tatantyahin ang total line pull, isaalang-alang ang friction na nasa mga bushings o bearings na ginamit sa block. Kung hindi alam ang uri ng bushing o bearing, 10 percent ang idadagdag sa calculated line pull sa bawa't sheave ng block para mabigyan ng konsiderasyon ang friction. Ang mga attachment points para sa mga blocks ay aaprubahan ng activity engineering

organization. Ang mga blocks ay gagamitin lamang alinsunod sa OEM recommendations.

14.9 Below the Hook Lifting Devices. Ang mga below the hook lifting devices at container spreaders ay gagawin, papatakbuhin, papanatiliin, at susuriin alinsunod sa ASME B30.20, ASME BTH-1, at OEM recommendations. Ang mga custom designed pallets, platforms, hoppers, containers, skids, at kahambing na weight-handling structures ay ituturing na mga below the hook lifting devices. Ang mga commercially available pallets, platforms, hoppers, containers, skids, at kahambing na weight-handling structures ay ituturing na parte ng load.

14.9.1 Below the Hook Lifting Devices na Nangangailangan ng Assembly at Installation. Para sa mga below the hook lifting devices na nangangailangan ng assembly at installation (e.g. plate clamps, non-standard rigging slings, special bolt-on lifting fixtures, etc.), OEM assembly at installation, susundin ang mga inspection procedures. Kung saan ang assembly at/o installation procedures ay hindi maliwanag o unavailable, ipaalam sa activity engineering organization para masuri at magabayan.

14.9.2 Portable Padeyes/Lugs. Ang mga bolt-on portable padeyes/lugs ay ituturing na below the hook lifting devices. Ang mga attachment fasteners ay hindi nangangailangan ng load testing kung ang minimum size, grade, at bilang ng mga fasteners ay tinukoy ng activity engineering organization o ng padeye/lug OEM.

14.10 Portable Manual at Powered Hoists, Lever Operated Hoists, Portable Floor Cranes, Portable Gantry/A-frames, at Cranes Mahalaga sa mga Malalaking Machine Systems. Ang mga portable manual at powered hoists ay papatakbuhin, papanatiliin, at susuriin alinsunod sa ASME B30.16 at OEM recommendations. Ang mga portable floor cranes ay papatakbuhin, papanatiliin, at susuriin alinsunod sa ASME PALD (Portable Automotive Lifting Devices) at OEM recommendations. Ang mga lever operated hoists ay papatakbuhin, papanatiliin, at susuriin alinsunod sa ASME B30.21 at OEM recommendations. Ang mga ibang equipment ay papatakbuhin, papanatiliin, at susuriin alinsunod sa ASME B30 (e.g. trolleys na pinanatili at sinuri alinsunod sa ASME B30.11) criteria at/o OEM recommendations. Ang activity at karanasan ng Navy sa paggamit ng equipment ang magiging basehan para sa pagbabago ng OEM recommended inspection and maintenance programs at aaprubahan ng activity engineering organization. Alinman sa mga portable gantry/A-frames na kinalas at inassemble muli ay bibigyan ng kasunod na load test, o kaya'y kakalasin at ma-assemble muli na gagamit ng isang paraan na binuo ng activity engineering organization at inaprubahan ng certifying official. Ang paraang ito ay binuo alinsunod sa OEM recommendations, at magbibigay ng sapat na sign-offs at inspections para matiyak na makumpleto ang mga critical evolutions. Ang mga takip at ibang items na karaniwang sinu-supply para masuri ang mga components ay bubuksan o tatanggalin. Ang mga cranes at hoists ay hindi kailangan na makalas para ma-inspection maliban kung ang mga problema na tinukoy ng mga inspeksyong ito ay mangangailangan ng disassembly para sa karagdagang pagsisiyasat. Gayun pa man, bilang minimum, ang mga portable manual hoists ay kakalasin tuwing anim na annual inspections.

14.11 Portable Load Indicating Devices (Dynamometers, Load Cells, Crane Scales, etc.). Susundin ng mga portable load indicating devices ang criteria sa pagpili, paggamit, at pagpapanatilli ng ASME B30.26, na may mga dagdag at pagiiba na binanggit sa ibaba. Ang lahat ng steel load bearing elements ay may hardness levels na hindi sosobra sa 40 HRC (hindi para sa mga connecting shackle pins). Ang hardness level ng steel load bearing elements ay idodokumento ng actual hardness tests o documentation mula sa portable load indicating device manufacturer. Ang design factor para sa mga load indicating devices na may steel load bearing members ay 5:1. Ang design factor para sa mga load indicating devices na may aluminum load bearing members ay 7:1. Ang ibang devices ay may mga mas mababang design factors. Ang ganoong mga devices ay gagamitin lamang sa range na magtitiyak sa tamang design factor. Ang mga devices ay mamarkahan o lalagyan ng tag para maipakita ang nabawasang maximum rated load. Ang mga devices na ito ay dinisenyo para maiwasan ang hindi sinasadyang pagkalas (e.g., sanhi ng rotation ng assemblies sa ilalim ng device, samantala ang mga assemblies na nasa ibabaw ng device ay hindi umiikot). Ang mga ng devices na ito ay alinsunod sa OEM recommendations.

14.12 Lashing. Ang lashing ay tumutukoy sa anumang wire rope, synthetic rope, o synthetic webbing (walang permanenteng end fittings) na ginagamit sa pagbalot at paggapos paikot at/o sa isang bagay para magbigay ng point or points kung saan iaangkla ang bagay na bubuhatin. Dagdag pa, ang lashing ay maaaring ikabit sa approved structures para magsilbing point kung saan magre-rig. Ang lashing ay hindi gagamitin bilang kahalili sa mga standard rigging components (slings, shackles, etc.) kung saan ang paggamit sa rigging ay praktikal. Ang paggamit ng lashing ay, bilang minimum, tatalima sa mga sumusunod:

a. Ang lashing ay susuriin sa kanyang kawastuan tuwing isang taon at bago sa bawa't gamit nito. Kinakailangan ang mga records para sa mga annual inspections lamang. Ang inspection/rejection criteria na binanggit sa itaas para sa slings ay gagamitin din sa lashing. Ang lashing ay susuriin pagkatapos ng bawa't gamit at tanggalin ang mga sirang bahagi bago gamitin muli.

b. Ang lashing ay mahigpit na igagapos para maiwasan ang pagdulas ng bagay na bubuhatin, at ikakabit kung saan hindi ito makakasira o iipit sa bagay (i.e., ang bagay na bubuhatin ay tama sa istruktura para masuportahan ang sariling bigat kung itinataas na ng lashing).

c. Ang ginamit na criteria na binanggit sa itaas para sa mga slings ay gagamitin sa lashing. Para sa mga nakabalot na matatalim na kanto, ang lashing ay isasagawa na may sapat na proteksyon ng chafing o cutting.

d. Ang lashing configuration dapat ay may kahi't man lang dalawang parte ng lashing na susuporta sa load.

e. Imamarka sa lashing ang kanyang rated load at petsang itinakda para sa re-inspection.

f. Ang mga forged steel wire rope clips ay gagamitin para ma-secure ang mga dulo ng wire rope lashing. Kung gagamitin ang wire rope clips, ang rated load ng lashing ay babawasan ng 20 percent o sa reduction dahil sa D/d efficiency, alinman sa mga ito ang may mas mataas na reduction. Kumonsulta sa clip manufacturer o sa activity engineering organization bago gamitin ang wire rope clips sa mga plastic coated o plastic impregnated wire rope.

g. Ang mga wasto sa pagkatali na mga standard knots o hitches (square knots backed up ng half hitches, bowlines, clove hitches, etc.) ay maaaring gamitin para mai-secure ang synthetic rope at webbing lashing. Kung pagbubuhol ang ginamit, ang rated load ng lashing ay babawasan ng 50 percent o sa reduction dahil sa D/d efficiency, alinman sa mga ito ang may mas malaking reduction.

